

- 1-Kabanata : Sistema sa pangangasiwa ng pagtira / Basic Resident Registration System / My Number system
- 2-Kabanata : Sa panahon ng Emerhensiya at Kalamidad, Pag-iwas sa krimen at Kaligtasan ng trapiko
- 3-Kabanata : Paninirahan
- 4-Kabanata : Pagpapagamot at Health Insurance
- 5-Kabanata: Pagbubuntis / Panganganak / Pagpapalaki ng bata / Pamilya
- 6-Kabanata: Pensiyon
- 7-Kabanata: Edukasyon
- 8-Kabanata: Buwis
- 9-Kabanata: Trabaho/Kondisyon sa pagtrabaho
- 10-Kabanata: Pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan
- 11-Kabanata: Impormasyon ukol sa pamumuhay
- 12-Kabanata: Mga tanggapan para sa konsultasyon
- 13-Kabanata: Listahan ng mga tanggapan ng pamahalaan sa munisipalidad (distrito, bayan, siyudad)
- 14-Kabanata: Pagpapakilala sa Prepektura ng Saitama

Ang “Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan (Saitama Prefecture) “ay mababasa sa 11 na wika :
Simpleng Nihongo / English / Chinese / Korean / Portuguese / Spanish / Tagalog / Vietnamese /Thai (bahagya)/ Nepali (bahagya)/ Indonesian(bahagya)
<http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/sogo-sodan.html>
Website ng International Division,



Kobaton at Saitamacchi, mga mascot ng Saitama Prefecture

**Kung kailangan ng tulong at pagpapayo :
Saitama Information and Support Center**

Tel: 048-833-3296

Lunes ~ Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
9:00 hanggang 16:00. Maaring magkonsulta sa wikang Russian 10:00~16:00

URL <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/sogo-sodan.html>

- Maaring magkonsulta at humingi ng pagpapayo sa 12 banyagang wika at Simpleng Nihongo
English • 中文 • 한글 • Português • Español • Tagalog • Tiếng việt • ไทย
• Bahasa Indonesia • नेपाली • Русский • український (kailangang magpa-reserba)
- Konsultasyon ukol sa pamumuhay (Libre)
- Konsultasyon ukol sa batas, ● sistema ng imigrasyon, mga problema sa trabaho, tungkol sa welfare (libre)
- ※ Kailangang magpareserba muna kung nais ng personal na konsultasyon
- Maari ding magkonsulta sa telepono na may tagasalin sa mga pampublikong institusyon (Libre)
Kung hindi ninyo maintindihan ang Nihongo sa pagkonsulta kagaya sa city hall,maari kayong magpatawag sa kawani.

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture
Inilathala sa taong 2023
International Division Department of Public Services
Saitama Prefectural Government
3-15-1 Takasago, Urawa-ku
Saitama-shi, Saitama-ken 330-9301
Tel : 048-830-2717
<http://www.pref.saitama.lg.jp/soshiki/a0306/index.html>

Kobaton at Saitamacchi, mga mascot ng
Saitama Prefecture



1-Kabanata:

Sistema sa pangangasiwa ng pagtira / Basic Resident Registration System / My Number System

- 1 Sistema sa pangangasiwa ng pagtira
- 2 Basic Resident Registration System
- 3 My Number System
- 4 Iba pang mga sistema

2-Kabanata:

Sa panahon ng emerhensiya at kalamidad, Pag-iwas sa krimen, Kaligtasan ng trapiko

- 1 Pook na kung saan maaaring magbigay-alam
- 2 Mga patakaran ng trapiko sa Japan
- 3 Aksidente sa trapiko
- 4 Mga hakbang sa pagpigil sa krimen
- 5 Pagbigay suporta sa mga biktima ng krimen
- 6 Natural na kalamidad

3-Kabanata:

Paninirahan

- 1 Pribadong tirahan na pinapaupahan
- 2 Pamublikong tirahan na pinapaupahan
- 3 Paglipat
- 4 Pagbili ng bahay / lupa

4-Kabanata:

Pagpapagamot at Health Insurance

- 1 Sistema ng health insurance
- 2 National Health Insurance (seguro para sa rehiyon)
- 3 Health Insurance (seguro para sa mga empleyado)
- 4 Health Checkups (*Tokutei Kenko Shinsa*)
- 5 Sistema ng healthcare para sa matatanda na may edad mula 75 taong gulang pataas
- 6 Nursing Care Insurance
- 7 Impormasyon tungkol sa mga pagamutan / ospital
- 8 Pagpapa-eksamen sa ospital

9 Pagpapa-ospital

10 Sistema ng pangangalaga ng isang taong nasa hustong gulang

5-Kabanata:

Pagbubuntis / Panganganak / Pagpapalaki ng bata / Pamilya

- 1 Public Health Center
- 2 Pagbubuntis, panganganak, edukasyon, pagpapalaki ng bata, pangangasiwa sa kalusugan ng bata
- 3 Pagbakuna
- 4 Mga nursery facilities
- 5 Mga pasilidad sa pag-aalaga ng sanggol / Child-care facilities / Support facilities para sa kabuhayan ng ina at sanggol / Midwifery facilities
- 6 Suporta sa gastos sa pagpapagamot ng mga bata
- 7 Suporta para sa mga bata
- 8 Suporta para sa mga bata at pamilya
- 9 Children's Consulation Center
- 10 Child-care support sa lokalidad
- 11 Family Support Center
- 12 Children's Hall / Children's Center

6-Kabanata:

Pensiyon

- 1 Pambansang pensiyon
- 2 Pension insurance ng mga empleyado

7-Kabanata:

Edukasyon

- 1 Kindergarten
- 2 Elementary / Junior High School
- 3 High School
- 4 Special Support School
- 5 Kolehiyo / Vocational School
- 6 Scholarship
- 7 Pag-aaral ng wikang Hapon
- 8 Pagsusuri sa kaalaman sa wikang Hapon

8-Kabanata:

Buwis

- 1 Buwis sa kita
- 2 Buwis sa pagtira
- 3 Iba pang pangunahing buwis

9-Kabanata:

Trabaho / Kondisyon sa pagtrabaho

- 1 Kwalipikasyon sa pagtrabaho
- 2 Pagtrabaho
- 3 Pag-aalala sanhi ng problema sa pinagtrabahuhan

10-Kabanata:

Pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan

- 1 Pagpapalit sa lisensiyang gawa sa ibang bansa
- 2 Pagbabago sa lisensiya sa pagmamaneho
- 3 Pagsusuri para sa pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho
- 4 Pamamaraan kapag lampas na sa validity date ang lisensiya sa pagmamaneho
- 5 Mga pamamaraan na dapat gawin sa oras ng pagpalit ng tirahan at iba pa
- 6 Pagbili at pagrehistro ng sasakyan
- 7 Seguro para sa sasakyan

11-Kabanata

Impormasyon ukol sa pamumuhay

- 1 Pagtapon ng mga basura
- 2 Community Association / Residents' Association / Children's Club
- 3 Mga nakagawiang pamumuhay sa Japan
- 4 Transportasyon
- 5 Bangko
- 6 Mga gawain kaugnay sa pakikipag-ugnayan / pakikipagtulungan sa iba't-ibang lahi o bansa
- 7 Turismo
- 8 Library
- 9 Museum (art)
- 10 Museum (maliban sa art)

12-Kabanata

Mga tanggapan para sa konsultasyon

- 1 Pangkalahatang konsultasyon
- 2 Konsultasyon sa propesyonal / eksperto

13-Kabanata

Listahan ng mga tanggapan ng mga munisipyo at wards

14-Kabanata

Pagpapakilala sa Prepektura ng Saitama

- 1 Lokasyon ng mga munisipalidad (mapa)
- 2 Simbolo
- 3 Sister (goodwill) states at bayan

*Panahon ng paglikha: Abril 1, 2023

Depende sa sitwasyon pagkatapos ng panahong ito, maaaring magkaroon ng mga pagbabago sa pangalan ng pasilidad, sistema, singil at iba pa.


*Sa oras ng pagsangguni, hangga't walang nakatukoy na kondisyon, ang wikang Hapon ang gagamitin sa pagsagot sa mga katanungan.

Kabanata-1

Sistema sa pangangasiwa ng pagtira

Basic Resident Registration System

My Number System



Kobaton, ang mascot ng Saitama

- 1 Sistema sa pangangasiwa ng pagtira**
- 2 Basic Resident Registration System**
- 3 My Number System**
- 4 Iba pang mga sistema**

Sa pagpasok ng isang dayuhan sa Japan, kinakailangang hawak nito ang pasaporteng ipinagkaloob ng pamahalaan ng sariling bansa pati ang visa (may kaso na kung saan may exemption) na galing sa embahada ng Japan sa bansang nabanggit.

Ang “Period of Stay” na nagpapahayag sa tagal ng panahon na maaring lumagi sa Japan, ay itinatakda sa oras ng paglapag sa bansa. Isinasagawa ng tanggapan ng Regional Immigration Resident Mgt. Office na nangangasiwa sa mga lugar na tinitirahan, ang pamamaraan kaugnay sa paglagi ng mga dayuhan sa Japan. Para sa mga naninirahan sa Saitama Prefecture, maaring isagawa ang mga pamamaraan sa Tokyo Regional Immigration Bureau o di kaya’y sa Saitama Branch Office ng Tokyo Regional Immigration Bureau.

Para sa mga pamamaraan sa paglagi sa bansa (website ng Immigration Services Agency of Japan)

<http://www.immi-moj.go.jp/tetuduki/index.html> (Nihongo)

<http://www.immi-moj.go.jp/english/index.html> (English)

<http://www.immi-moj.go.jp/chinese/index.html> (Chinese / Simplified Chinese)

<http://www.immi-moj.go.jp/korean/index.html> (Korean / North Korean)

<http://www.immi-moj.go.jp/spanish/index.html> (Spanish)

<http://www.immi-moj.go.jp/portuguese/index.html> (Portuguese)

https://www.moj.go.jp/isa/other_languages.html (para sa iba pang wika)

※ Ang mga URL ng bawat homepage ay maaaring magbago.

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture



Consultation counters kung saan maaring kumunsulta / contact information

Pangalan ng institusyon	Telepono	Address at paraan ng pagpunta	Oras ng pagbukas	Wikang ginagamit
Foreign Residents General Information Center	0570-013 904 (IP, PHS, mula sa ibang bansa: 03-5796-7112)	5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo Mula sa JR Shinagawa Station Konan Exit, sumakay sa bus papuntang Tokyo Immigration Bureau o Shinagawa Futo Junkan route ng city bus at bumaba sa bus stop sa harapan ng Tokyo Immigration Bureau.	8:30 - 17:15 Lunes - Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon)	Nihongo, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Indonesian
Tokyo Immigration Bureau	0570—0342 59 (IP o PHS, pag overseas : 03-5796-7234)	5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo Mula sa JR Shinagawa Station Konan Exit, sumakay sa bus papuntang Tokyo Immigration Bureau o Shinagawa Futo Junkan route ng city bus at bumaba sa bus stop sa harapan ng Tokyo Immigration Bureau.	9:00 - 16:00 Lunes - Biyernes (maliban sa pista opisyal, katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon)	Nihongo
Tokyo Immigration Bureau Saitama Branch Office	048-851-96 71	1-F Saitama Second Legal Affairs Joint Government Building, 5-12-1 Shimo-ochiai, Chuo-ku, Saitama City, Saitama Prefecture 10 minutos na lakad mula sa Yono-Honmachi Station ng JR Saikyo Line	9:00 - 16:00 Lunes - Biyernes (maliban sa pista opisyal, katapusan ng taon umpisa ng bagong taon)	Nihongo
Saitama Information and Support Center Kapag nasa tanggapan ng isang pampublikong institusyon (tulad ng munisipyo at iba pa) at nahirapan sa pag-intindi ng wikang Hapon, hilingin sa staff na tawagan ang Saitama Information and Support Center para makausap ang isang tagasalin sa inyong wika.	048-833-32 96	3-F Saitama Prefecture Urawa Government Building 5-6-5 Kita Urawa, Urawa-ku, Saitama City, Saitama Prefecture 10 minutong lakad mula sa Kita Urawa Station West Exit ng Keihin Tohoku Line	9:00 - 16:00 Lunes - Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon) *Kailangang magpareserba para sa konsultasyon ukol sa sistema ng imigrasyon, batas, problema sa trabaho, sa welfare at iba pa * sa wikang Russian 10:00~16:00	Nihongo, English, Chinese, Spanish, Portuguese, Korean, North Korean, Tagalog, Thai, Vietnamese, Indonesian, Nepali, Russian, Ukrainian (Kailangang magpareserba)
Information and Support Center for Foreigners	03-3202-55 35 (TEL) at 03-5155-4039 (/FAX)	11-F Tokyo Health Plaza Hygeia (sa loob ng Shinjuku Multi-Cultural Plaza) 2-44-1 Kabukicho, Shinjuku-ku, Tokyo	9:00 - 16:00 Lunes - Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at bagong taon, at tuwing ikalawa at ikaapat na Miyerkules ng buwan)	Nihongo, English, Chinese- (araw-araw) Portuguese- (Lunes, Martes, Miyerkules) Spanish- (Lunes, Martes, Miyerkules) Indonesian- (Martes) Vietnamese- (Lunes, Huwebes) Tagalog- (Biyernes)

1 Sistema sa pangangasiwa ng pagtira

(1) Status of Residence (visa) / Tagal ng paglagi sa bansa

Ang status of residence at period of stay na ipinagkaloob sa pagpasok sa Japan ay makikita sa pasaporte. Ang katayuan ng paninirahan na itinakda ay nakalakup na talahanayan ng immigration control at refugee recognition.

Maliban sa “Permanent Resident”, “Spouse or Child of Japanese National” o “Spouse of Permanent Resident” at “Long-Term Resident”, ipinagbabawal ang paggawa ng mga gawain o trabaho na hindi sakop ng visa na ipinagkaloob.

Kung nais gumawa ng mga gawain o trabaho na hindi sakop ng itinakdang visa, kailangang humingi muna ng pahintulot at isagawa ang nararapat na mga pamamaraan. Ang paglabag sa patakarang ito ay maaring humantong sa penalty o di kaya’y maaring pauwiin ng sapilitan patungo sa bansang pinanggalingan.

Bukod pa rito, bilang patakaran ay kailangang lumagi lamang sa bansa sa panahong itinakda sa ipinagkaloob na visa. Hindi maaring lumagi sa bansa pagkalipas ng panahong ito. Kung sakaling lalampas ang paglagi, kailangang humingi muna ng pahintulot upang isagawa ang pagbabago o “renewal” sa visa.

(2) Residence Card

Ang Residence Card ay ipinagkakaloob sa Medium / Long-Term residents at naglalaman ng mga bagay kaugnay sa pagbigay ng visa tulad ng permiso sa paglapag, permiso sa pagbabago ng visa, permiso sa pagbabago ng tagal o panahon ng paglagi sa bansa at iba pa.

Ang “Medium / Long-Term Resident” ay isang dayuhang residente na binigyan ng pahintulot na lumagi sa “Medium” o “Long-Term” period sa bansa, sang-ayon sa Immigration Control Act at hindi nasasakop sa alinman sa ① hanggang ⑥ sa ibaba.

- ① Nabigyan ng permisong lumagi sa bansa ng tatlong buwan
- ② Nabigyan ng “Short-stay” visa
- ③ Nabigyan ng “Diplomatic” o “Official” visa
- ④ Nabigyan ng pahintulot para isagawa ang “Specific Activities” ng mga kawani ng Japan-Taiwan Association of Japan (kagaya ng Economic and Cultural Representative Office sa Taipei), mga kawani ng Palestinian General Delegation sa Japan at mga pamilya nila
- ⑤ Special Permanent Resident *
- ⑥ Walang visa (walang balidong Resident Status)

* Ipinagkakaloob sa Special Permanent Resident ang “Special Permanent Resident Certificate”

● Pamamaraan sa pagdating at pag-alis sa Japan

Sa paglapag sa alinman sa mga airports ng Japan, sa New Chitose, Narita, Haneda, Chubu, Kansai, Hiroshima o Fukuoka, kasabay ng paglagay ng stampa sa pasaporte matapos bigyan ng “Landing Permit”, ipagkakaloob sa mga may “Medium / Long-Term Resident” ang Residence Card.

Kapag lumapag sa ibang airport bukod sa nabanggit, maaring pumunta ang Medium / Long-Term Resident sa tanggapan o counter ng munisipyong kinabibilangan upang isagawa ang nararapat na pamamaraan at pagkatapos ay ipapadala ang Residence Card sa pamamagitan ng koreo.

● Pamamaraan sa munisipyo

Kailangang isagawa ng mga dayuhang bagong dating sa Japan o mga lumipat ng tirahan sa ibang munisipalidad, ang sumusunod na pamamaraan o pag-abiso sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan. Maari itong gawin kasabay ng pagbigay ng “Moving-in / Moving-out

Notification” sa ilalim ng Basic Resident Registration System.

Mga dayuhang bagong dating sa Japan

Matapos maitatag ang tirahan, ang mga nabigyan ng Residence Card sa “Port of Entry/Departure”, ay kailangang pumunta sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan ng tirahan sa loob ng 14 araw upang ipakita ang natanggap na Residence Card at gawin ang nararapat na pamamaraan.

Mga lumipat ng tirahan

Sa paglipat ng tirahan ng Medium / Long-Term Resident sa ibang munisipalidad, kailangang pumunta sa tanggapan ng munisipyong nilipatan sa loob ng 14 araw mula sa araw ng paglipat sa pook na nabanggit upang ipakita ang Residence Card at gawin ang nararapat na pamamaraan.

● Mga pamamaraan sa Regional Immigration Office

Pagsagawa ng (pagbabago) abiso maliban sa lugar na tinitirahan

Sa pagsagawa ng sumusunod na aplikasyon o pag-abiso, kailangang ipakita ang sariling larawan, pasaporte at Residence Card. Bilang patakaran, ipagkakaloob ang panibagong Residence Card sa araw ng pagsagawa ng aplikasyon / pag-abiso.

① Pagbigay-alam sa pagbabago sa pangalan, petsa na kapanganakan, kasarian, nasyonalidad, pook o rehiyon

Kailangang ipaalam sa loob ng 14 araw kapag may ginawang pagbabago sa sariling apelyido, nasyonalidad, rehiyon at iba pa pagkatapos makasal o di kaya’y anumang pagbabago sa pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad o rehiyon.

② Aplikasyon para sa pagbabago sa expiration period ng Residence Card

Sa kaso ng “Permanent Resident”, kabataang wala pang 16 taong-gulang kung saan ang expiration period sa Residence Card ay itinakda sa ika-16 taong-gulang, kailangang isagawa ang aplikasyon para sa extension o pagbabago ng Residence Card bago sumapit ang expiration date.

③ Aplikasyon para sa pagtanggap ng panibagong Residence Card

Kailangang isagawa ang aplikasyon sa pagpagawa ng panibagong Residence Card kapag ito ay nawala, ninakaw, nasira o di kaya’y may matinding pinsala sa anyo o pagkadumi.

Pagbigay ng abiso ukol sa asawa at organisasyong kinabibilangan

Kailangang ipakita ang Residence Card sa oras na isagawa ang sumusunod na notice o pag-abiso. Maari itong ipadala sa tanggapan ng Tokyo Immigration Bureau sa pamamagitan ng koreo o di kaya’y sa paggamit ng Immigration Bureau Electronic Notification System sa Internet. Subalit kahit isagawa ang abisong ito, hindi ipapadala ang panibagong Residence Card.

① Pagbigay ng abiso ukol sa organisasyong kinabibilangan

Kapag may pagbabago sa lagay ng organisasyong kinabibilangan (kompanya, paaralan at iba pa) tulad ng pagbabago sa pangalan nito, lokasyon, pagsara, pagbaklas (pagtigil ng kontrata), paglipat (panibagong kontrata), sa kaso ng mga dayuhang kabilang sa Medium / Long-Term Resident na ang visa ay may kaugnayan sa technology / humanities / international business at iba pang employment eligibility, (maliban sa nasasakop sa sining, relihiyon, media), “overseas student” at iba pang eligibility na kaugnay sa pag-aaral, kailangang ipaalam ang mga pagbabagong ito sa loob ng 14 araw.

② Pagbigay ng abiso ukol sa asawa

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Kapag ang Medium / Long-Term Resident at ang asawa nito, na nabigyan ng “Family Visa”, “Spouse or Child of Japanese National”, “Spouse or Child of Permanent Resident” at iba pa, ay nagdiborsiyo o nagkahiwalay sanhi ng pagkamatay, kailangang ipaalam ang bagay na ito sa loob ng 14 araw.

Pagsusuri sa eligibility

Sa sumusunod na kaso, kailangang humingi ng pahintulot at isagawa ang nararapat na aplikasyon. May katagalan ang proseso sa pagtanggap ng permiso. Kapag ang ①③④⑦ sa ibaba ay naaprubahan o nabigyan ng pahintulot, ipagkakaloob sa Medium / Long-Term Resident ang bagong Residence Card, subalit walang authentication stamp na itatatak sa pasaporte (maliban sa Medium / Long-Term Resident, may authentication stamp na itatatak sa pasaporte).

- ① Pagbabago sa eligibility
Kung nais baguhin ang visa sanhi ng pagbabago sa layunin ng paglagi sa bansa. (Halimbawa: Sa pagtapos ng pag-aaral ng overseas student ay nais nitong pumasok sa isang kompanya sa Japan para magtrabaho, at iba pa)
- ② Pagbigay ng permiso sa paggawa ng mga gawaing hindi sakop ng sariling visa
Kailangang humingi muna ng pahintulot, kung nais gamitin ang kasalukuyang visa sa pagsagawa ng mga gawaing hindi sakop nito, tulad ng pagtrabaho para tumanggap ng sahod, pangangasiwa ng isang kalakal para kumita at iba pa.
- ③ Pagkuha ng eligibility o visa
Ito ay kailangan sa kaso ng isang dayuhang isinilang sa Japan o di kaya’y dating Hapon na naging isang dayuhan sa Japan, na lalagi sa bansa ng higit sa 60 araw (kailangang mag-apply sa loob ng 30 araw mula sa araw ng kapanganakan o araw na kung kailan naging isang dayuhan).
- ④ Pagbabago sa tagal ng paglagi
Isinasagawa ito kung nais gawin ang pagbabago o “extension” sa kasalukuyang hawak na visa (ang aplikasyon ay maaring isagawa ng tatlong buwan bago ang expiration date ng visa) upang maipagpatuloy ang dating mga gawain sa ilalim nito.
- ⑤ Work Permit
Ito ay isang pagpapatunay sa pahintulot na ipinagkaloob sa isang dayuhan para magtrabaho sa Japan (ang dokumentong ito ay magsisilbing katibayan sa permisong tinanggap para magtrabaho, na ipinapakita sa employer o kompanyang nais pasukan.)
- ⑥ Re-entry Permit
Sa kaso na kung saan lalabas ng pansamantala sa Japan sa loob ng itinakdang tagal ng paglagi sa bansa, maaring isagawa ang aplikasyon para tanggapin ang “Re-entry Permit” bago umalis ng Japan. Sa pagkuha ng Re-entry Permit, hindi na kailangan na dumaan pa sa karaniwang pagsusuri sa Immigration at maaring ipagpatuloy ang kasalukuyang hawak na visa pati ang mga gawain sa ilalim nito sa oras na bumalik sa Japan. Ang Re-entry Permit ay may balido hanggang limang taon.
Kapag may hawak na balidong pasaporte at Residence Card (o Special Permanent Resident Certificate) at bumalik sa loob ng isang taon pagkatapos lumabas sa Japan (kailangang bumalik bago mag-expire ang visa, sa kaso na kung saan wala pang isang taon ang natitira sa hawak na visa pagkatapos umalis ng bansa. Sa kaso ng Special Permanent Resident, sa loob ng dalawang taon pagkatapos umalis sa Japan) ituturing na may permiso ang dayuhan na bumalik sa bansa.

- ⑦ Permanent Residence Permit
Para sa mga dayuhang nais lumagi ng permanente sa Japan.

2 Basic Resident Registration System

Inumpisahan na ang Basic Resident Registration System para sa mga dayuhan mula noong Hulyo 9, 2012. Sa Basic Resident Registration System, ang pangalan, petsa ng kapanganakan, kasarian, tirahan at iba pa ay nakasulat sa Residence Certificate sang-ayon sa sambahayan, na nagiging basehan sa pagbigay ng iba't-ibang serbisyo ng pamahalaan.

Ang mga pamamaraan kaugnay sa Basic Resident Registration System ay isinasagawa sa tanggapan o counter ng munisipyo. Para sa mga detalye, sumangguni sa munispyong kinabibilangan ng sariling tirahan.

(1) Residence Certificate

Sinumang may tirahan sa loob ng munisipalidad, na nasasakop sa alinman sa apat na kategoryang nasa listahan sa ibaba, ang munisipyong kinabibilangan ng tirahan ang gagawa ng Residence Certificate (maliban sa mga turista o short-term visitors at iba pa).

Tanggapin ang kopya ng Residence Certificate sa counter ng munisipyo, bilang kapalit ng Certificate of Registered Matters on the Alien Registration Card, na maaring gamitin sa pagsagawa ng bawat uri ng pamamaraan.

- ① Ang nilalaman ay katulad ng nakasulat sa mamamayang Hapon
Sariling pangalan, pangalan ng puno ng sambahayan at kaugnayan, petsa ng kapanganakan, kasarian, tirahan, mga bagay kaugnay sa miyembro ng National Health Insurance at National Pension at iba pa.
- ② Mga natatanging impormasyong nakasulat kaugnay sa dayuhang residente
Nasyonalidad / rehiyon, petsa kung kailan naging isang dayuhang residente, mga bagay na nakasulat sang-ayon sa bawat kategorya sa listahang nasa ibaba
*Ang mga bagay na nakatala sa pagrehistro tulad ng tirahan, kinaroroonan, pook ng kapanganakan, trabaho, numero ng pasaporte at iba pa, ng bansang kinabibilangan ng isang nasyonalidad na itinakda sa Alien Registration Act, ay hindi isusulat sa Residence Certificate.

Nasasakop na kategorya	Detalye ukol sa nasasakop	Nakasulat na bagay
Medium / Long-Term Resident (nasasakop sa pagbigay ng Residence Card)	Maliban sa dayuhang nabigyan ng pahintulot na lumagi hanggang tatlong buwan, Temporary Visitor, Diplomat at Official visa (opisyal ng gobyerno).	<ul style="list-style-type: none"> ● Ang visa na nakasulat sa Residence Card, tagal ng visa at expiration date nito, numero ng Residence Card ● Impormasyong nagsasaad sa pagiging Medium / Long-Term Resident
Special Permanent Resident (nasasakop sa pagbigay ng Special Permanent Residence Certificate)	Mga kinilala bilang Special Permanent Resident sang-ayon sa Immigration Control Act.	<ul style="list-style-type: none"> ● Ang nakasukat na Special Permanent Resident Number sa loob ng Special Permanent Residence Certificate ● Impormasyong nagsasaad sa pagiging Special Permanent Resident
Mga nabigyan ng Temporary Refugee Permit o Temporary Stay Permit	Mga dayuhang nakatanggap ng permisong lumapag para sa "Temporary Refuge" o pansamantalang pagsilong sang-ayon sa Immigration Control Act at mga naninirahan ng pansamantala sa	<ul style="list-style-type: none"> ● Ang nakasukat na "landing period" sa Temporary Refugee Permit o ang nakasulat na tagal ng pansamantalang paglagi sa Temporary Stay Permit

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

	Japan pagkatapos gawin ang aplikasyon para sa "Refugee Status".	● Impormasyong nagsasaad sa pagiging Temporary Refugee o Temporary Visitor
Mga nabigyan ng pahintulot na lumagi sa bansa ng pansamantala sanhi ng pagkawala ng Japanese nationality o pagsilang (ipinanganak sa mga dayuhang magulang).	Dayuhang ipinanganak sa Japan sa pagitan ng mga dayuhang magulang at mga nawalan ng Japanese nationality (maaring lumagi sa bansa ng walang Residence Status o visa hanggang 60 araw, mula sa araw ng pagsilang o pagkawala ng Japanese nationality)	Impormasyong nagsasaad sa pagtanggap ng pahintulot na lumagi sa bansa ng pansamantala sanhi ng pagkawala ng Japanese nationality o sanhi ng pagsilang

(2) Pamamaraan sa ilalim ng Basic Resident Registration System

- ① Simula sa inyong pagpasok sa bansa ng Japan, kung kayo ay maninirahan ng matagalan, dalahin ang inyong residence card sa munisipyo kung saan kayo maninirahan, sa loob ng 14 na araw matapos lumipat sa nasabing tirahan
- ② Sa paglipat ng tirahan
Bago lumipat, kailangang pumunta muna sa tanggapan ng munisyong kinabibilangan ng tirahan sa kasalukuyan at isagawa ang pamamaraan sa paglipat patungo sa ibang munisipalidad at tanggapin ang "Moving-out Certificate". Pagkatapos lumipat, kailangang isagawa ang "Moving-in Notification" at isumite ang "moving out certificate" sa munisipyo ng lugar na nilipatan sa loob ng 14 araw.
- ③ Sa paglabas ng bansa
Kapag lalabas ng bansa, bilang patakaran ay kailangan isagawa ang "Moving-out Notification" kahit na nakakuha ng Re-Entry Permit.

(3) Basic Resident Registration Card

Sinimulan mula Enero, 2016 ang pag isyu ng bagong My Number Card. At sa gayon, ay itinigil na ang pag-isyu ng Basic Resident Registration Card (Juki Card) noong Disyembre, 2015. Subalit kung kayo ay mayroong Juki Card, maari itong magamit hanggang kung kelan ito matatapos. Pero kung nais ninyong kumuha ng My Number Card, ay kailangang ibalik sa munisipyo ang Juki Card kahit na hindi pa tapos ang expiration date.

※ Detalye tungkol sa My Number Card, tingnan sa 3 My Number System.

3 My Number System

Ang "My Number System" (Social Security and Tax Number System) ay sinimulan noong Oktubre 5, 2015. Ito ay may 12 na numero na natatangi sa bawat tao. Kinakailangan ito para sa mga proseso sa munisipyo kagaya ng social insurance, pagpapataw at pagbabayad ng buwis at iba pa.

Kagaya ng mga Hapon na residente, ang mga dayuhang residente na may resident card ay nasasakop sa pamamalakad ng My Number System.

(1) Pamamaraan ng My Number System

- ① Notisya ng My Number

Kung nagparehistro ka bilang isang residente pagkatapos ng Mayo 25, 2020, at nailathala kayo sa Basic Resident Register system, papadalhan kayo ng "Notisya ng Individual na Numero" kung saan ay nakasaad ang inyong "My Number", sa pamamagitan ng koreo sa address na nakalagay sa inyong resident card.

At kung ang address ng inyong tirahan sa ngayon ay hindi magkatugma sa address na

nakalagay sa inyong resident card ay maaring hindi ninyo matanggap ang inyong " Notisya ng Indibidual na Numero ". Makipag-ugnayan lamang sa inyong munisipyo o sa iba pang sanggay ng inyong munisipyo.

Ang pag-abiso ng Notisya ng Indibidual na Numero ay upang ipaalam sa inyo ang tungkol sa inyong "My Number". Mangyaring tandaan na hindi ito maaaring magamit bilang isang dokumento na nagpapatunay ng inyong "My Number".

* Simula Mayo 25, 2020 ang "tsuchi ka-do" o Notification Card ay magiging "Notisya ng Indibidual na Numero ".

② Paano ang paggamit ng My Number

Sa pagproseso ng pagbabayad ng buwis o kaya ng social insurance, kasamang isumite ang inyong My Number. Ganun din kung mag-aapply kayo para makakuha ng benepisyo ng welfare, isabay isumite ang inyong My Number sa inyong lokal na tanggapan ng munisipyo.

Maari din ninyong isumite ang My Number sa stock company o sa insurance company para sa pagbabayad ng buwis at pagsasagawa ng mga legal na dokumento at iba pang kasulatan.

(2) Paraan ng pag-iingat sa paggamit ng My Number

Ipinagbabawal ang paggamit ng My Number ng ibang tao maliban sa inyong pansariling My Number, gayun din ang paggamit ng impormasyon sa iba pang paraan maliban sa pag proseso ng kagaya ng buwis at social insurance. Gamitin lamang ito ayon sa ligal na paraan at kung kinakailangan.

Ang paggamit ng My Number ng ibang tao ay iligal at labag sa batas.

(3) Ang My Number (Individual Number Card)

① Paggamit ng My Number Card

Mga dayuhang residente na napadalhan ng notipikasyon para sa My Number ay maaring mag-apply para makakuha ng My Number Card.

Sa My Number Card ay nakalagay ang inyong pangalan, address, araw ng kapanganakan, at kasarian, ayon sa nakatala sa Resident Record, ang inyong face photo at Individual Number. Maari itong magamit bilang public identification card.

Ang My Number Card ay mayroong IC chip na may mataas na antas ng seguridad at maari ninyo itong gamitin sa mga proseso na pang administrasyon kagaya ng pag file ng inyong final return sa pamamagitan ng internet.

Ang datus na naka-rekord sa IC chip ay ang impormasyong nakasaad sa My Number card at ng Electronic Certificate na ginamit para sa pag-proseso gamit ang internet. Mga pribadong impormasyon kagaya ng kung magkano ang inyong kita o income ay hindi nakalagay sa nasabing IC chip.

② Paano makakuha ng My Number Card

Para makakuha ng My Number Card, punan ang aplikasyon na nakalaki sa kopya ng Notisya ng Indibidual na Numero kung saan nakasaad ang inyong My Number, lagyan ng face photo at ipadala via post office.

Maari ding mag- apply online sa pamamagitan ng smart phone o PC.

Para sa detalye at mga katanungan, tumawag lamang sa alinman sa mga tel. nos. na nasa ibaba :



Magkonsulta sa mga nakasaad na mga numero ng telepono

Pagtatanong	Phone Nos.	Oras na bukas	Wika
Libreng pagtawag sa pagtatano ng tungkol sa My Number Card (Individual Number), sa sistemang My Number Card, My Number Portal System at iba pa	0120-95-0178 (libre)	Lunes – Biyernes : 9:30~20:00 Sabado, Linggo, pista opsiyal na araw : 9:30~17:30 (Maliban mula Disyembre. 29 ~ Enero 3) *Ang pansamantalang pagsususpende dahil sa pagkawala, pagkanakaw, atbp. ay tinatanggap 24 oras sa buong taon.	Nihongo
Pagtatanong sa My Number Card ng mga dayuhang residente ay maari sa banyagang wika. Gayundin tungkol sa Sistema ng My Number Card, My Number Portal system at iba pa	0120-0178-26 (free)	Lunes – Biyernes : 9:30~20:00 Sabado, Linggo, pista opsiyal na araw : 9:30~17:30 (Maliban mula Disyembre. 29 ~ Enero 3)	English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Vietnamese, Thai, Indonesian, Tagalog, Nepali
Pansamantalang pagsususpende ng aking number card, electronic certificate, personal number notification, notification card dahil sa pagkawala o pagnanakaw	0120-0178-27 (libre)	24 oras	English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese
		9:00~18:00	Thai, Nepali, Indonesian
		10:00~19:00	Vietnamese, Tagalog
Questions related the My Point system	0570-028-125 (may bayad ang pagtawag)	9:30~20:00	English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese

Para sa detalye ng My Number System, tingnan sa website:

(Japan Agency for Local Authority Information Systems) Website para pangkalahatang impormasyon ukol sa My Number Card

<https://www.kojinbango-card.go.jp/index.html>

(Nihongo, English, Chinese, Korea, Spanish, Portuguese)

※Piliin ang inyong lengguahe sa bandang kanan sa itaas ng screen.

4 Iba pang mga sistema

(1) Pagkakaroon ng Japanese nationality ng isang dayuhan

① Sa pamamagitan ng “Naturalization”

Ang “Naturalization” ay ang pagkakaloob ng Japanese nationality sa isang dayuhan. Upang mabigyan nito, kailangang maaprubahan ang aplikasyon ng Minister of Justice ng Japan.

② Pagkakaroon ng Japanese nationality.

Ang dayuhang wala pang 20 taong-gulang na kinilala (ninchi) ng Hapong nasyonal pagkatapos isilang, ang dayuhang wala pang 20 taong-gulang na may tirahan sa Japan subalit nawalan ng Japanese nationality sanhi ng hindi pagsagawa ng nararapat na pamamaraan sa pagkuha nito, ay maaring mabigyan ng Japanese nationality sa pagsumite sa Minister of Justice ng “Notification for Acquisition of Nationality”.

(2) Pagpili ng nasyonalidad

Ang may hawak ng Japanese nationality at nasyonalidad ng ibang bansa (Dual Nationality) ay kailangang pumili sa alinman sa dalawang nasyonalidad hanggang sumapit ang ika-22 taong kaarawan nito (sa kasong nagkaroon ng Dual Nationality pagkatapos maging 20 taong-gulang, kailangang pumili sa alinmang nasyonalidad sa loob ng dalawang taon). Maaring mawalan ng Japanese nationality kapag hindi ginawa ang pagpiling nabanggit.



Tanggapan o counter para sa konsultasyon / contact details

Ang aplikasyon para sa “Naturalization” o pagpapalit sa Hapong nasyonalidad sa Saitama District Legal Affairs Bureau ay dating isinasagawa sa bawat sangay na tanggapan depende sa pook na tinitirahan. Pero simula Enero 4, 2016, ang aplikasyon ay maari na lamang sa Family Registration Division ng Saitama District Legal Affairs Bureau.

Kailangan ng reserbasyon para magpakunsulta. Kaya tumawag muna sa telepono upang magpareserba.

Family Registration Division ng Saitama District Legal Affairs Bureau

Tel: 048-851-1000 (Main phone) Navi Dial No. 5

Address: Saitama No. 2 Legal General Government Buildings, 5-12-1, Shimo-ochiai,
Chuo-ku, Saitama-shi

Bukas: Lunes ~ Biyernes (maliban pag pista opisyal) 8:30 to 17:15

Website na nagpapaliwanag sa mga pamamaraang kailangang gawin kaugnay sa naturalization.
(homepage ng Legal Affairs Bureau – wika: Nihongo)

http://houmukyoku.moj.go.jp/homu/static/goannai_index_kosekikokuseki.html

(3) Sistema ng pagrehistro ng pamilya

Ang “Koseki Seido” ay isang sistema ng pagtatala ng pamilya o sambahayan sa Japan, kung saan isinasagawa ang pagrehistro sa detalye ng mga personal na impormasyon tulad ng pagsilang, pagkamatay, pagpapakasal at iba pa, na ginagamit bilang opisyal na pagpapatunay sa mga bagay o impormasyon ukol sa isang indibidwal o mamamayan. Sa mga dayuhan, may kaso din na kailangang ipaalam ang pagpapakasal sa isang Hapon, at iba pa. Ang mga bagay o impormasyong nakuha ay itinatala at itinatagi upang gamitin bilang dokumento na maaring magpatunay sa sarili.

Uri ng notisya	Saan gagawin ang pamamaraan	
Notisya ng pagsilang	Family Registration counter ng munisipyo (Ward)	Sumangguni sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan ng tirahan ukol sa uri ng dokumentong kailangang ibigay at deadline ng pagsumite nito.
Notisya ng pagkamatay		
Notisya ng pagpapakasal		
Notisya ng disborsiyo		

Sa pagbigay ng ganitong notisya o abiso, kailangan din na isagawa ang nararapat na pag-abiso sa tanggapan ng Immigration Services Agency of Japan at sa embahada (Consular Office) ng sariling bansa. Para sa detalye, sumangguni sa tanggapan ng Immigration Services Agency of Japan at sa embahada (Consular Office) ng sariling bansa.

(4) Pagrehistro ng sariling seal (hanko)

Kapalit ng pirma, karaniwang ginagamit ang seal (hanko) sa Japan. Ang seal o hanko na pinarehistro sa munisipyo o sa iba pang tanggapan ng pamahalaan ay tinatawag na “Jitsuin” o Personal Registered Seal. Bukod pa rito, ang pagpapatunay sa Jitsuin ay ginagawa sa pamamagitan ng “Inkan Toroku Shomeisho” o Seal Registration Certificate. Sa pagsagawa ng kontrata na may kinalaman sa titulo o karapatan, kailangang gamitin ang Jitsuin at Inkan Toroku Shomeisho.

① Aplikasyon para sa pagrehistro ng seal (hanko)

Ang nakarehistro sa Basic Resident Register, mula sa 15 taong-gulang (maliban kung may mental na kapansanan) ay maaring gumawa ng aplikasyon. Bagama't ang seal na itinakda sa karamihan ng mga munisipyo ay may sukat na 8 mm hanggang 25 mm na kasya sa loob ng kuwadrado, depende sa munisipalidad ay magkaiba ang sukat na ginagamit, kaya kailangang kumpirmahin muna ito. Ang pangalan ng magpaparehistro, ay kailangang pareho sa pangalang nakasulat sa Residence Certificate (maaring gamitin ang pangalan o alyas na kalimitang ginagamit kapag ito ay nakasulat sa Residence Certificate). Isang seal lamang ang maaring iparehistro bawat tao. Kailangang dalhin ang Residence Card at iba pa, pati ang seal na nais iparehistro. Hindi maaring irehistro ang seal kapag ang buo o bahagi ng pangalan o

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

alyas ay hindi nakasulat sa loob nito o di kaya'y ang materyales na ginamit sa seal ay gawa sa goma at iba pang bagay na madaling masira.


Ang seal o hanko ay nakarehistro sa munisipalidad na kinabibilangan ng sariling tirahan, kaya kapag lilipat sa ibang munisipalidad, kailangang isagawa uli ang pagpaparehistro nito.

② Seal Registration Card

Ipagkaloob ang "Seal Registration Card" sa pagsagawa ng aplikasyon para sa pagrehistro ng seal (hanko). Kailangan ang card na ito kapag gagawa ng aplikasyon para sa pagtanggap ng "Seal Registration Certificate".

Kabanata-2

Sa panahon ng emerhensiya at kalamidad, pag-iwas sa krimen, at kaligtasan ng trapiko



Kobaton, mascot ng Saitama

- 1 Mga lugar na maaring tawagan sa panahon ng emerhensiya
- 2 Mga patakaran o alituntunin ng trapiko sa Japan
- 3 Mga aksidente sa daan
- 4 Mga hakbang sa pagpigil ng krimen
- 5 Pagbigay suporta sa mga biktima ng krimen
- 6 Natural na kalamidad

1 Mga lugar na maaring tawagan sa panahon ng emerhensiya

(1) Para sa sunog, pagkapinsala, biglaang pagkakasakit at iba pa - 119

Sa pagtawag ng bombero at ambulansiya, i-dial ang 119 at ipaalam ang pagkakaroon ng sunog o emerhensiya. Kapag may sumagot sa linya, ipaalam agad ang lagay ng pangyayari, kung sunog, emerhensiya, aksidente at iba pa. Ibigay ang sariling pangalan at numero ng telepono, lokasyon ng pangyayari at pangalan ng gusaling nasa paligid na madaling makita.

Kapag gagamit ng ambulansiya, ang paghatid sa pagamutan ay libre, ang anumang gastos sa pagamutan ay kailangang bayaran ng magpapagamot. Ihanda ang sariling Health Insurance Card at cash na kinakailangan.

Ang ambulansiya ay ginagamit sa panahon ng emerhensiya, sa kaso ng pakapinsala, biglaang pagkakasakit at iba pa, upang mabilis na maihatid ang pasyente sa pagamutan. Maliban sa emerhensiya, iwasan ang paggamit nito, sa halip ay gumamit ng taxi at iba pang sasakyan. Kung hindi alam kung saang pagamutan o ospital na dapat pumunta, tumawag sa Saitama Emergency Phone Consultation (#7119 o 048-824-4199) kung saan isinasagawa ang 24 oras na pagbigay ng impormasyon ukol sa mga pagamutang maaring puntahan (maliban sa dentista, oral surgeries, psychiatrist).

Bukod pa rito, isinasagawa din sa himpilan ng bombero ang pagbigay ng impormasyon ukol sa "Fire Headquarters-Certified Ambulance" (may bayad) na maaring gamitin ng mga pribadong pasyente sa oras ng pagpasok, paglabas o papatingin sa ospital.

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Halimbawa ng pagtawag sa 119

Sa kaso ng sunog:	“May sunog! Nasusunog ang XX.” “ <i>Kaji desu. XX ga moeteimasu.</i> ”
Sa kaso ng emerhensiya:	“Pakitawag po ng ambulansiya.” “ <i>Kyukyu-sha o onegai-shimasu.</i> ” “May nasugatan sa aksidente ng sasakyan.” (pakibigay ang detalye, tulad ng “pagkaipit” at iba pang kondisyon) “ <i>Kotsu jiko de keganin ga imasu.</i> ” “Pakitawag po ng ambulansiya.” “ <i>Kyukyu-sha o onegai-shimasu.</i> ” “May biglaang nagkasakit.” (pakibigay ang detalye, tulad ng “kawalan ng malay-tao” at iba pang kondisyon) “ <i>Kyubyonin ga demashita.</i> ”
Pagkatapos, ibigay ang:	
Pook ng pangyayari:	“Ang address po ay nasa XX (bayan) XX (numero ng kalye).” “ <i>Basho wa, XX machi XX banchi desu.</i> ” “Ang numero po ng telepono ay XXX-XXXX. Kalapit ng lugar na ito ay may XX.” “ <i>Denwa bango wa, XXX-XXXX desu. Chikaku-ni XX ga arimasu.</i> ”
Sariling impormasyon:	“Ang pangalan ko po ay si XX.” “ <i>Watashi no namae wa, XX desu.</i> ”

(2) Pulisya – 110

Sa pagiging biktima ng isang krimen o sa oras na masangkot sa isang aksidente ng sasakyan, tumawag sa **110** upang ipaalarm sa pulisya ang lagay ng emerhensiya. Kapag may sumagot sa linya, una sa lahat ay ipaalarm kung anong uri ng pangyayari, kung isang “insidente” o di kaya’y “aksidente ng sasakyan”. Sabihin kung may nasugatan, anong oras nangyari (ilang minuto ang nakalipas), saang lugar (pook ng pangyayari o di kaya’y bagay o gusaling nasa palibot na madaling makita), anong ginawa ng kabilang partido (ang may gawa ng krimen). Pagkatapos nito ay ibigay ang sariling pangalan, numero ng teleponong ginagamit at iba pa. Sa ganitong paraan isasagawa ng pulis ang mga katanungan, kaya sagutin ang mga ito ng mahinahon.

Halimbawa ng pagtawag sa 110

Insidente o aksidente:	“Ninakawan ako (ng snatcher). Wala namang nasaktan.” “ <i>Dorobo (hittakuri) higai ni aimashita. Keganin wa imasen.</i> ”
Anong oras nangyari:	“May tatlong minuto po ang nakakalipas.” “ <i>Ima kara 3 pun kurai mae desu.</i> ”
Saan lugar nangyari:	“Sa XX (bayan) XX (numero ng kalye). Kalapit ng Post Office.” “ <i>XX machi XX banchi desu. Chikaku ni XX yubinkyoku ga arimasu.</i> ”
Ano ang ginawa ng kriminal:	“Nakasakay po ang dalawang tao sa kulay XX na motorsiklo, at tumakas patungo sa XX train station.” “ <i>XX iro no baiku ni notta futarigumi de, XX eki houko ni nigete ikimashita.</i> ”
Sariling impormasyon:	“Ang pangalan ko po ay si XX. Ang numero ng aking telepono ay XXX-XXXX.” “ <i>Watashi no namae wa, XX desu. Denwa bango wa, XXX-XXXX desu.</i> ”

(3) Pagbigay-alam sa pamamagitan ng pampublikong telepono (libre para sa emerhensiya)

① Pagtawag sa teleponong kulay berde

Para sa teleponong may “Emergency Button” na kulay pula:

Pagkatapos damputin ang hawakan o receiver ng telepono, pindutin ang Emergency Button na kulay pula. Pagkatapos ay i-dial ang 110 o 119.

Kapag walang makitang Emergency Button na kulay pula:

Pagkatapos damputin ang hawakan ng telepono, i-dial ang 110 o 119.

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

② Pampublikong telepono na kulay abo:

Pagkatapos damputin ang hawakan ng telepono, i-dial ang 110 o 119.

(4) E-Mail / FAX 110

E-Mail 110 <http://saitama110.jp/>

FAX 110 0120-264-110

2 Mga patakaran o alituntunin ng trapiko sa Japan

(1) Pangunahing alituntunin ng trapiko

- Bilang patakaran, sa bandang kanan dapat maglakad ang mga pedestrians, at sa kaliwa naman ang mga sasakyan at bisikleta.
- Mas may prioridad ang mga pedestrians kesa mga sasakyan at bisikleta.
- Sundin ang mga signal lights at karatula sa daan (road signs).
- Sundin ang instruksyon ng pulis.

(2) Pangunahing alituntunin ng paglalakad sa daan (bilang isang pedestrian)

- Kung sa tabi ng daanan ng sasakyan ay may sidewalk, gamitin ang sidewalk
- Sa mga bangketa (sidewalk) o mga side-strip na kung saan walang sapat na puwang o space, maglakad sa gilid ng daan.
- Sa crossroads o intersections sundin ang signal para sa pedestrians.
- Sa pagtatawid ng daan, kapag may kalapit na pedestrian crossing ay gamitin ito sa pagtawid.
- Sa isang pedestrian crossing na walang traffic light, itaas ang iyong kamay upang ipahiwatig ang iyong balak na pagtawid.
- Maging maingat sa pagtatawid, tingnan ang kanan at kaliwang daanan bago tumawid.
- Sa paglalakad sa gabi, ugaliing magsuot ng bagay na makintab (reflector) o di kaya'y damit na maliwanag ang kulay.

(3) Pangunahing alituntunin ng pagsakay ng bisikleta

- Dahil ang bisikleta ay ikinategorya bilang isang light vehicle ayon sa batas, ang mga sumasakay sa bisikleta ay dapat manatili sa kaliwang bahagi ng kalsada.
- Kung naka-bisikleta dapat dumaan sa kalsada hindi sa bangketa. Bilang eksepsiyon, kapag dumaan sa bangketa, mangyaring bigyang-prioridad ang mga pedestrian at magdahan-dahan sa gilid ng kalsada.
- Kahit na posible na magpatakbo sa bangketa, mangyaring bigyang-prioridad ang mga pedestrian at magpatakbo nang mabagal sa gilid ng kalsada.
- Siguraduhing sumunod sa mga senyales ng trapiko at huminto sa mga intersection. Suriin ang kaligtasan ng nakapaligid bago magpatakbo o bago tumawid.
- Gumamit ng ilaw sa pagbibisikleta sa gabi.
- Bawal ang pagbibisikleta kung lasing o nakainom ng alak.
- Gumamit ng helmet.
- Mangyaring kumuha ng insurance para sa pinsala sa bisikleta.

※ Sa Saitama Pref. ay inoobligahang ipasok sa insurance ang mga bisikleta.

<https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/jitensya/jitensyajyourei.html>

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

(4) Pangunahing alintuntunin para sa sasakyan

- Kailangang may lisensya sa pagmamaneho para makapagmaneho ng sasakyan.
- Ipinagbabawal ang pagmamaneho ng lasing.
- Ang driver ay dapat naka-seatbelt at gayun din ang mga pasahero ay kailangang gumamit ng seatbelts.
- Siguraduhin ang paggamit ng child seat para sa batang may edad 6 na taon gulang o mas bata.
- Gumamit ng helmet sa pagsakay ng motor bike.
- Gumamit ng ilaw ng mas maaga ng konti sa bandang hapon o paglubog ng araw.
- Huwag gumamit o makipag-usap sa cell phone habang nagmamaneho.
- Kung dadaan malapit sa may mga naglalakad na tao, bagalan ng konti ang pagpapatakbo at bigyan ng daan ang mga naglalakad.

3 Mga aksidente sa daan

(1) Kapag nagkaroon ng aksidente sa daan

- ① Isagawa ang first-aid kapag may nasugatan, tumawag sa **119** upang ipaalam ang pangyayari at humiling ng ambulansiya. Isagawa ang first aid hanggang sa dumating ang ambulansiya.
- ② Pumunta sa ligtas na lugar at tumawag sa **110**, ipaalam sa pulisya ang pangyayari at sundin ang pag-uutos ng pulis.
- ③ Kumpirmahin ang pangalan, tirahan, numero ng telepono, numero ng lisensya, plate number ng sasakyan, pangalan o uri ng seguro at iba pa, ng taong nasangkot sa aksidente (kabilang partido).
- ④ Kung may saksi sa pangyayari, kunin ang numero ng telepono ng taong ito.
- ⑤ Tumawag sa kompanya ng car insurance kung saan naka-insured.
- ⑥ Magpatingin kaagad sa doktor.

(2) Konsultasyon kaugnay sa aksidente sa daan

Sa Saitama Prefecture Traffic Accident Consultation Office, isinasagawa ang karaniwang konsultasyon sa wikang Hapon ukol sa mga aksidente sa daan, out-of-court settlement, paraan sa pagtanggap ng compensation mula sa seguro, pagkalkula sa kabayaran mula sa pagkapinsala at iba pa. Maaring kumunsulta mula Lunes hanggang Biyernes, 9:00 ~12:00, 13:00~17:00 , (hanggang 16:30 ang oras ng pagtanggap). Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng Traffic Accident Consultation Office.



Consultation counter kung saan maaring kumunsulta / contact information

Pangalan ng institusyon	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap
Saitama Prefecture Traffic Accident Consultation Office	048-830-2963	Saitama Prefectural Office Building No. 2, 1 st Flr. Sa loob ng Center para sa pangkalahatang konsultasyon ng prepektura 3-15-1 Takasago, Urawa-ku, Saitama-shi, Saitama Prefecture	Lunes ~ Biyernes (maliban sa mga araw ng pista opisyal, mga araw ng pagtatapos ng taon at bagong taon 9:00~12:00 13:00~17:00 ※ ang oras ng pagtanggap ay hanggang 16:30

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/soudankyuhu/koutuujikosoudan.html>

4 Mga hakbang sa pagpigil ng krimen

(1) Para huwag maging biktima ng pang-aagaw ng bag o gamit

- ① Siguruhing maglagay ng “anti-snatch” cover at iba pang kagaya sa basket ng bisikleta.
- ② Kapag naglalakad, hawakan ang bag ng taliwas sa daan (huwag hawakan sa kamay na nasa bandang daanan ng mga sasakyan).
- ③ Ang paggamit ng mobile / smart phone o di kaya may earphone sa tainga habang nakikinig sa musika habang naglalakad, ay nakapag-aagaw ng atensyon at hindi gaanong tuunan ang pansin sa kapaligiran.
- ④ Mag-ingat sa motorsiklo, bisikleta at iba pa na papalapit mula sa likod.

(2) Kaligtasan ng mga bata

Kailangang ituro ng magulang sa bata ng paulit-ulit ang mga sumusunod.

- ① Huwag maglagi na mag-isa o walang kasama.
- ② Huwag sumama sa hindi kilalang tao.
- ③ Sumigaw at humingi ng tulong
- ④ Sabihin sa sinumang taumbahay sa bahay kung saan at kanino ka pupunta, at kailan ka babalik.

(3) Kaligtasan ng mga kababaihan

- ① Sa paglalakad sa gabi dumaan sa maliwanag na kalsada na may maraming tao, paminsan minsan lumingon sa likod at paligid at mag-ingat.
- ② Ilagay ang “crime-prevention buzzer” sa labas ng bag upang magamit agad sa panahon ng panganib.
- ③ Siguraduhing naka lock ang pintuan at mga bintana kahit na nasa bahay ka.
- ④ Ang paggamit ng mobile / smart phone o di kaya may earphone sa tainga habang nakikinig sa musika habang naglalakad ay makakatawag pansin sa taong hindi kilala, lubhang mapanganib, maari lamang itigil ito.

(4) Para huwag mapasukan ng magnanakaw

- ① Lagyan ng 2 o higit pang auxiliary locks o mga pang-suportang kandado maliban sa main locks ang mga pintuan at mga bintana.
- ② Maging nasa loob ng bahay o pag lalabas ng bahay kahit sandali lang ay ugaliing ikandado o susian ang pintuan at mga bintana.

(5) Para huwag manakaw ang bisikleta

- ① Siguraduhing i-lock ang bisikleta kahit na ipaparada ito sa iyong bahay.
- ② Siguraduhing i-lock ito sa mga sandaling hindi gagamitin kahit panandalian lamang.
- ③ Magkabit ng wire lock, atbp. para gawin itong two-lock.
- ④ Kung nagmamay-ari ka ng bisikleta, siguraduhing magparehistro para sa pag-iwas sa krimen.

URL:<https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/bouhanjyohou/index.html>

5 Pagbigay suporta sa mga biktima ng krimen

(1) Kung ikaw ay nahihirapan sanhi ng pinagdaanang krimen o aksidente

Ang mga biktima ng krimen, kanilang mga pamilya, at mga naulilang pamilya ay dumaranas ng

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

hindi lamang direktang pinsala tulad ng pagkawala ng buhay (pagkawala ng miyembro ng pamilya), pagkasugat, at pagnanakaw ng kanilang ari-arian, kundi pati na rin ang mental at pisikal na karamdaman, mga gastos sa medikal, kawalan ng trabaho at iba pa. Nagdurusa sila sa kahirapang pinansyal dahil sa pagbabago sa trabaho, hindi magandang pakikitungo ng mga nakapaligid sa kanila, mga pasanin sa pag-iisip at oras na nauugnay sa mga pagsisiyasat at pagsubok, at iba't iba pang problema pagkatapos ng pangyayari ng krimen.

(2) Tanggapan ng Pangkalahatang Konsultasyon

Ang one-stop support center ng Saino-kuni para sa mga biktima ng krimen ay nasa gusali ng pamahalaan sa Musashi-Urawa sa ikatlong palapag ng Lamza Tower. Ang Saitama prefecture office, Saitama prefecture police station at Crime Victim Support Center ng Saitama, Public Interest Incorporated Association ay nandito din. Ang mga libreng serbisyo sa konsultasyon ay ibinibigay para sa mga biktima ng krimen at kanilang mga pamilya, at maraming serbisyo ng suporta ang inaalok sa isang konsultasyon. Lahat ng konsultasyon ay pananatilihing lihim.



Konsultasyon

Pangalan ng opisina	Numero ng Telepono	Lugar	Oras ng Konsultasyon
Sai no kuni Crime victim one-stop support center	0120-735-001 o kaya 048-862-0001		8:30-17:15, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)
Saitama Prefecture Crime Prevention and Traffic Safety Division	048-710-5036	3F Lamza Tower Numakage, Minami-ku	8:30-17:15, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)
Saitama Prefecture Police Crime Victim Support Office	0120-381-858	Saitama-shi (Musahi Urawa Joint Gov't Building)	8:30-17:00, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)
Public Interest Incorporated association Saitama Prefecture Crime Victim Support Center	048-865-7830		8:30-17:00, Lunes-Byernes (maliban kung holidays at public holidays)

URL : <https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/hanzaihighaisya/soudanmadoguchigaishoni.html>

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

(3) Para sa mga kasong kaakibat ng sekswal na krimen

Konsultasyon sa telepono para sa mga biktima ng krimen gaya ng sekswal na karahasan at iba pa– Iris Hot line

Maaaring kumonsulta dito ang mga biktima at kapamilya ng sekswal na karahasan o krimen maging anuman ang kasarian ng biktima. Isang tagapayong kawani na legal na obligado na panatilihin kumpidensyal ang sasagot sa iyo, upang maaari kang kumonsulta nang may kumpiyansa. Maraming uri ng tulong gaya ng konsultasyon sa telepono, konsultasyon sa pakikipanayam, pagpunta sa ospital, suporta ng pagsama sa pagkonsulta, mga pagpapayong legal, at iba pa.



Konsultasyon

Pangalan ng opisina	Numero ng Telepono	Lugar	Oras ng Konsultasyon
Konsultasyon at maaring tawagan ng mga biktima ng sekswal ng krimen – iris hot line	#8891 0120-31-8341 o kaya 048-839-8341	3F Lamza Tower Numakage, Minami-ku Saitama-shi (Musahi Urawa Joint Gov't Building)	Maaring tumawag 24 oras, araw-araw.

URL : <https://www.pref.saitama.lg.jp/a0311/hanzaihigaisya/seibouryoku2.html>

6 Natural na kalamidad

(1) Lindol

Madalas magkaroon ng lindol sa Japan. Sa pagdating ng isang malaking lindol, maaring mabuwal ang mga kasangkapan na nagiging sanhi ng pagkapinsala, natitigil ang tubig, gas at iba pa, at mahihirapang bumili ng pagkain at iba pang bagay na kailangan sa araw-araw na pamumuhay. Sa ganitong mga pangyayari, kailangang isagawa sa loob ng pamilya ang mga nararapat na hakbang o paghahanda para sa panahon ng emerhensiya.

Sampung gabay ukol sa pagkakaroon ng kaalaman sa “Disaster Prevention” sakaling magkaroon ng isang malaking lindol :

- 1 Paghahanda- Isagawa ang mga hakbang upang maiwasan ang pagkabuwal o pagkahulog ng mga kasangkapan, paraan ng pagkontak sa pamilya at pook na kung saan magtitipon, paraan ng pagtakas o pagsilong sa ligtas na lugar, paghahanda ng mga gamit na kakailangangin sa panahon ng emerhensiya.
- 2 Una, siguruhin ang sariling kaligtasan (ikubli ang sarili sa ilalim ng matibay na mesa at maglagay ng kutson sa ulo para protektahan ito.)
- 3 Patayin agad ang apoy at isara ang main gas valve (lumayo sa apoy kapag malakas ang pag-uga at patayin ito pagkatapos humupa ang pag-uga.)
- 4 Buksan ang bintana at siguruhing maaring lumabas sa labasan o exit.

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

- 5 Huwag magmadali sa paglabas.
- 6 Kapag may apoy, maging mahinahon at patayin muna ito (sumigaw sa kapitbahay at magtulungan sa pagpatay ng apoy.)
- 7 Lumayo sa mga bakod at vending machines
- 8 Mag-ingat sa mga bubog o basag na salamin sa loob ng bahay.
- 9 Makipagtulungan sa bawat isa sa pagsagawa ng first aid.
- 10 Alamin o kunin ang tamang impormasyon.

Mga gamit na kakailanganin sa panahon ng emerhensya : first aid kit o mga gamot para sa emerhensiya, iba pang gamot, inumin, pagkain (emergency food), charger ng smart phones/cell phones, portable radio set, reserbang batteries, headlights,(flashlight), aluminum sheet para sa taglamig, helmet, army knife, tuwalya, guwantes, lubid, tissue paper, portable toilets, wet tissues, mask, plastic bags, plastic shopping bags, mga dyaryo, kapote, sports shoes (medyas)

※ Iba pang gamit na pang personal na kakailanganin at ng inyong kapamilya.

- ① “Lakas ng loob laban sa lindol” (sa homepage ng Fire Safety & Disaster Prevention Center)
Inilathala ang isang pamphlet na naglalaman ng summary o pagbubuod sa mga bagay na dapat gawin bilang paghahanda para sa lindol at mga aksiyon o kilos na dapat gawin sa oras ng paglindol (sa wikang Nihongo, English, Chinese, Korean, Vietnamese, Portuguese).
URL : : <https://www.bousai-kensyu.com/knowhow/pamphlet01/>

- ② Paghahanda para sa kalamidad (homepage ng Saitama Prefectural Police)

Nakalagay ang impormasyon kaugnay sa paraan ng pagbawas ng pinsalang dala ng paglindol at may check sheet ukol sa kaligtasan ng pamilya (sa wikang Nihongo, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, Arabia, Urdu, Thai, Turkey, Malay).

URL : <http://www.police.pref.saitama.lg.jp/g0050/kurashi/earthquake-foreigner.html>

(2) Bagyo

Malaki ang pinsalang dulot ng malakas na hangin at ulan na dala ng bagyong nagsisimula sa Summer hanggang Autumn season. Bago dumating ito ay siguruhing tanggalin o patibayin ang mga bagay sa paligid ng bahay na maaring tangayin o patalsikin ng malakas na hangin. At dahil maaring mawalan ng kuryente, kailangang ihanda ang flashlight, kandila, portable radio, reserbang baterya, charger ng smart phones/cell phones, at iba pa.

Sa pangkaraniwang araw tingnan ang isinagawang hazard map ng inyong syudad, bayan o pook at suriin ang maaring maging mapanganib sa panahon ng sakuna mula sa bahay hanggang lokasyon ng shelter o mapagkakanlungan. Kapag tumaas ang peligro ng isang sakuna dahil sa papalapit na bagyo, ang impormasyon tungkol sa paglikas ay ilalabas ng munisipyo kung saan ka nakatira gamit ang antas ng alerto. Para sa mga nangangailangan ng oras upang lumikas, tulad ng mga matatandang ay sa alert level 3, ang lahat ay dapat na gumawa ng aksyon sa paglikas sa alert level 4.

(3) Evacuation area o pook-silungan sa panahon ng kalamidad

Bilang paghahanda sa oras ng kalamidad, itinakda sa bawat munisipalidad ang malalaking gusali tulad ng mga paaralan, upang gamiting pook-silungan para sa mga nawalan ng tirahan. Sumangguni sa tanggapan ng Disaster Management Section ng munisipyong kinabibilangan, upang alamin kung saan naroroon ang pinakamalapit na pook-silungan. Depende sa munisipyo,

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

may mapang ipinamamahagi sa mga residente na naglalaman ng listahan ng mga evacuation area.

(4) Pag-uulat sa wikang banyaga sa panahon ng kalamidad

Sa panahon ng kapahamakan, isinasagawa ang pag-uulat ng “disaster-relief” information sa wikang Ingles at iba pa.

Radyo: Inter-FM (89.7 MHz), NHK-2 Broadcasting (693kHz)

TV: NHK General TV-1, BS-1, BS-2 (Bilingual Broadcast)

(5) NTT Disaster Emergency Message Dial “171”

Sa panahon ng kapahamakan, nagkakaroon “overload” o sobrang tawag sa pook na naapektuhan ng kalamidad, kung saan mahihirapang makatawag. Sa panahong ito, maaring gamitin ang Disaster Emergency Message Dial, upang maisagawa ang matiwasay na pagkontak at pagkumpirma sa kaligtasan ng pamilya. Hindi na kailangang gamitin ang dialing code, sa pag-dial ng 171 ay madaling naisasagawa ang recording at playback ng mensaheng nais iparating. Para sa mga detalye ukol sa paraan ng paggamit, tingnan ang website ng NTT East.

URL : <http://www.ntt-east.co.jp/saigai/voice171/index.html> (Nihongo)

<https://www.ntt-east.co.jp/en/saigai/voice171/> (English)

May Message Board Service din sa bawat kompanya ng mobile phone at website sa wikang Ingles.

【docomo】

<http://dengon.docomo.ne.jp/top.cgi> (Nihongo)

<http://dengon.docomo.ne.jp/Etop.cgi> (English)

【au】

<http://dengon.ezweb.ne.jp/> (Nihongo)

<http://dengon.ezweb.ne.jp/E/service.do> (English)

【SoftBank / YMOBILE】

<http://dengon.softbank.ne.jp/pc-1> (Nihongo)

<http://dengon.softbank.ne.jp/pc-e1.jsp> (English)

(6) Pagkolekta ng impormasyon

① Paghahanda para sa kaligtasan at seguridad sa Prepektura ng Saitama (website ng Saitama Prefecture)

Kung may naganap na sakuna sa Saitama Prefecture, makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa paglikas, mga resulta ng pinsala, at mga hakbang sa pagtulong sa website na ito.

Hindi lamang sa pamamagitan ng PC, maari din na tingnan ito mula sa mobile phone.

Gamitin ang site na ito para sa impormasyon tungkol sa paghahanda sa sakuna:

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/theme/anzen/index.html>

② Disaster Support Information para sa mga dayuhang residente (website ng CLAIR - Council of Local Authorities for International Relations)

Itinatag ang isang website na nagbibigay ng impormasyon sa mga dayuhang residente ukol sa suportang ipinagkakaloob sa panahon ng kapahamakan, pagkulekta at pamamahagi ng impormasyon kaugnay sa disaster support. Kalakip nito ang mga halimbawa o kaso ng relief / disaster prevention activities na nakatuon sa mga dayuhang residente ng bawat rehiyon pati “link” sa

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

websites na nagpapahayag sa isinasagawang support activities ng mga dayuhang residente.

URL : <http://www.clair.or.jp/j/multiculture/tagengo/saigai.html>

- ③ Mga hakbang na isinasagawa sa pangangasiwa ng radioactive substances (website ng Saitama Prefecture Environmental Policy Division)

Sa loob ng Saitama Prefecture, regular na sinusukat at sinusuri ang epekto ng radiation dose at mga radioactive substance sa hangin, tubig at pagkain, at ang resulta ng pagsusuri ay inilalathala sa website ng Saitama Prefecture (may link din sa Health Consultation Service).

URL : <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0501/housyasen-sokuteikekka.html>

(7) Paghahanda para sa kalamidad

- ① Sa mga syudad at bayan ng Saitama Prefecture ay may mga iba' ibang pagsasanay sa pagsugpo ng kalamidad para sa paghahanda kung sakaling magkaroon ng malakihang paglilindol. Sa mga pagsasanay na ito ay inaasahan ding sumali ang mga dayuhang residente. Tingnan lamang sa sumusunod na mga website.

URL:

[Japanese] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/202008bosaijapa.pdf>

[Simpleng Japanese]

<http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/202008bosaiyasasii.pdf>

[English] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/202008bosaienglish.pdf>

[Chinese] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/202008bosaichina.pdf>

[Korean] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/202008bosaikankokuchosen.pdf>

- ② Ang pamahalaan ng Saitama Prefecture at sa tulong ng NPO na kilala sa malawak na karanasan sa pagsuporta sa mga dayuhang residente, ay nabuo ang paggawa ng Disaster Prevention Guidebook na nakasalin sa 7 lengguhahe (Nihongo, English, Chinese, Korean, Spanish, Portuguese, Tagalog). Makikita ito sa website ng Saitama Prefecture.

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/7kakokubosaigaidobukku.pdf>

- ③ Mayroon ding Emergency Card para sa mga dayuhang residente na maari nilang magamit sa paghingi ng tulong sa mga Hapon sa panahon ng emergency. Makikita ito sa website of Saitama Prefecture.

[Sa harapan (Japanese, English, Chinese)]

<http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/549226.pdf>

[Sa likod (Japanese, English, Chinese)]

<http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/documents/549227.pdf>

- ④ Para magkaroon ng salitan ng pag-uusap ang mga tagapangasiwang Hapon at mga banyagang lumikas at tumuloy sa refuge centers, may ginawang set examples na mga pag-uusap sa website ng Saitama Prefecture .

○Point-and-talk sheet sa iba't ibang lengguhahe [Simpleng Nihongo, English, Chinese, Korean, North Korean, Spanish, Portuguese, Tagalog, Thai, Vietnamese]

<http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378845.pdf>

○Pagtatanong o questionnaire para sa mga banyagang lumikas

[English] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378846.pdf>

[Chinese] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378848.pdf>

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

[Korean/North Korean] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378852.pdf>

[Spanish] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378847.pdf>

[Portuguese] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378851.pdf>

[Tagalog] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378855.pdf>

[Thai] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378856.pdf>

[Vietnamese] <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/documents/378857.pdf>


(8) Pag-iwas sa heat stroke

Pag matagal na nakatigil sa mainit na kapaligiran ay maari kayong magka- heat stroke. Ang mga sintomas ng heat stroke ay pagkahilo, sakit ng ulo, pagduduwal, at kung sakaling magka-kombulsyon ay mas malaki ang posibilidad ng heat stroke. Pumunta sa maililim na lugar at kaagad komunsulta sa duktor. Kung nasa loob ng bahay o gusali, gumamit ng air-con at palagiang uminom ng tubig.

Mag-ingat tayo sa heat stroke.

Limang mga paalala para maiwasan ang heat stroke

URL : <https://www.pref.saitama.lg.jp/a0704/netsuchusyo/5point-e.html>



Kobaton, mascot ng Saitama

- 1 Pribadong tirahan na pinauupahan
- 2 Pampublikong tirahan na pinauupahan
- 3 Paglipat
- 4 Pagbili ng tirahan o real estate

1 Pribadong tirahanang pinauupahan (chintai-jutaku)

Sa paghahanap ng pribadong paupahang pabahay (mga paupahang bahay, apartment), magtanong sa isang ahente ng real estate sa lugar na gusto mong tirahan. Kapag nakapagpasya ka na sa bahay na gusto mong tirahan, pipirma ka ng kasunduan sa pag-upa sa may-ari. Mahalagang maging pamilyar sa pamumuhay ng mga Hapon upang mamuhay ka nang kumportable pagkatapos lumipat.

“Paraan ng pagrenta ng tirahan / Mga patakaran sa pagtira”
(website ng Saitama International Affairs Division sa mga wika sa :Nihongo, English, Chinese, Spanish, Portuguese)

<http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/sumaisupport.html>

(1) Pagpapaliwanag ukol sa pribadong tirahan na pinauupahan

Renta at gastos sa pangangasiwa	<ol style="list-style-type: none">① Ang renta ay binabayaran bawat buwan, na may isang buwang advance payment.② Iba pang bayarin para sa kagamitan na ibinabahagi ng may-ari (bayarin sa pangangasiwa at iba pang serbisyo) ay idaragdag.
Sukat at floor plan ng tirahan	<ol style="list-style-type: none">① Ang lawak ng tirahan, kalakip ang living room, toilet, paliguan, kusina at iba pa, ay inilalarawan bilang “proprietary area: 30m²”.② Ang laki ng isang silid ay ipinahayag sa mga tuntunin ng bilang ng mga tatami mat sa sahig. Ang lugar ng isang tatami mat ay nag-iiba depende sa gusali, ngunit ito ay humigit-kumulang 1.6m² metro kuwadrado. Ang kuwarto ay maaaring isang Japanese-style room o isang Western-style na kuwarto.
Mga kagamitan	<ol style="list-style-type: none">① Bagama’t may linya na ng kuryente, tubig, gas at iba pang bagay na kinakailangan sa pamumuhay, kailangang gawin ng titira ang mga pamamaraan para umpisahan ang paggamit ng mga ito.② Ang mga bagay tulad ng ilaw o lighting equipment, gas range, mga kasangkapan at iba pa, ay hindi ipinagkakaloob.

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Lokasyon	Karaniwan ay inilalarawan ito tulad ng “mula OO estasyon ng tren OO minuto”. (Halimbawa: 15 minutong lakad mula sa Urawa Station)
----------	--

(2) Bago isagawa ang Lease Contract

Ang Lease Contract ay ang pagkakasundo ng may ari at ang partidong nais umarkila ng lugar o pook, kung saan malinaw na ipinapahayag ang karapatan ng magkabilang panig o partido. Sa pagpirma nito, nangangahulugan na sumasang-ayon sa mga kondisyong nakapaloob at gayundin ang pagtupad sa pangakong sundin ang mga ito. Mahalagang maintindihan ng husto ang mga nilalaman nito bago pumirma. Sa panahon ng pagsagawa ng kontrata, maaring hilingin ang kopya ng Residence Certificate, Residence Card, Income Certificate, Guarantor o “Letter of Commitment” (panunumpa), Seal Registration Certificate at iba pa.

(3) Mga uri ng Lease Contract

Regular Lease Contract	Kapag natapos na ang kontrata, bilang patakaran ay maaring baguhin (ipagpatuloy) ang kontratang ito. Sa pagbabago ng kontrata, maaring singiling bayaran ang renewal fee at bayad para sa sebisyo ng pag-proseso.
Fixed-term Lease Contract	Pagkatapos ng isang contract period, hindi maaring baguhin ang parehong kontrata. Maaring isagawa muli ang panibagong kontrata para sa parehong tirahan o silid. Sa oras na isagawa ang panibagong kontrata, kailangang bayaran ang realtor’s fee, serbisyo sa pagproseso at iba pa.

(4) Mga gastos na kinakailangan sa pagsagawa ng kontrata

Renta (yachin)	Dahil ang renta para sa susunod na buwan ay binabayaran sa nakaraang buwan, sa panahong ng pagtira sa bagong tirahan, kailangang bayaran ang katumbas ng dalawang buwang renta (angrenta para sa kasalukuyang buwan at sa susunod na buwan). Ito ay karaniwang binabayaran sa pamamagitan ng bank transfer.
Deposito (shikikin)	Sa panahon ng pagsagawa ng kontrata, kailangang bayaran ng uupa ng tirahan ang deposito na katumbas sa isa hanggang tatlong buwang renta. Sa panahong aalis ang umupa ng tirahan, kapag may rentang hindi nabayaran o di kaya’y may mga nasirang bagay na kailangang kumpunihin, maaring gamitin ang halagang ito para itustos sa mga nabanggit na gastos. Ang anumang natirang halaga ay ibabalik sa umupa ng tirahan.
Key Money (reikin)	Ito ay ang halagang ibinibigay sa may-ari ng re-rentahang tirahan bilang gratuity o pasasalamat pagkatapos makumpleto ang kontrata, kung saan maaring hilingin ang katumbas ng isa hanggang dalawang buwang renta. Ang halagang ito ay hindi ibinabalik sa umupa ng tirahan.
Realtor’s Fee (chukairo)	Ito ay ang halagang ibinibigay sa real estate agency bilang service fee o komisyon. Bilang patakaran, ang renta para sa isang buwan ay pinaghahatian ng may-ari ng tirahan at ang uupa nito. Subalit, depende sa usapan ng magkabilang partido, maaring ayusin ang paghahati nito sang-ayon sa napagkasunduang halaga.

(5) Mga babala

Guarantor / Insurance company	Kalimitan ay kailangan ang isang guarantor sa oras ng aplikasyon para sa pagtira. Kapag walang guarantor, sumangguni sa real estate agency upang alamin kung maaring gamitin ang isang “guaranty company”.
Pagbayad ng renta	Sang-ayon sa kontrata, kailangang bayaran sa itinakdang araw ang renta para sa susunod na buwan.
Pagpapatira ng iba maliban sa umuupa	Huwag patirahin ang sinuman maliban sa mga tinukoy sa kontrata nang walang pahintulot mula sa may-ari ng nire-rentahang tirahan.

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Pagbabawal sa "subletting"	Hindi maaring ipahiram ang bahagi o kabuuan ng tirahan sa iba.
Renovation, pagbabago sa anyo ng tirahan	Kailangang ipaalam muna sa may-ari ng nire-rentahang tirahan ang anumang gagawing pag-remodel (pagkabit ng mga kagamitan para sa gas, eletrisidad at iba pa) o pagbabago sa anyo ng tirahan.
Pagkansela ng kontrata	Kapag nais ikansela ang kontrata sa kalagitnaan nito, kailangang ipaalam muna ito sa may-ari ng nire-rentahang tirahan at sundin ang nilalaman ng kontrata. Maaring hindi ibalik ang deposito, sa kaso ng paglipat ng walang paalam o di kaya'y pagbigay-alam sa sandaling lilipat mismo.
Mga kondisyon sa katapusan ng kontrata	Sa oras na matapos ang kontrata, may mga kasong hindi ibinabalik ang deposito o di kaya'y napapatawan ng malaking "house-cleaning bill". Dahil dito, bago pumasok sa isang kontrata ay kailangang alamin muna o pagpasiyahan ang mga gastos na maaring ipataw kung sakaling ititigil ang kontrata.
Mga alagang hayop	Ipinagbabawal ng karamihang mga may-ari ng pinapa-rentahang tirahan ang pagkakaroon ng alagang hayop sa loob ng tirahan. Kung nais tumira kasama ang alagang hayop, kailangang sumangguni muna sa real estate agent upang siguruhin na nakalagay sa kontrata na "maaring mag-alaga ng hayop" sa loob ng tirahan.



Consultation counter kung saan maaring kumunsulta / contact information

Mga real estate agency na maaring tumulong sa paghahanap ng tirahan

Website	URL
Network sa paghahanap ng tirahan sa Saitama Pref. (listahan ng mga real state agencies)	http://www.sasn.jp/search/mise.php
International Division, Saitama Prefecture (Listahan ng mga real estate agencies na nagbibigay suporta sa mga dayuhan) Listahang nakasulat sa wikang Nihongo (may furigana) at listahan sa English	http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/sumaisupportlist.html

Konsultasyon ukol sa lease contracts

Nilalaman ng konsultasyon	Pook ng konsultasyon	Telepono	Oras ng pagtanggap (maliban sa piyesta opisyal, pagtatapos ng taon at umpisa ng bagong taon)
<ul style="list-style-type: none"> ● Lease Contract ● Pagpapayo ukol sa mga problema sa panahon ng patira at pag-alis 	Housing Consultation Plaza Saitama Prefecture Housing Corporation	048-658-3017	Lunes ~ Linggo (maliban sa mga araw ng pagtatapos ng taon at umpisa ng bagong taon) 10:00 - 18:30
	Saitama Prefecture Real Estate Transaction Association	048-811-1818	Lunes/Miyerkules/ Biyernes 10:00 - 12:00 13:00 - 15:00
	All Japan Real Estate Association Saitama Prefecture Headquarters	048-866-5225	Lunes - Biyernes 9:00 - 16:00
<ul style="list-style-type: none"> ● Lease Contract ● Real Estate agent 	Saitama Prefecture Construction Safety Division	048-830-5488	Lunes - Biyernes 9:00 - 11:45 13:00~16:30

2 Pampublikong tirahanan na pinauupahan

Sa Saitama Prefecture, may mga pampublikong tirahan para sa mga residenteng mababa ang kita o income. Dahil sa dami ng mga aplikasyon, pinipili ang maaring tumira sa pamamagitan ng palabunutan o lottery. Tinatanggap ang aplikasyon sa Enero, Abril, Hulyo at Oktubre.

Ang mga pumapailalim sa sumusunod na mga kondisyon ay maaring gumawa ng aplikasyon:

- Sa kaso ng mga dayuhang residente, kailangang may Medium to Long-term Resident visa.
- Kailangang mapatunayang nangangailangan ng tirahan.
- May pamilya (asawa o first-degree relation) na kasama sa patira (maliban na lang kung isinasagawa ang aplikasyon para sa bachelor's residence).
- Nakatira o nagtatrabaho sa loob ng Saitama Prefecture.
- Ang kita ng sambahayan ay nasa level o mas mababa pa sa itinakdang halaga.
- Nagbabayad ng municipal tax sa tamang panahon.
- Hindi nahuhuli sa pagbayad ng renta o sa damage compensation na kailangang bayaran sa pampublikong tirahan (mga tirahan o housing developments na ginawa ng mga local public organization, Urban Renaissance Agency o local housing corporation).
- Ang aplikante at ang pamilya nito ay hindi kabilang sa isang sindikato ng krimen.

Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa Saitama Prefecture Housing Corporation (Telepono: 048-829-2875).

Ipinagkakaloob ng ilang munisipalidad sa loob ng Saitama Prefecture ang pampublikong tirahan. Sumangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng munisipyo o Ward Office.



Consultation counter kung saan maaring kumunsulta / contact information


Pook ng konsultasyon	Telepono	Oras ng pagtanggap (maliban sa piyesta opisyal, mga araw ng pagtatapos ng taon at umpisa ng bagong taon)
Prefectural Housing Division, Head Office, Saitama Prefecture Housing Corporation	048-829-2875	Lunes – Biyernes 8:30 – 17:15
Housing Consultation Plaza, Saitama Prefecture Housing Corporation (sa concourse ng JR Omiya Station West Exit)	048-658-3017	Lunes – Linggo (Bukas araw-araw maliban sa mga araw ng pagtatapos ng taon at umpisa ng bagong taon) 10:00 - 18:30

*Ipinagkakaloob ng ilang munisipalidad sa loob ng Saitama Prefecture ang pampublikong tirahan. Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng munisipyo o Ward Office.

3 Paglipat

Ang sumusunod ay mga bagay na dapat pag-isipan sa panahon ng paglipat. Upang maisagawa ang matiwasay ang paglipat, basahin ang listahan sa ibaba at isagawa ang mga nararapat na pamamaraan.

Pamamaraan	Bago lumipat	Pagkatapos lumipat
Pagbigay ng Moving-in / Moving-out Notification	Isagawa ang Moving-out Notification sa tanggapan ng munisipyo o Ward Office ng kasalukuyang tirahan bago lumipat at tanggapin ang "Moving-out Certificate".	Isagawa ang Moving-in Notification sa tanggapan ng munisipyo o Ward Office ng bagong tirahan sa loob ng 14 araw mula sa araw ng paglipat.
Kuryente	Tawagan ang kompanya ng kuryente ng kasalukuyang tirahan at ang kompanyang gagamitin sa bagong tirahan.	Ilagay sa "on" ang main switch ng circuit breaker, ground-fault circuit interrupter at wiring breaker.
Tubig	Tawagan ang nangangasiwa sa Waterworks Division sa munisipyo / Ward Office ng kasalukuyang tirahan at Waterworks Division sa munisipyo / Ward Office ng pook na lilipatan.	
Gas	Tawagan ang kompanya ng gas na kasalukuyang ginagamit para itigil ang daloy ng gas. Tawagan din ang kompanya ng gas sa pook na lilipatan.	Tawagan ang kompanya ng gas para buksan ang main gas valve at ipagawa ang nararapat na safety check at iba pa.
Telepono	Tawagan ang kompanya ng telepono.	
Koreo	Sa pagsumite ng "Mail Transfer Notification", ipapadala ang anumang liham o koreo sa dating tirahan patungo sa bagong tirahan sa loob ng isang taon.	
Lisensiya ng pagmamaneho		Maaring iparehistro ang pagbabago ng tirahan sa Driver's License Center o sa alinmang himpilan ng pulisya (maliban sa Konosu Police Station). Tingnan sa page 10 – 4. Saitama Prefectural Police Department Driver's License Center: Tel: 048-543-2001
Pagrehistro ng stampa		Sa paglipat sa ibang munisipalidad, kailangang iparehistro ang stampa sa tanggapan ng munisipyo (Ward Office) ng pook na nilipatan.
Elementary / Junior High School	<ul style="list-style-type: none"> Sa pagsagawa ng "Moving-out Notification", ipalam din na pumapasok ang inyong anak sa Elementary / Junior High School sa munisipyo (Ward Office) ng kasalukuyang tirahan. 	<ul style="list-style-type: none"> Sa paggawa ng "Moving-in Notification", ipalam sa munisipyo (Ward Office) na pumapasok ang inyong anak sa Elementary / Junior High

	<ul style="list-style-type: none"> ● Magpagawa ng “School Certificate” (Zaigaku Shomeisho) at “Certificate of Prescribed Textbooks” (Kyoukasho kyuu yo shoumeisho) sa paaralang kasalukuyang pinapasukan. 	School. <ul style="list-style-type: none"> ● Isumite ang “School Certificate” at “Certificate of Prescribed Textbooks” sa tanggapan ng paaralang nilipatan.
NHK Bayad sa pagtanggap ng broadcast	Para sa mga may telebisyon Mayroon ka bang kontrata ng pagbayad sa pagtanggap ng NHK? URL: http://pid.nhk.or.jp/jushinryo/  0120-151515	

4 Pagbili ng tirahan o real estate

Para sa karagdagang detalye ukol sa pagbili ng real estate o paggawa ng loan sa bahay, sumangguni sa pinakamalapit na real estate agent o institusyong pinansiyal (bangko at iba pa).




Consultation counter kung saan maaring kumunsulta / contact information

Nilalaman ng konsultasyon	Pook ng konsultasyon	Telepono	Oras ng pagtanggap (maliban sa piyesta opisyal, mga araw ng pagtatapos ng taon at umpisa ng bagong taon)
<ul style="list-style-type: none"> ● Kontrata sa pagbenta / pagbili ng real estate ● Pagpapatayo ng bahay 	Housing Consultation Plaza Saitama Prefecture Housing Corporation	048-658-3017	Lunes - Linggo (Bukas araw-araw maliban sa mga araw ng pagtatapos ng taon at umpisa ng bagong taon) 10:00 - 18:30
<ul style="list-style-type: none"> ● Kontrata sa pagbenta / pagbili ng real estate 	(Isang kumpanya) Real Estate Distribution Management Association	03-5733-2271	Lunes – Biyernes 9:00 – 17:00 ※ 11:30 – 12:30 Maaring mag-iwan ng mensahe sa answering machine
	(Publikong kumpanya) Saitama Pref. Building lots and Buildings Transaction Business Association	048-811-1818	Lunes /Miyerkules/ Biyernes 10:00 – 12:00 13:00 – 15:00
	(Publikong kumpanya) All Japan Real Estate Association Saitama Prefecture Headquarters	048-866-5225	Lunes – Biyernes 10:00 – 16:00
<ul style="list-style-type: none"> ● Kontrata sa pagbenta / pagbili ng real estate ● Real estate agency 	Saitama Prefecture Construction Safety Division	048-830-5488	Lunes – Biyernes 9:00 ~ 11:45 13:00 ~ 16:30

Kabanata 4

Pagpapagamot at Health Insurance



Kobaton, ang mascot ng Saitama

- 1 Sistema ng health insurance**
- 2 National Health Insurance (Regional Social Insurance)**
- 3 Health Insurance (Health Insurance para sa mga empleado)**
- 4 Health Check-ups (tokutei kenko shinsa)**
- 5 Sistema ng Healthcare para sa matatanda**
- 6 Nursing Care Insurance**
- 7 Impormasyon tungkol sa mga institusyong medikal**
- 8 Pagpapa-eksamen sa ospital**
- 9 Pagpapa-ospital**
- 10 Sistema ng pangangalaga ng isang taong nasa hustong gulang**

1 Sistema ng Health Insurance

Ang sistema ng Health Insurance ay para makatulong sa mga gastusing medikal ng mga tao sa kanilang karamdaman at sakit. Sa kabuuan, lahat ng residente sa Japan, banyaga man sila o lokal na mamamayan, ay kailangang kumuha o sumapi sa public health insurance program.

May 3 sistema: ang National Health Insurance System para sa mga empleado ng isang kumpanya at kanilang mga pamilya, Employee's Health Insurance System para sa may sariling negosyo at ang medical system ng pagpapagamot ng mga matatanda na nagkakaedad na 75 taong gulang pataas.

2 National Health Insurance (Regional Social Insurance)

Ang mga banyagang nakatira na may estado bilang residente ng mahigit 3 buwan at may Resident Record o sinuman na makakapagpatunay na maninirahan pa sila sa Japan ng higit pa sa 3 buwan, ay kailangang magpalista at sumapi sa National Health Insurance system. Subalit, ang mga nakasapi na sa Employee's Health Insurance na pumunta sa bansa para magpagamot o bilang turista ay hindi kabilang. May 2 klase ng National Health Insurance. Ang una ay ang prefecture at munisipyo ay magkaisa sa pag bigay ng National Health Insurance, at ang pangalawa, para sa mga natatanging trabaho, ay ang National Health Insurance Unions.

(1) Pagpapalista o pagsapi

Para makasama sa National Health Insurance system, mag-apply sa inyong munisipyo / city hall (hal. Saitama-shi city hall), sa ward offices ng National Health Insurance Department, o sa lokal na union kung ang National Health Insurance Union ang tagapangasiwa ng iyong insurance. Para makasama sa isang National Health Insurance Union, kailangang magpasa ng aplikasyon sa tanggapan ng Union. Tungkol sa kinakailangang mga papeles, mangyaring pumunta at magtanong sa National Health Insurance Department.

(2) Pagbabayad ng Insurance premium (Buwis)

Ang babayarang insurance premium (buwis) ay base sa bilang ng kasapi sa isang pamilya, at sa kita ng nakaraang taon. Kung kaya't ito ay nagbabago taun-taon. Sa mga pamilya na may kasapi na may edad na 40~bago mag-65, ang gastusin sa pag-aalaga ay idinadagdag. Kada munisipyo at National Health Insurance Union ay nagsasaad ng sariling insurance premium (buwis). Binabayaran ang taunang insurance premium (buwis) sa pinaghati-hating kabayaran. Ito ay maaaring bayaran sa mga munisipyo at ward offices, banko o post offices.

(3) Insurance Certificate (Insurance Card)

Ang pagpapalista sa National Health Insurance ay kada pamilya, at ang padre de pamilya ang nag-aayos ng pagpasa at pagbayad sa insurance pati sa ibang mga bayarin. Subalit, kada miyembro ng pamilya ay binibigyan ng hiwalay na card. Siguraduhin na laging dala ang card tuwing pumupunta sa ospital o sa klinika.

Kailangang magbigay ng abiso o ipaalam sa National Health Insurance Department ng inyong munisipyo o ward office sa mga sumusunod na kaso:

- ① Kapag kumuha o umurong mula sa ibang public health insurance system
- ② Kapag lumipat ng tirahan;
- ③ Kapag may ipinanganak sa pamilya;
- ④ Kapag namatay ang padre de pamilya;
- ⑤ Kapag ang pangalan o tirahan ay nagbago, o nagbago ang padre de pamilya;
- ⑥ Kapag naging 75 taong gulang
- ⑦ Kapag nawala ang iyong Health Insurance Certificate.

(4) Mga Benepisyo

- ① Medikal at Dental: Kapag nagpagamot sa ospital o klinika, medikal man o dental, ipakita ang iyong Health Insurance Certificate, 30% ng gastusin ay babayaran ng persona o miyembro. Para sa mga bata na hindi pa nag-aaral, 20% ng gastusin ay inyong babayaran at para sa mga matatanda na mahigit 70 taong gulang, 20% o kaya 30% ay inyong babayaran. Ang natitirang bahagi ng gastusin ay babayaran ng National Health Insurance sa mga ospital.
- ② Panganganak at pag-aalaga ng bata: Sa mga bagong panganak, may nakatalagang halaga para makatulong sa mga gastusin.
- ③ Libing: Kapag ang naka seguro ay namatay at inilibing, may nakatalagang halaga na binibigay para makatulong sa gastusin.
- ④ Suporta para sa pagpapagamot: Kapag ang bayarin ng isang buwan sa mga ospital o klinika ay lumampas sa nakatalagang lebel, ang sobrang bayarin ay sagot ng insurance.
- ⑤ Medikal na Bayarin: Sa pagsumite ng aplikasyon dala ang kailangang dokumento sa National Health Insurance Division ng nasasakupang city (ward) office at kung ito ay maaaprubahan, maibabalik ang nabayaran halaga ng pagpapagamot maliban sa parte na kailangang bayaran sa mga nakasaad sumusunod na sitwasyon gaya ng:
 - a) Kung sa hindi maiwasang pagkakataon at nagpacheckup na hindi dala ang insurance card.
 - b) Kung may binayaran kang therapeutic brace (corset, atbp.) na nireseta ng doktor.
 - c) Kung nagpa-massage treatment na nirekomenda ng doktor gaya ng moxibution, acupuncture, atbp.
 - d) Kung napilayan o nabalian at nagpagamot sa orthopedic clinic.

- e) Kung sa hindi maiwasang pangyayari at nagpa-ospital habang nasa ibang bansa (ibabase ang billing tulad sa halaga ng pagpapagamot sa loob ng Japan.

(5) Mga kaso na hindi kasama sa Insurance

Mga ordinaryong checkup, bakuna, cosmetic surgery, orthodontics (tooth realignment), normal na panganganak, at sakit na sanhi sa trabaho, ay hindi na sakop ng National Health Insurance (hindi maaaring gamitin ang iyong insurance card).

Para sa dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng National Health Insurance Department sa inyong munisipyo o ward office o sa kinabibilangan ninyong National Health Insurance Union.

3 Health Insurance (Employee's Health Insurance)

Ang pagpapalista sa Employee's Health Insurance ay kailangan para sa mga manggagawa na nagtrabaho sa isang kumpanya kung saan ito ay inaalok.

(1) Pagbabayad ng Insurance Premium

Ang buwanang hulog ay base sa iyong buwanang kita (kasama ang iba't ibang allowances) at ang mga bonus na natatanggap.

Ang iyong pinagtrabahuhan ang nagbabayad ng kalahati ng buwanang hulog at ang kalahati ay binabayaran ng empleado. (kung kanino nakapangalan ang seguro) at ito ay karaniwang kinakaltas sa buwanang sahod at bonus at binabayad sa inyong pangalan.

Gayundin, para sa mga naka seguro na may edad na 40 hanggang 64, ang dagdag na contribusyon para sa nursing care payments ay binabatay sa ganitong paraan din.

(2) Mga Benepisyo

- ① Gastusin sa medikal at dental : kapag nagpagamot sa ospital o sa klinika, kailangang ipakita ang iyong Health Insurance Card para ang babayaran ninyo ay 30% ng sumatotal ng babayaran, 20% para sa mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya, 20%~30% para sa mahigit 70 taong gulang. At ang natitira ay babayaran ng insurance sa ospital o klinika.
- ② Panganganak at pag-aalaga ng bata: Kapag may bagong panganak sa pamilya, may nakatalagang halaga na binibigay para makatulong sa gastusin sa panganganak.
- ③ Libing: Kapag yumao ang naka seguro o miyembro ng kanyang pamilya, may nakatalagang halaga na binibigay para makatulong sa gastusin ng libing.

- ④ Allowance sa pagpapagamot: Kapag ang gastusing medikal ay lumampas sa limitasyon na binibigay para sa isang buwan, ang labis na halaga ay binabayaran ng insurance.
- ⑤ Gastusing Medikal: Kapag sa di inaasahang pangyayari na ang gastusin ay binayaran ng naka seguro ng buo, o kung sakaling may therapeutic brace na inihanda, babayaran ng insurance ang buong halaga.
- ⑥ Allowance para sa malubhang pagkakasakit o pagkakaroon ng kapansanan: Sinuman na naka seguro na hindi na makapagtrabaho dahil sa sakit o kapansanan, mga two-thirds ng kanyang kita ay binabalik sa kanya.
- ⑦ Allowance sa pangananak: Kapag ang naka seguro ay lumiban sa trabaho dahil sa panganganak, o kaya ay matapos ang ika-4 na buwan ng pagbubuntis, (85 na araw), mga two-thirds ng kanyang sahod ay ibibigay para sa natatanging araw bago o pagkatapos ng panganganak.

(3) Mga kaso na hindi kasama sa Insurance

Pangkaraniwang checkup, bakuna, cosmetic surgery, orthodontics (tooth realignment), normal na panganganak, sakit at kapansanan dahil sa trabaho, sugat na natamo habang naglalakbay ay hindi sakop ng Health Insurance (hindi maaaring gamitin ang iyong Health Insurance card.

Kung kayo ay nangailangan ng medikal na atensyon dahil sa aksidente sa trapiko, ito ay kailangang ipatala sa iyong insurer (Japan Health Insurance Association or Health Insurance Association). Makipag-ugnayan sa iyong Insurer base sa nakalagay sa iyong insurance card.



Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

Tanggapan	Telepono	Address	Oras
Japan Health Insurance Association Saitama Branch (Para sa mga nakalista sa samahang ito)	Benepisyo at boluntaryong pagpapatuloy: 048-658-5919 Abiso sa gastusing medikal at aksidente sa trapiko: 048-658-5914 Medikal chekup / Gabay sa Kalusugan: 048-658-5915	16F Omiya Information Culture Center (JACK Omiya) 682-2 Nishiki-machi, Omiya-ku Saitama-shi	Lunes-Biyernes 8:30 - 17:15 (Maliban sa Pista Opisyal at New Year's Holiday, mula Disyembre 29 ~ Enero 3)

Iba pang (National Health Insurance Union / Mutual Aid Association, at ibp.)	Para sa kanilang telepono at address, tingnan ang nakasaad na impormasyon sa health insurance card.
--	---

4 Specific Health Check-ups (tokutei kenko shinsa)

Mga iba't ibang pangkalusugang checkup (tokutei kenko shinsa) ay maari para sa sinuman na kasapi ng health insurance at may edad na 40 hanggang 74 (kasama ang sinuman na umabot sa edad na 40 sa kasalukuyang fiscal year). Para sa dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong National Health Insurance Union.

Halimbawa, ang Japan Health Insurance Association ay nagbibigay ng mga pagpapayo para mapanatili ang kalusugan at impormasyon ukol sa lifestyle-related diseases para sa mga kasapi ng health insurance na may edad mula 35 hanggang 74 taong gulang (kasama ang sinumang magiging 35 taon gulang sa kasalukuyang fiscal year). Mayroon ding health check-ups (tokutei kenko shisa) para sa mga miyembro ng pamilya na sinusupportahan ng kasapi ng seguro, na may edad mula 40 hanggang 74 (kasama ang sinumang magiging 40 sa loob ng kasalukuyang fiscal year).

Para sa detalye at iba pang impormasyon, kontakin lamang ang insurer (kung saan nakasaping insurance) na nakalagay sa inyong health insurance card.

5 Sistema ng healthcare para sa matatanda na may edad mula 75 taong gulang pataas

Sinuman na may edad na 75 o higit pa (kasama ang mga may edad na 65 at higit pa, na may kapansanan at tinanggap ng pederasyon sa Saitama at kasalukuyang nagpapagamot) ay maaaring magpalista sa sistemang medikal para sa mga matatanda.

Subalit, kung siya ay hindi mamamayan ng bansa, at (1) sinuman na walang karapatan bilang residente ayon sa batas na ipinatutupad ng immigration control and refugee recognition, (2) sinuman na naninirahan ng 3 buwan o mas maikli pa, (3) sinuman na hindi sakop ng batas ng Basic Resident Registration at (4) sinuman na ang tanging sadya sa pagpunta sa Japan ay para sa medikal na kadahilanan ay hindi maaaring makapagpalista sa sistemang ito.

(1) Pagpapalista

Kapag umabot ng edad na 75 taong gulang o kung siya ay lumipat ng tirahan, base sa batas, ang kanyang insurance card ay dadating sa bagong tirahan at hindi na kinakailangang magpalista ng panibago.

(2) Pagbabayad ng Insurance Premium

Ang insurance premium ay ang suma total ng equivalence ratio, ang halagang dapat bayaran ng lahat ng kasapi at ang income ratio na ibabase sa lebel kung magkano ang inyong kinikita (maaring makakuha ng deductions). Sa prinsipyo, ang insurance rate ay magkakarapareho sa buong Saitama Prefecture.

(3) Insurance card

Kada kasapi ay binibigyan ng insurance card. Ito ay ipapakita tuwing magpapatingin sa isang duktor.

Base sa mga sumusunod, mangyari lamang na ibalik ang insurance card sa munisipyo, sa section para sa healthcare o pagpapagamot para sa matatanda.

- ① Kapag may mga bagay na nabago sa nakasaad sa insurance card
- ② Kapag nasira ang insurance card
- ③ Kapag ang nakalista ay nawalan ng karapatan na tumanggap ng benepisyo

(4) Mga Benepisyo

- ① Gastusing medikal : Kapag ang kasapi ay tumanggap ng serbisyong medikal sa pagpapakita ng kanyang insurance card sa mga ospital at klinika, 10% ng kanyang gastusin ang babayaran (depende sa kanilang kita, para sa mga may kita na higit sa isang tiyak na antas, 20% ~ 30%) ay kanilang babayaran. A natitirang bahagi ay babayaran ng insurance company sa mga ospital at klinika.
- ② Tulong pinansyal sa pagpapagamot: Kapag ang binayaran ng kasapi para sa isang buwan ay higit pa sa nakatakdang halaga, ito ay ibabalik sa kasapi.
- ③ Gastusin sa pagpapagamot: Base sa mga sumusunod na kadahilanan, ang mga matatanda, sa pagbibigay ng mga hinihinging dokumento, ay maaring maibalik ang kanilang binayaran sa pagpapagamot, (kakaltasin ang babayaran para sa service cost).
 - a. Kabayaran sa paggamit ng medikal na pasilidad ng walang insurance card.
 - b. Gastos sakaling tumanggap ng dugo.
 - c. Gastos sa checkup na gumagamit ng mga kailangang instrumento (corset, at iba pa)

- d. Kabayaran sa acupuncture, Chinese heat treatment, massage at iba pa, na inirerekomenda ng duktor na kailangang gawin.
 - e. Kabayaran para sa isang Japanese style chiropractor kung kailangan ang pag-aayos ng buto dahil sa pilay o pagkabali ng buto at iba pa.
 - f. Kabayaran sa pagpapagamot habang nasa biyahe sa ibang bansa.
- ④ Sakaling ang kasapi ay yumao, ilang porsyon ng gastusin sa pagpapalibing ay ibabalik.

(5) Kapag hindi kayo naangkop sa pagtanggap ng mga benepisyo ng insurance:

Ang alintuntunin ay kagaya ng sa National Health Insurance.

Para sa detalye ukol sa medikal na pagpapagamot para sa mga matatanda (may edad 75 taong gulang pataas), makipag-ugnayan sa munisipyo o city hall.

6 Nursing Care Insurance

Ang Nursing Care Insurance ay itinatag bilang parte ng Social Health Insurance System para makatulong sa pangangalaga ng matatanda, para sa maayos na pamumuhay ng lahat ayon sa sistema ng panlipunan. Pinapamahalaan ito ng mga munisipyo at lokal na pamahalaan. Ang mga benepisyo ay para sa lahat na may edad na 65 o higit pa, gayundin para sa may edad mula 40 hanggang 64 na kasapi sa mga medical insurance programs. Ayon sa prinsipyo, maging kayo ay hindi man Hapong nasyonal, makakatanggap pa rin ng ganitong benepisyo, sakaling mabigyan ng permiso na manirahan sa Japan ng 3 buwan o higit pa o makapagbibigay kayo ng katibayan ng iyong paninirahan sa bansa ng 3 buwan o higit pa.

Para sa detalye, makipag-ugnayan sa Nursing Care Insurance section sa inyong munisipyo.

(1) Insurance Premiums

- ① Para sa mga may edad ng 65 o higit pa, ang inyong babayaran ay depende kung saang munisipalidad kayo nakatira, gayun din sa lebel ng iyong kita at iba pa.
- ② Para sa mga may edad na 40 hanggang 64 na kasapi sa medical insurance, ang inyong babayaran ay naaayon sa patakaran ng inyong medical insurance kung saan kayo nakapasok.

(2) Pagkuha ng sertipiko ng pangangailangan ng matagalang pangangalaga

Para makatanggap ng serbisyo ng insurance para sa nakakatanda ay kailangang mayroong sertipikasyon ng pangangailangan ng matagalang pangangalaga kahit na masasabing naangkop ang kondisyon ng pangangailangan.

Para sa aplikasyon ng sertipiko, makipag-ugnayan sa seksyon ng health insurance at pangangalaga ng mga matatanda sa inyong munisipyo.

(3) Mga Benepisyo

Depende sa kani-kanilang kondisyon ay maaring makatanggap ng nursing care o iba pang tulong sa pag-aalaga o pag-aaruga ng matatanda.

Ang serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga ay may takdang limitasyon, magkonsulta lamang sa long term care specialist o nursing care manager para sa mas naangkop na serbisyo.

- ① Home Services (serbisyo ng pagbisita ng helper sa bahay, pagtanggap ng pangangalaga mula sa mga institusyon, serbisyo sa pananatili sa mga institusyon, serbisyo ng paggamit ng welfare equipments, pagtanggap ng suporta sa pagpa-ayos sa bahay, kagamitan para sa pangangalaga, at iba pa)
- ② Paggamit ng serbisyo sa mga pasilidad (Mga serbisyong binibigay gaya ng mga sumusunod: geriatric welfare at nursing care facilities, nursing homes para sa mga matatanda, at mga ospital na may mga gamit para sa mga matatanda. Base sa patakaran, sinuman na tumatanggap ng suporta o assistance mula sa welfare ay hindi pinapayagang gumamit ng mga serbisyong ito.)
- ③ Serbisyo ng pangangalaga sa komunidad (pagbibigay ng mga serbisyo upang patuloy na makapamuhay sa lugar na dati nang tinitirhan at nakasanayan).

(4) Babayaran sa paggamit ng serbisyo

Sa pangkaraniwan, ang babayaran sa paggamit ng serbisyo sa nursing care insurance ay 10% ng kaukulang gastusin o kaya (20% o 30% para sa mas mataas ang kita ayon sa patakaran).

.....

7 Impormasyon tungkol sa mga pagamutan / ospital

(1) Saitama Medical Institution Information System

Sa paggamit ng sistemang ito sa pamamagitan ng internet, ay makakakuha ng mga

impormasyon tungkol sa mga ospital, klinika, dentista, midwife centers, mga pharmacies, at iba pa, sa loob ng Saitama Prefecture. Ang mga dayuhan ay maaaring ding makahanap ng mga ospital kung saan puwedeng magkonsulta gamit ang kanilang sariling wika. (ang search results ay nakasaad sa Nihonggo)

Ang mga manuals o babasahin tungkol sa “Medical Institution Information System” ay mababasa sa iba’t ibang lengguahe (English, Chinese, Korean, Portuguese at Kastila).

Maaring mahanap ang mga institusyong medical o mga pagamutan gamit ang manual na ito o kaya sa paggamit ng naakmang salita o keywords.

Medical Institution Information System (Website of the Medical Advancement Division, Saitama Prefectural Government)

URL: <http://www.iryu-kensaku.jp/saitama/>

Mga manual sa iba’t ibang wika (Website of the International Division, Saitama Prefectural Government)

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/a0306/tabunkakyousei/medicalsistem.html>

(2) Pagkonsulta sa Telepono sa panahon ng emergency, Saitama Prefecture

1. Konsultasyon sa telepono para sa bata sa panahon ng emergency
2. Konsultasyon sa telepono para sa matanda (adults) sa panahon ng emergency
3. Impormasyon ng mga pagamutan

Para sa biglaang pagkakasakit o iba pang pinsala, mayroong counter sa konsultasyon na nakasulat sa ibaba. (sa wikang Hapon lamang).

Numero ng Telepono:

#7119 o **048-824-4199** (Dial-Up line, IP Telepono, PHS, ang mga mamamayan na naninirahan sa loob ng hangganan ng prepektura ay maaaring gumamit ng nasabing numero ng telepono.)

※Katulad pa rin ng dati.

#8000 o **048-833-7911** (Konsulta para sa bata) maaring magamit para tumawag.

Oras ng Konsultasyon:

24 oras, 365 araw

Paraan sa pagtawag:

Sundin ang instruksyon ng voice guidance monitor at piliin ang klase ng konsultasyon.

1. Konsulta para sa bata (Konsultasyon sa telepono para sa bata sa panahon ng emergency)
2. Konsulta para sa matanda (Konsultasyon sa telepono para sa matanda sa panahon ng

emergency)

3. Impormasyon ng mga pagamutan (para sa bata at matanda)

※ Hiling para sa paggamit ng “3. Impormasyon ng mga pagamutan”.

- Klinika ng dentista, Oral Surgery, maliban sa Phychiatric Care.

- Hindi namin kayo masasagot sa inyong konsultasyon.

- Bago pumunta para mag-pa-checkup sa inirekomendang ospital, tumawag muna sa nasabing ospital o pagamutan.

- May mga pagkakataon na hindi namin kayo matutulungan o matutugunan sa inyong

mga pagtatanong o kahilingan.

※ Kung kayo ay may kapinsanan sa pandinig o sa pagsasalita, gamitin lamang ang request form ng pagamutan o ospital. Punan ang porma (sa wikang Nihongo lamang) at ipadala sa FAX No. 048-831-0099.

Para sa request form ng pagamutan maaring tingnan lamang sa website ng Saitama Prefecture, [Konsultasyon sa telepono sa emerhensya, Saitama Prefecture].

(3) Saitama Pref. A1 Emergency Consultation

Sa biglaang pagkakasakit o pinsala, kung di malaman kung kailangan bang pumunta ng ospital o hindi, maaring gamitin ang serbisyo ng Saitama Pref. A1 emergency consultation (sa wikang Hapon lamang)

<https://www.pref.saitama.lg.jp/a0703/aikyukyu.html>

(4) AMDA International Medical Information Center

Ang AMDA ay nagbibigay ng libreng impormasyon sa sistema ng medikal, welfare, at insurance dito sa Japan. Gayun din ng mga impormasyon ukol sa mga ospital na nagbibigay ng serbisyo sa ibang wika maliban sa Nihongo.

Maari ding gumamit ng serbisyo ng tagasalin o interpreter sa iba pang wika sa pamamagitan ng telepono para sa mga medical checkup kung sumang-ayon ang ospital.

TEL: 03-6233-9266

URL: <https://www.amdamedicalcenter.com/>

8 Pagpapa-eksamen sa ospital

Sakaling kailangan ninyong magpatingin sa isang duktor, pumunta sa pinakamalapit na ospital o klinika. At kung sakaling kailangang magpagamot sa isang espesyalista, bibigyan kayo ng isang sulat (*shōkai jō*) mula sa duktor na tumitingin at irerekomenda kayo sa isang ospital na may mga pasilidad na inyong kailangan. Kung pupunta kayo kaagad sa isang

malakihang ospital ng walang rekomendasyon, maaaring magbayad kayo ng mas malaki kesa sa pangkaraniwang bayad.

(1) Proseso ng pagpapa-eksamen sa ospital

Magkakaiba ang proseso sa iba't ibang ospital. Gaya ng halimbawang sumusunod.

- ① Ipasa ang inyong insurance card sa reception desk kung kayo ay bagong pasyente at sabihin kung saang medikal na departamento magpapatingin.
- ② Sundin ang mga tagubilin at pumunta sa medikal na departamento.
- ③ Sa departamentong pupuntahan, kailangang magpasa ng talaan bago magpatingin sa duktor.
- ④ Pagkatapos ng konsultasyon, pumunta at magbayad sa kahera.
- ⑤ Kung niresetahan ng gamot, pumunta sa botika sa loob ng ospital o kaya'y sa botika sa labas ng ospital, at ipakita ang reseta na binigay ng inyong duktor. Bibigyan kayo ng gamot ayon sa nireseta ng duktor.

9 Pagpapa-ospital

May iba't ibang klase ng kuwarto sa ospital: pribadong kuwarto, kuwarto para sa 4 na pasyente, 6 na pasyente, pangkaraniwang kuwarto o sama-samang kuwarto at iba pa. Lahat ng uri ng health insurance ay sakop ang pagtigil sa isang pangkaraniwan o sama-samang kuwarto. Subalit, kung gagamit kayo ng pribadong kuwarto, kayo ang magbabayad sa dagdag na kabayaran.

10 Sistema ng pangangalaga ng isang taong nasa hustong gulang

Ang sistema ng pangangalaga sa mga nasa hustong gulang ay isang sistema upang legal na protektahan at suportahan ang mga karapatan ng isang tao na walang sapat na kakayahang gumawa ng mga desisyon dahil sa demensya, kapansanan sa intelektwal, sakit sa pag-iisip, atbp. (tutukuyin bilang "ang persona"). Sa malawak na pananalita, mayroong legal na sistema ng pangangalaga at boluntaryong sistema ng pangangalaga.

(1) Legal na sistema ng pangangalaga

- ① Kapag naging mahirap para sa indibidwal na gumawa ng sarili nilang desisyon tungkol sa mga kontrata para sa paggamit ng long-term care insurance at mga

serbisyong welfare, pamamahala ng mga deposito at ipon, ari-arian, pagbabayad ng mga gastusin, atbp. at humirang ng isang tao upang tumulong. May tatlong sistema: ayuda o tulong, pagpa-pangasiwa, at pangangalaga depende sa kanyang kakayahang gumawa ng mga desisyon.

	Ayuda o tulong	Pagpa-pangasiwa	Pangangalaga
Kakayahan ng persona	Hindi sapat ang kakayahan sa paghatol at pagdesisyon	Ang persona ay may kapansin-pansing hindi sapat na kakayahan sa paghatol	Normal sa persona ang kawalan ng kakayahang gumawa ng mga pagde-desisyon
Taong susuporta sa persona	Magbibigay ng ayuda	Taga-pangasiwa	Tagapag-alaga

② Paggawa ng Petisyon sa Family Court

Ang isang petisyon ay maaaring gawin ng indibidwal mismo, kanilang asawa, mga kamag-anak sa loob ng apat na antas ng pagkakamag-anak, isang pampublikong tagausig, o ang alkalde ng munisipalidad. Sa pangkalahatan, ang petisyon ay dapat gawin sa korte ng pamilya (o sangay na tanggapan) na may hurisdiksyon sa lugar kung saan nakatira ang indibidwal o persona.

Kung hindi mo alam kung aling hukuman ng pamilya ang may hurisdiksyon sa iyong lugar, tanungin ang iyong pinakamalapit na hukuman ng pamilya. Website: <https://www.courts.go.jp/saitama/saiban/madoguti/index.html>

③ Tanggapan ng konsultasyon

• Mangyaring sumanguni sa departamentong namamahala sa bawat munisipalidad o sa tanggapan gaya ng "Adult Guardianship Center". (Para sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa bawat munisipalidad, mangyaring tingnan ang website ng Saitama Prefectural Comprehensive Community Care Division.)

URL: <https://www.pref.saitama.lg.jp> (mula sa website ng prefectural, "Konsultasyon sa sistema ng pangangalaga sa taong nasa hustong gulang")

(Sa homepage ng Saitama Prefecture, hanapin ang "成年後見制度 相談窓口" (seinen kouken seido soudan madoguchi). Nakalista ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng mga munisipalidad at pati na rin ang mga korte ng pamilya.)

④ Mga Pamamaraan

Saitama Family Courts, Website ng Tagapangalaga:

<https://www.courts.go.jp/saitama/saiban/tetuzuki/kouken/index.html>

(Para sa mga tawag o personal na pagbisita, makipag-ugnayan sa iyong pinakamalapit na korte ng pamilya na nakalista sa ②.)

※ Ang proseso para sa pag-petisyon para sa isang tagapag-alaga ay isasagawa ng korte ng Japan kahit para sa mga dayuhang residente habang sila ay naninirahan sa Japan. (Artikulo 5, Batas sa Mga Pangkalahatang Panuntunan para sa Paglalapat ng mga Batas (Act No. 78 ng 2006).

(2) Sistema ng Boluntaryong Pangangalaga

Sa sistemang ito, ang isang indibidwal (ang persona) ay humirang ng isang tao habang mayroon pa silang sapat na kapasidad para sa paghatol sa pamamagitan ng isang kontrata (kontrata ng boluntaryong pangangalaga) upang gampanan ang mga tungkulin bilang kanilang kinatawan. Sa hinaharap kapag ang kapasidad ng persona para sa paghatol ay bumaba na, ang kontrata ay magkakabisa pagkatapos na maihain ang isang petisyon sa hukuman ng pamilya upang humirang ng boluntaryong tagapag-alaga.

① Tungkol sa kontrata ng boluntaryong pangangalaga


Ang kontratang ito ay dapat ayusin upang maging notarized na dokumento na isasagawa ng isang notaryo sa isang lokal na pampublikong opisina ng notaryo.

② Ang isang petisyon ay maaaring gawin ng indibidwal mismo, kanyang asawa, kamag-anak sa loob ng apat na antas ng pagkakamag-anak, o ng boluntaryong tagapag-alaga. Sa pangkalahatan, ang petisyon ay ginagawa sa korte ng pamilya (o sangay na tanggapan) na may hurisdiksyon sa lugar kung saan nakatira ang indibidwal o persona. (Kung hindi ka sigurado kung aling hukuman ng pamilya ang may hurisdiksyon sa iyong lugar, tanungin ang iyong pinakamalapit na hukuman ng pamilya.)

Website: <https://www.courts.go.jp/saitama/saiban/madoguti/index.html>

※ Maari ding magpetisyon sa korte ng Japan na magtalaga ng dayuhang residente bilang boluntaryong tagapag-alaga. Makipag-ugnayan sa iyong pinakamalapit na hukuman ng pamilya gaya ng nakabalangkas sa ② para sa karagdagang impormasyon.

**Kabanata 5
Pagbubuntis,
Panganganak, Pag-aalaga
ng bata, Pamilya**



Kobaton, mascot ng Saitama

- 1 **Public Health Centers**
- 2 **Pagbubuntis, Panganganak at Pag-aalaga ng bata**
- 3 **Mga Bakuna**
- 4 **Nurseries at Nintei Kodomo-en (Centers para sa pag-aalaga at edukasyon ng maliit na mga bata)**
- 5 **Pasilidad para sa paalagaan ng mga bata, Suporta para sa mag-iina lamang na pamilya, at Pasilidad sa panganganak**
- 6 **Suporta para sa gastusing medikal ng mga bata**
- 7 **Suporta para sa mga bata**
- 8 **Suporta para sa pamilya**
- 9 **Tanggapan para sa Konsultasyon tungkol sa mga bata**
- 10 **Support centers sa mga distrito sa pag-aalaga ng mga bata**
- 11 **Support Centers para sa pamilya**
- 12 **Center para sa mga Bata**

1 Public Health Centers

Ang mga pampublikong health centers sa Saitama ay nagbibigay ng mga sumusunod na serbisyo:

- Konsultasyon sa espesyalista at pagpapayo sa mga may sakit na intractable o rare diseases, tuberculosis, nakakahawang sakit, problema sa mental na kalusugan at iba pa.
- Pagsusuri sa AIDS at STD (Sexually Transmitted Disease) at Hepatitis Virus at iba pa;
- Konsultasyon sa ligtas na pagpapagamot
- Konsultasyon sa aso at iba pang mga hayop;
- Pagpapayo at suporta sa mga nagpapagaling laban sa droga;
- Konsultasyon at pagsusuri ng pagkain at tubig para sa mabuting kalusugan



Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

[Public Health Centers sa Saitama Prefecture]

Tanggapan	Telepono	Sakop na mga area	Oras
Nanbu Public Health Center	048-262-6111	Warabi-shi, Toda-shi,	Lunes -Biyernes 8:30 – 17:15 (maliban kung pista opisyal at Bagong Taon)
Asaka Public Health Center	048-461-0468	Asaka-shi, Shiki-shi, Wako-shi, Niiza-shi, Fujimi-shi, Fujimino-shi, Miyoshi-machi	
Kasukabe Public Health Center	048-737-2133	Kasukabe-shi, Matsubushi-machi	
Soka Public Health Center	048-925-1551	Soka-shi, Yashio-shi, Misato-shi, Yoshikawa-shi	
Konosu Public Health Center	048-541-0249	Konosu-shi, Ageo-shi, Okegawa-shi, Kitamoto-shi, Ina-machi	
Higashi-Matsuyama Public Health Center	0493-22-0280	Higashi-Matsuyama-shi, Namegawa-machi, Ranzan-machi, Ogawa-machi, Kawajima- machi, Yoshimi-machi, Tokigawa-machi, Higashi-Chichibu	
Sakado Public Health Center	049-283-7815	Sakado-shi, Tsurugashima-shi, Moroyama- machi, Ogose-machi, Hatoyama-cho	
Sayama Public Health Center	04-2954-6212	Tokorozawa-shi, Hanno-shi, Sayama-shi Irima-shi, Hidaka-shi	
Kazo Public Health Center	0480-61-1216	Gyoda-shi, Kazo-shi, Hanyu-shi	
Satte Public Health Center	0480-42-1101	Kuki-shi, Hasuda-shi, Satte-shi, Shiraoka- shi, Miyashiro-machi, Sugito-machi	
Kumagaya Public Health Center	048-523-2811	Kumagaya-shi, Fukaya-shi, Yorii-machi	
Honjo Public Health Center	0495-22-6481	Honjo-shi, Misato-machi, Kamikawa-machi, Kamisato-machi	
Chichibu Public Health Center	0494-22-3824	Chichibu-shi, Yokoze-machi, Minano- machi, Nagatoro-machi, Ogano-machi	

[Public Health Centers sa Lungsod]

Saitama City Public Health Center	048-840-2205	Saitama-shi	Lunes -Biyernes 8:30 – 17:15 (Maliban kung pista opisyal at Bagong Taon)
Kawagoe City Public Health Center	049-227-5101	Kawagoe-shi	
Koshigaya City Public Health Center	048-973-7530	Koshigaya-shi	
Kawaguchi City Public Health Center	048-266-5557	Kawaguchi-shi	

2 Pagbubuntis, Panganganak at Pag-aalaga ng bata

(1) Sertipikasyon ng pagbubuntis at Health Handbook ng Sanggol at Ina

Kapag nakumpirma ang pagbubuntis, ipasa ang abiso sa inyong munisipyo o ward office sa lalong madaling na panahon at kayo ay bibigyan ng Health Handbook ng sanggol at ina (sa Nihonggo) kasama ng isang public expense voucher para sa iyong pre-natal checkup. Bago ang panganganak, ang Health handbook ng sanggol at ina ay ginagamit para sa pagtatala ng kalusugan ng ina at kanyang magiging anak. Matapos manganak, ito ay ginagamit para maitala ang kalusugan at bakuna ng bata. Kailangang dalhin ito tuwing may chekup at sa panganganak. Lahat ng mga banyagang residente ay maaaring bigyan ng handbook sa kabila ng kanilang estado ng paninirahan.

(2) Edisyon ng Health Handbook ng Sanggol at Ina sa iba't ibang wika

Ang organisasyon para sa kalusugan ng sanggol at ina ay nagsagawa din ng mga handbook sa banyagang wika (English, Chinese, Portuguese, Spanish, Korean, Thai, Indonesian, Tagalog, Vietnamese) (na may kasamang Nihongo text).

Ang handbook ay maaari ding mabili sa internet, tingnan ang website ng (Hon no Rakuiku Mantendo) . Para sa detalye, kontakin ang Hon no Rakuiku Mantendo.



Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

Tanggapan	Contact	Pagtanggap ng tawag sa Telephono
Hon no Rakuiku Mantendo	http://www.ecur.co.jp/ Tel : 03-4334-1163	Lunes – Biyernes (Maliban pag pista opisyal at Bagong Taon) 9:00 - 12:00 13:00 - 17:00

(3) Suporta para sa mga buntis at mga bata

- ① Prenatal Health Checkups: Ang mga buntis ay maaaring magpa-prenatal checkup ng libre para masiguro ang kanilang kalusugan at ng kanilang sanggol.
- ② Maternity Classes (pag-aaral para sa magiging magulang): Ito ay nagtuturo sa mga bagong nanay tungkol sa pag-alaga ng kanilang kalusugan habang buntis, pag-aayos para panganganak, at pag-aalaga sa bagong silang na sanggol.
- ③ Konsultasyon sa pag-aalaga ng sanggol : Isang nars o kumadrona, base sa iyong kahilingan, ang pupunta sa inyong bahay para maggabay at magpayo sa anumang katanungan na meron kayo sa inyong sanggol. Ang serbisyong ito ay binibigay sa unang 28 na araw matapos ang panganganak.

- ④ Pagbisita sa mga tahananang may bagong silang na sanggol : Isang nars ang pupunta sa mga bahay na may sanggol na may edad na 4 na buwan, makikinig sa mga alalahanin at magbibigay ng mga impormasyon na kailangan para maging isang mabuting magulang.
- ⑤ Mga regalong suporta sa panganganak/pagpapalaki ng bata ibibigay. Sinumang nagpasa ng abiso sa pagbubuntis o panganganak ay makakatanggap ng mga benepisyong suporta, kupon, atbp. para sa pagbili ng mga gamit na nauugnay sa panganganak at pagpapalaki ng bata.
- ⑥ Pagtanggap ng minsanang kabayaran bilang suporta sa panganganak at pag-aalaga ng bata : Sinuman na nakatala sa National Health Insurance ay makakatanggap ng minsanang kabayaran para makatulong sa mga gastusin ng panganganak at pagkatapos manganak ayon sa nakalagay sa aplikasyon ng pagbabayad. Para sa karagdangang detalye, makipag-ugnayan sa tanggapan ng National Health Insurance Division ng iyong munisipyo o ward office, o kaya sa National Health Union kung saan kayo kasapi.

Kung kasapi sa isang Employee's Health Insurance plan, maaari din kayong makatanggap ng minsanang bayad para makatulong sa gastos ng panganganak. Para sa dagdag na detalye, magtanong sa inyong kumpanya.

Para sa dagdag na impormasyon sa detalye ng ①~⑤, makipag-ugnayan sa Seksyon ng pangkalusugan ng Sanggol at Ina sa inyong munisipyo o ward office, o sa public Health Center.

(4) Pag-aaral para sa pag-alaga ng bata

Mayroong klase na binubuksan para maturuan ang mga nanay kung paano mag-alaga ng bagong panganak na sanggol. Para sa detalye, tumawag o magsadya sa Seksyon para sa pangkalusugan ng Sanggol at Ina sa inyong munisipyo o ward office, o sa public Health Center.

(5) Checkup para sa kalusugang pisikal at dental ng sanggol

Ang mga munisipyo ay nagbibigay ng libreng checkup para sa kalusugang pisikal at dental ng mga sanggol at maliliit na mga bata na may edad na 3-4 buwan, 18 buwan, at 3 taong gulang. Ang bilang ng mga edad ng bata ay maaaring maiba depende sa patakaran ng lokal na munisipyo. Dalhin ang inyong Health Handbook para sa Sanggol at Ina sa checkup. Para sa dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa Seksyon para sa pangkalusugan ng Sanggol at Ina sa inyong munisipyo o ward office, o sa public Health Center.

(6) Suporta para sa pagpapagamot ng kahirapan sa pagbubuntis

Pagbigay ng suporta sa ilang porsyon ng gastusin sa pagpapagamot ng mag-asawa na nakarehistro bilang residente sa prefecture at kung sila ay nagpagamot para sa vitro fertilization / intracytoplasmic sperm injection sa alinman sa nakatalagang ospital. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay lamang sa health center sa inyong lugar.

(7) Pagsusuri sa inherited metabolic disorders at iba pa

Sa Saitama Prefecture, sinusuri namin ang mga bagong ipinanganak na mga sanggol upang maagang matuklasan ang sakit sa kalikasan at upang maagang maigamot. Maaari naming gawin ang mga check up para sa 20 na sakit. Ang mga sakit na ito ay bihirang mangyari ngunit kung ang pagtuklas at paggamot ay nahuli, maaring maging sanhi ng huling pag lako ng isip at pisikal na katawan. Subalit, kung ang sakit na maagang natagputan at may wastong paggamot, maaari nating maiwasan ang mga sintomas na karamihan sa mga sakit na ito. Kasalukuyan, ang karamihan ng lahat ng mga sanggol ay dumadaan ng pagsusuri. Para sa mga detalye, mangyaring mag tanong sa Kagawaran ng Kalusugan at Kagalingan ng Saitama Prefecture.

(8) Suporta para sa bayad ng Fertilization Test

Ang mga nagsasama na legal na kasal na mag-asawa, nakatala ang tirahan sa Saitama at ang kita ay naayon sa takdang limit ay mabibigyan ng suporta para sa ilang porsyon ng kabayaran. Para sa detalye, tumawag o magsadya sa munisipyo o public health center na malapit sa iyong tirahan.

(9) Suporta para sa Fertilization Treatment

Ang mga nagsasama na legal na kasal, nakatala ang tirahan sa Saitama, at may kita na sakop ng nakasaad na lebel ay maaaring magpalista para sa suportang ito. Kasama ang kabayaran ng in-vitro fertilization o micro fertilization treatment sa mga natatanging ospital na sakop. Para sa detalye, tumawag o magsadya sa public health center na malapit sa inyong tirahan.

3 Mga Bakuna

Ang mga bakuna ay tumutulong para lumakas ang ating resistenya laban sa mga sakit at maiwasan ito ganundin ang pagkalat ng mga sakit.

Ang mga bakunang nakalista ay libreng binibigay ayon sa mga kondisyon: Kung sa mga

sumusunod na kaso ①~③ ay kwalipikado kayo, matatanggap ninyo ito nang walang bayad (kung hindi kayo kwalipikado kailangang bayaran ang angkop na singil)

- ① Katibayan na nakatira sa bayan ang inyong anak na pinapakita ng isang Resident Record o abiso mula sa Immigration Bureau,
- ② Dalhin ang inyong anak sa nakalistang ospital o sa public health center sa takdang oras ng bakuna gaya ng sinabi ng inyong lokal na munisipyo o ward office,
- ③ Kailangang maganda ang kondisyon ng kalusugan ang inyong anak para mabigyan ng bakuna.

Ang iskedyul at bayad sa bakuna ay nagkakaiba, depende sa bawat munisipyo. Kung kaya't maiging siguraduhin muna sa inyong lokal na munisipyo o ward office, o sa iyong lokal na public health center bago gawin ang pagpa-bakuna. Dalhin ang inyong Health Handbook para sa Sanggol at Ina.

Isinalin sa iba't ibang wika ang handbook ng "Pagpa-bakuna ng mga bata at ang kanilang kalusugan", sa (English, Chinese, Korean, Vietnamese, Spanish, Portuguese, Thai, Indonesian, Tagalog, Nepali) at ito ay maaring i-download mula sa Vaccination Research Center Foundation's website. Kasama dito ang impormasyon tungkol sa mga bakuna at mga sakit na maaaring mabigyan ng bakuna.

URL: <https://www.yoboseshu-rc.com/pages/8/>

4 Nurseries at Nintei Kodomo-en (Centers para sa pag-aalaga at edukasyon ng mga bata)

Ang mga Nursery schools ay mga pasilidad na nagbibigay ng day care services para sa mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya, na hindi maalagaan ng kanilang mga magulang sa iba't ibang kadahilanan gaya ng maysakit o parehong nagtrabaho. Maaaring ipasok dito ang mga sanggol at mga batang hindi pa pumapasok sa elementarya.

Ang mga batang may edad 3 taong gulang hanggang 5 taon gulang ay libre ang pagpapalaga. Para sa mga sanggol hanggang 2 taon gulang, ang bayad sa pagpa-alaga ay depende sa patakaran ng munisipyo kung saan nakatira at sa income ng mga magulang.

Para sa aplikasyon sa pagpasok sa nursery school, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children's Welfare Division ng inyong munisipyo o ward office.

Ang **nintei kodomo-en** ay awtorisadong pasilidad para sa mga batang may edad 0

hanggang 5 taon gulang, na katulad ng isang kindergarten at daycare center. Ang mga bata na may edad 3 hanggang 5 taon gulang ay inaalagaan at tinuturuan, nagtratabaho man o hindi ang kanilang mga magulang.

Ang bayad sa pagpapa-alaga sa isang nintei kodomo-en ay kasintulad din ng sa nursery o daycare. Para sa aplikasyon sa nintei kodomo-en makipag-ugnayan sa pasilidad o sa seksyon ng pag-aalaga ng bata ng munisipyo.

Sa Saitama Prefecture ang mga magulang ay ini-enganyo sa positibong pamamaraan ng pagpapalaki ng mga bata, kagaya ng (1) masayang pamumuhay (2) pakikipag-ugnayan sa ibang tao (3) pagkakaroon ng libangan. Ang babasahin para sa pamilya ay nakalathala sa Nihongo, simpleng Nihongo at iba pang mga dayuhang wika (English, Chinese, Spanish, Portuguese, Tagalog, Korean, North Korean, Vietnamese, Indonesian) at mababasa lahat sa website na nasa ibaba. Gamitin kung kinakailangan.

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/f2214/mebae02/mebae-panfuri-fu.html>

5 Pasilidad para sa paalagaan ng mga bata, Suporta para sa mag-iina lamang na pamilya at Pasilidad sa panganganak

May mga pampublikong pasilidad na paalagaan ng mga bata kung saan maaring tumigil o tumira ang mga batang hindi nabibigyan ng tamang pag-asikaso sa kanilang bahay ng kanilang mga magulang dahil sila ay may sakit o dahil sa kakulangan sa panggastos. Ang angkop na edad ay mula 0 hanggang 18 taong gulang. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa tanggapan para sa konsultasyon ukol sa mga bata sa inyong lokal na munisipyo.

Ang pasilidad para sa suporta ng mga pamilyang mag-iina lamang ay kumukupkop sa mga single mothers at sa kanilang mga anak para manuluyan sa pasilidad habang tumatanggap ng suporta para sa maayos na pamumuhay.

Ang pasilidad para sa panganganak ay tumutulong sa mga buntis na walang kakayahang pinansyal at nag-aalok ng pansamantalang tirahan habang naghihintay ng panganganak.

Para sa detalye at impormasyon tungkol sa pasilidad para sa pag-suporta ng mga pamilyang mag-iina lamang o pasilidad para sa panganganak, makipag-ugnayan sa tanggapan para sa Konsultasyon ukol sa mga bata sa inyong lokal na munisipyo.

6 Suporta para sa gastusing medikal ng mga bata

Tulong para sa gastusing medikal ng mga sanggol at mga bata na may espesyal na

pangangailangan ay binibigay kapag kayo ay nakarehistro bilang residente (na-isyuhan ng Residence Card) at ang bata ay nakalista sa isang medical insurance.

(1) Gastusin sa pag-aalaga at pagpapagamot ng Premature Baby

Kung ang sanggol ay pinanganak na may timbang na 2,000g o mas mababa at may diperensya o kakulangan sa bahagi ng katawan, ang Saitama Prefecture ang sasagot ng bahagi o buong gastusin sa paggagamot. Ito ay base sa kita ng mag-anak at batay sa kasunduan na ang sanggol ay ipapasok sa nakatalagang ospital. Ang Saitama Prefecture at ang munisipyo ay tutulong sa gastusin hanggang sa sumapit ang unang kaarawan ng bata.

Para sa mga detalye, tumawag sa tagapamahala ng pag-aalaga at pagpapagamot ng premature baby.

(2) Gastusing medikal ng mga bata

Ang pagsasauli ng nagugol na bahagi ng gastos para sa pagpapagamot ng bata na hindi sakop ng insurance ay maaaring makuha sa munisipyo. Ang edad ng bata ay magkakaiba depende sa batayan ng bawat munisipyo.

Para sa dagdag na kaalaman, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children's Welfare Desk ng munisipyo o ward office.

(3) Serbisyo at suporta para sa mga may kapansanan /Suporta sa pagpapagamot ng mga batang may potensyal na magkaroon ng kapansanan

Ang medikal na gastusin para sa mga may kapansanang bata na may edad na 18 o mas bata, na babayaran sana ng kanyang pamilya ay sasagutin ng lokal na pamahalaan (depende sa pinansyal na estado ng pamilya). Ito sa base sa kasunduan na ang paggagamot ay gagawin sa itinalagang ospital at may nakikitang pagbuti o paggaling sa pasyente.

Para sa detalye, makipag-ugnayan sa tagapamahala ng medical service para sa mga bata na mayroong kapansanan sa inyong munisipyo o ward office.

(4) Suporta sa pagpapagamot ng mga batang may chronic diseases at iba pang malubhang sakit

Isang bahagi o buong gastusin para sa pagpapagamot ng pamilya sa anak na 18 taong gulang o mas bata na nakamana o nagkaroon ng sakit gaya ng chronic nephritis, malignant cancer o isang congenital metabolic disorder, ay sasagutin ng Saitama Prefecture. Ito ay base sa kasunduan na ang paggagamot ay itutuloy sa nakatalagang ospital..

Makipag-ugnayan sa public health center na malapit sa inyong tirahan.

7 Suporta para sa mga bata

Isang allowance ang binibigay sa mga nag-aalaga at nag-aaruga sa mga bata mula sanggol hanggang 15 taong gulang. (hanggang sa ika- 31 ng Marso ng fiscal year matapos ang kanilang ika-15 na kaarawan.) Ito ay para sa mga magulang at kanilang anak na naninirahan sa Japan. (maliban kung ang bata ay naninirahan sa bansa dahil sa siya ay nag-aaral.) Para sa impormasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children's Welfare Desk ng munisipyo o ward office.

8 Suporta para sa mga bata at sa pamilya

(1) Suporta o allowance sa pag-aalaga ng bata

Ang allowance na ito ay para sa mga nanay o tatay na mag-isang itinataguyod ang pamilya o kung maysakit ang nanay o ang tatay. Binibigay sa nag-aalaga hanggang Marso, 31 ng fiscal year matapos ang ika- 18 na kaarawan ng bata. Tandaan lamang na ang batayan sa pagpili ay base sa kita ng pamilya. Para sa mga impormasyon, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children's Welfare Desk ng inyong munisipyo o ward office.

(2) Suporta o allowance para sa mga batang may kapansanan

Isang allowance ang binibigay sa sinuman na nag-aalaga sa mga bata na may edad na 20 taon gulang o mas bata, na may kapansanan, pisikal o mental man. Tandaan lamang na may batayan base sa kita ng pamilya na tinitingnan. Para sa detalye tumawag o pumunta sa tanggapan ng Children's Welfare Desk o Disability Welfare Department of the Prefectural Welfare and General Health Center.

(3) Pagpapautang o welfare loans para sa single mother, walang ina na pamilya at mga balo

Ang pagpapautang o welfare loans ay binibigay sa mga tumatayong nag-iisang magulang (kasama ang mga balo na nag-asawa muli) na may anak na inaaruga na may edad na 20 o mas bata, para makatulong sa gastusin sa pag-aaral, pagpapagamot, at paglilipat ng tirahan. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng Children's Welfare Desk sa inyong lokal na munisipyo o ward office.



Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

Welfare Center	Telephono	Address	Oras
Tobu Chuo Welfare Office	048-737-2359	1-76 Onuma, Kasugabe-shi	Lunes – Biyernes (Maliban kung pista opisyal at Bagong Taon) 8:30 – 17:15
Seibu Welfare Office	049-283-6780	2327-1 Ishii, Sakado-shi	
Hokubu Welfare Office	0495-22-0140	1-8-12 Maebara, Honjo-shi	
Chichibu Welfare Office	0494-22-6228	8-18 Sakuragi-cho, Chichibu-shi	

(4) Suporta o medical allowance para sa Single Parents

Ang allowance na ito ay para sa mga tumatayong mag-isang magulang, nanay o tatay man, ng mga bata na hanggang 18 taong gulang (hanggang March 31 ng fiscal year matapos ang ika-18 kaarawan ng bata) o 19 taong gulang na bata na mayroong kapansanan. Ito ay nagbabalik ng ibinayad sa pagpapagamot na hindi sakop ng insurance. Tandaan lamang na may batayan para sa pagbibigay ng serbisyong ito base sa kita ng pamilya. Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa pagbabalik ng ibinayad, magtanong sa tanggapan ng Children's Welfare Desk o sa Health Insurance Desk ng inyong munisipyo o ward office.

9 Tanggapan para sa konsultasyon tungkol sa mga bata

Ang tanggapan **para sa konsultasyon tungkol sa mga bata** ay nagbibigay ng pangkalahatang pagpapayo at pagsuporta sa mga batang may edad na 0 taon gulang hanggang bago sumapit ang ika-18 taong gulang.



Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

Tanggapan	Telepono	Address	Oras
Chuo Children's Counseling Office	048-775-4152	1242-1 Ageo-mura, Ageo-shi	Lunes – Biyernes (Maliban pag pista opisyal at Bagong Taon) 8:30 – 18:15
Minami Children's Counseling Office	048-262-4152	1-1-56 Shibashimo, Kawaguchi-Shi	
Kawagoe Children's Counseling Office	049-223-4152	33-1 Miyamoto-cho, Kawagoe-shi	

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Tokorozawa Children's Counseling Office	04-2992-4152	1-9-2 Namiki, Tokorozawa-shi	
Kumagaya Children's Counseling Office	048-521-4152	5-12-1 Hakota, Kumagaya-shi	
Koshigaya Children's Counseling Office	048-975-4152	402-1 Onma, Koshigaya-shi	
Soka-shi Children's Counseling Office	048-920-4152	425-2 Nishi-cho, Soka-shi	
Saitama City (north area) Children's Counseling Office	048-711-3917	4-4-10 Kamikizaki, Urawa-ku, Saitama-shi Saitama City Children's Family Center "Aiparet" 4th floor	Lunes – Biyernes (maliban pag pista opisya at Bagong Taon) 8:30 – 18:00
Saitama City (south area) Children's Counseling Office	048-711-2489		

10 Support Centers sa mga distrito para sa pag-aalaga ng mga bata

Mayroon mga support centers sa inyong distrito kung saan maaari ninyong dalhin ang inyong mga anak na may edad mula 0 taong gulang. Maaari silang maglaro at magkakaroon din kayo ng mga bagong kakilala na iba pang mga magulang at mga bata. Tinatawag din itong mga meeting plazas at support centers para sa pag-aalaga ng mga bata. Maaari din kayong magtanong at makahingi ng mga payo tungkol sa pagpapalaki at pag-aalaga ng mga bata.

Karamihan sa mga centers na ito ay libre pero ang iba ay nanghihingi ng konting bayad sa paggamit ng pasilidad. Ang mga ito ay nasa loob ng siyudad, bayan at mga barangay. Para sa detalye, magtanong sa tanggapan ng Childrearing Assistance Division.

11 Support Centers para sa pamilya

Ang Support Centers para sa pamilya ay binubuo ng mga taong makakatulong sa inyo sa pag-aalaga ng inyong mga anak. Isang halimbawa ay ang serbisyong paghahatid-sundo nila sa inyong anak sa pagpasok sa day care at pag-uwi sa inyong bahay, o kaya'y magtitingin sa kanya/kanila habang wala kayo sa bahay.


Kinakailangan lamang magpalista bago makagamit ng serbisyo at may singil na babayaran para sa mga serbisyong kagaya ng sa paghahatid-sundo sa inyong anak o sa pag-aalaga sa kanila. Magkakaiba ang hinihinging kabayaran sa bawat siyudad, bayan at barangay, subalit ito ay humigit kumulang ay 700 yen kada oras. Para sa detalye, magtanong sa tanggapan ng Childrearing Assistance Division.

12 Center para sa mga bata

Ang Center para sa mga bata ay kung saan maaring dalhin ng mga magulang ang kanilang mga anak (karamihan ay mga estudyante sa elementary at junior high school) para sila ay makapaglaro. Walang bayad sa paggamit nito.

Mayroong mga klase sa ehersisyo, paggawa ng mga handicrafts, at iba't ibang talakayan ng mga grupo. (May mga pagkakataon na nanghihingi sila ng konting bayad para sa gagamiting mga materyales.)

Para sa detalye, magtanong sa tanggapan ng Childrearing Assistance Division.



Kobaton, mascot ng Saitama

1 National Pension Plan

2 Employee's Pension Insurance

May tatlong mga klase ng pension ang sistema ng pension ng Japan : national pension plan, employee's pension plan, at ang mutual aid pension. Upang magkaroon ng seguridad pampinansyal at pantustos sa mga gastusin sa panahon ng pagreretiro, ang lahat ng mga taong naninirahan sa Japan ay kinakailangang sumapi sa National Pension Plan, Gayundin depende sa trabaho o istilo ng pinagtatrabahuhan ay may iba pang mga pension plans na naakmang pasukan. Ang national pension plan ay nagkakaloob ng karampatang benepisyo sa mga kasapi. Maliban sa pensyon na ibinibigay sa mga residenteng mahigit na 65 taong gulang, maaari ding tumanggap ng disability pension ang sinumang nagkaroon ng kapansanan dahil sa malubhang pagkakasakit o pagkakaaksidente. Gayundin, makakatanggap ng bereaved family pension ang kapamilya ng isang kasapi, kung itinuturing na pangunahing kumikita, sakaling siya ay mamatay.

Maliban sa pangunahing seguro, ang mga nakapasok din sa Employee's Pension Insurance Plan ay tatanggap ng dagdag na pension payments at benefits depende sa inihuhulog na kontribusyon.

1 National Pension Plan

Lahat ng nakatira at may address dito sa Japan mula sa edad na 20 taong gulang hanggang 59 taong gulang, kabilang ang mga banyaga, ay kinakailangang sumapi sa National Pension Plan. Makipag-ugnayan lamang sa National Pension Counter sa inyong

local na munisipyo o ward office. Ang mga may hulog kontribusyon sa Employee's Pension Insurance Plan ay hindi na mangangailangan ng karagdagang papeles para sumapi sa National Pension Plan. Makakatanggap ng pensyon ang kasapi (o ang mga dependents) kung regular at patuloy ang pagbayad ng premiums.

(Tingnan ang detalye sa (2) Mga klase ng Pension Benefits

(1) Babayarang Premium Contributions

Ang halagang kailangang hulugan ay pare-pareho para sa lahat ng miyembro. Papadalhan ng Japan Pension Service ang mga miyembro ng notisya ng Insurance Premium Payment Statement kung saan nakasaad ang halagang dapat bayaran at kung kailan ito dapat mabayaran.

Maaaring i-waive o di na kailangang mabayaran ang kontribusyon sa ilang mga pagkakataon, tulad halimbawa kapag mababa ang kinita, at iba pa.

(2) Mga klase ng Pension Benefits

- ① Ang mga sumusunod na pangunahing benepisyong pensyon ay ipinagkakaloob alinsunod sa mga alituntunin. Sakaling hindi na nakatira sa Japan, maaari pa ring matanggap ang mga ito.
- Basic Pension para sa matatanda : Makakatanggap nito kung kayo ay sumapi at tumuntong na sa edad na 65 taong gulang.
 - Disability Basic Pension : Kung ang miyembro ay nakabayad ng katugma o two thirds o mahigit pa sa suma total na babayaran sa insurance, at sya ay napinsala, naaksidente o nagkaroon ng malubhang sakit, Makakatanggap ng benepisyo ang miyembro kung nagpakonsulta sa isang institusyong medikal sa unang pagkakataon sa panahong nakapasok sa insurance (kung umabot na sa edad na 20 taong gulang). Ang halagang matatanggap ay depende sa uri ng kapansanan.
 - Survivors Basic Pension: Kapag ang miyembro ay nakapaghulog ng tamang kontribusyon at kwalipikadong tumanggap ng pensyon para sa matatanda (maliban kung ang suma total ng nabayaranang premiums, sa loob ng panahong nagbabayad ng premiums at ng panahon ng exemption period ay hindi umabot ng 25 na taon) ay namatay, tatanggap ng benepisyo ng pensyon ang kanyang naiwang asawa kung sila ay may anak (binago simula April 1, 2014) o kaya ang anak bilang dependent ang tatanggap ng benepisyo. (Sa pagkakataong ang anak ang tatanggap, ipagkakaloob ang benepisyo ng pensyon hanggang matapos ang fiscal year kung kailan siya ay tutuntong sa edad na 18 taong gulang o sakaling may kapansanan sa edad na 20 taong gulang. Hindi na maaaring tumanggap ang anak kung may asawa na ito.)

② Iba pang benepisyo

- Survivors Basic Pension : Kapag ang miyembro ay nakapaghulog ng pension premium o nakapasok sa exemption period sa panahon ng 10 taon o mahigit pa at sya ay namatay na hindi nakakatanggap ng benepisyo ng pension plan, gayundin kung siya ay kasal at nagsama sila ng 10 taon o higit pa, ang kanyang naiwang asawa ay tatanggap ng benepisyo ng kabayaran hanggang sa sya ay umabot ng edad na 60 o 65 taong gulang.
- Lump-sum payment : Kung ang miyembro ay nakapagbayad ng national pension premium ng higit pa sa 36 buwan at sya ay namatay na hindi pa tumatanggap ng pension para sa matatanda o disability pension, ang benepisyo ng kabayaran ay ipagkakaloob sa kanyang naiwang pamilya na kasama nya sa pamumuhay.

(3) Pag-apply para sa Lump sum refund

Sakaling permanenteng umalis ng Japan ang isang dayuhan at wala nang address o tirahan, sa loob ng 2 taon mula sa araw ng pag-alis, kung maisusumete ang aplikasyon ay matatanggap ang lump sum refund ng National Pension Plan.

Kailangan ding matugunan ang lahat ng sumusunod na kondisyon:

- Hindi ka nagkaroon ng Japanese citizenship
- Ikaw ang pangunahing miyembro ng pension plan at nakapaghulog ng sapat na kontribusyon ng 6 na buwan o mas higit pa.
- Wala ka nang tirahan o address sa Japan
- Hindi ka kwalipikadong tumanggap ng elderly pension benefits.
- Hindi ka kailanman tumanggap ng karapatan para sa panghabang-buhay na suportang pinansyal.

* Kung mayroon kayong insurance premium plans sa ibang bansa at ito ay may kasunduan sa bansang Japan, maari ninyong matanggap ang benepisyo sa pension ng Japan gayundin ang benepisyo ng pension sa inyong bansa kung masusunod ang mga kondisyon.

Upang matanggap ang lump sum refund, gawin ang mga sumusunod na mga hakbang:

- Kumuha ng porma ng "Request for Arbitration for Lump-sum Withdrawal Benefit" (*dattai ichiji kin saitei seikyuusho*) sa inyong lokal na munisipyo, ward office o pension office bago umalis ng Japan.
- Ayon sa patakaran, makaraang makaalis ng Japan, punan ang nasabing porma at ipadala kalakip ang mga kinakailangang dokumento sa address sa ibaba:

Japan Pension Service Headquarters

3-5-24 Takaido-nishi, Suginami-ku

Tokyo, JAPAN 〒168-8505

2 Employee's Pension Insurance

Ang mga nagtatrabaho na wala pang 70 taong gulang, at kung saan ang kanilang pinagtatrabahuhan ay nagkakaloob ng health insurance sa kanilang mga empleyado ay kailangang sumapi sa Social Insurance Plan.

Gayundin, para sa mga may higit na 60 taong gulang na nagtatrabaho sa naaangkop na negosyo o kumpanya habang tumatanggap ng pensyon, ang halaga ng pensyon na tatanggapin ay maaaring mabawasan depende sa kita.

(1) Babayarang premium contributions

Ang buwanang hulog ay binubuo ng ilang bahagi ng nakatakdang halaga base sa iyong buwanang sweldo (kasama ang mga benepisyo) at ilang bahagi ayon sa buwanang remunerations, at ito ay ikakalkula sa premium rate. Ang kalahati ng buwanang kontribusyon ay binabayaran ng kumpanya at ang natitirang kalahati ay binabawas sa inyong buwanang sweldo at bonus.

(2) Klase ng Pension Benefits

- Employee's Elderly Pension:

Sa pagkakataong ang isang miyembro na may elderly pension ay mayroong employee's pension subscription period, ang pension na ito ay matatanggap maliban pa sa elderly basic pension, mula 65 taong gulang. (Sa pagkakataong ang employee's pension subscription ay mahigit isang taon, ang pensyon ay ipagkakaloob bago mag 65 taong gulang, alinsunod sa petsa ng kapanganakan.)

- Employee's Disability Pension:

Sakaling ang benepisyaryo ng Employee's Pension Insurance ay nagpakonsulta sa isang institusyong medikal sa unang pagkakataon sa sa loob ng subscription period at napatunayang nagkaroon ng kapansanan, siya ay makakatanggap ng kabayaran na ang halaga ay depende sa uri ng kapansanan. (Kung malubha ang kapansanan ang pensyong ito ay idadagdag pa sa basic disability pension.)

- Employee's Survivors Pension

Sakaling mamatay ang isang miyembro na nakapagbayad ng sapat na hulog upang makatanggap ng maagang pensyon (maliban, ang pag hulog ay hindi umabot ng 25 taon. Kasama na ang pagbabayad at pagtutuloy ng bayad ng tamang hulog), ang mga sumusunod na kapamilya na umaasa sa kanyang kinikita, ay may matatanggap na benepisyo. (Ang mga nasa unang kategorya ay tatanggap din ng benepisyo mula sa Basic Survivors Pension.):

1 Asawa na mayroong anak* o anak*

2 Asawa na walang anak

3 Mga Apo

4 Asawa lalake (survivor) ng asawang namatay na may 55 taong gulang o mas matanda, ina/ama, lola/lolo (magsisimulang tumanggap pagtuntong ng edad 60 taong gulang)

* sa kaso ng mga anak o apo, makakatanggap lamang ng pension hanggang sa pagtatapos ng fiscal year kung kailan tumuntong na sa edad na 18 taong gulang. Kung may kapansanan, ang pensyon ay matatanggap hanggang sa edad 20 taong gulang. Subalit kung sila ay may asawa na, hindi na sila maaaring tumanggap ng pension.

(3) Pag-apply para sa Lump Sum Refund

Ang mga alituntunin sa pagkuha ng lump sum refund para sa Employee's Pension Plan ay pareho lang ng sa National Pension Plan. Kinakailangan lang na kaltasan ang lump sum refund ng Employee's Pension Insurance Plan ng 20.42% bilang babayaranang income tax .

Sakaling bago umalis ng Japan ay nakapagsumite kayo ng porma ng Notification Form of Income Tax / Consumption Tax Payment at naisumite din ang awtorisasyon sa inyong tax representative sa tax office ng inyong area, maaring matanggap ang pagbabalik ng bayad ng buwis ng inyong tax representative para sa inyo.



Maaring tawagan para sa konsultasyon at iba pang impormasyon :

Konsultasyon :

Lunes - - - 8:30 ~ 19:00

Martes ~ Biyernes ---8:30 ~17:00

Ika-2 Sabado --- 9:30 ~ 16:00

Mga pension offices	Telepono	Lokasyon
Urawa Pension Office	048-831-1638	5-5-1 Kita-Urawa, Urawa-ku, Saitama-shi
Omiya Pension Office	048-652-3399	4-19-9 Miyahara-cho, Kita-ku, Saitama-shi
Kumagaya Pension Office	048-522-5012	1-93 Sakuragi-cho, Kumagaya-shi
Kumagaya Pension Office Kazo Branch Office	0480-62-8061	2F Kazo City Hall, 2-1-1 Mitsumata, Kazo City
Kawagoe Pension Office	049-242-2657	8-1 U-PLACE 5F Wakita-honcho, Kawagoe shi


Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Mga pension offices	Telepono	Lokasyon
Tokorozawa Pension Office	04-2998-0170	1152-1 Kamiyasumatsu, Tokorozawa-shi
Kasukabe Pension Office	048-737-7112	Kasukabe Central Bldg., 4 · 6 F, 1-52-1 Chuo, Kasukabe-shi
Koshigaya Pension Office	048-960-1190	3F, City B Koshigaya Twin City, 16-1 Yayoi-cho, Koshigaya-shi
Chichibu Pension Office	0494-27-6560	13-28 Ueno-machi, Chichibu-shi

Konsultasyon tungkol sa pension plans at mga proseso ay kailangan magpa-reserba.

Tumawag at magpa-reserba sa tel. **0570-05-4890**, Lunes ~ Biyernes 8:30~17:15

Kabanata 7 Edukasyon



Kobaton, mascot ng Saitama

- 1 Kindergarten
- 2 Elementary / Junior High School
- 3 High School
- 4 Special Support School
- 5 Kolehiyo / Vocational School
- 6 Scholarship
- 7 Pag-aaral ng wikang Hapon
- 8 Pagsusuri sa kaalaman sa wikang Hapon

Sa ilalim ng sistema ng edukasyon sa Japan, ang pag-aaral ay nagsisimula sa 6 taong-gulang para sa Elementary School (6 taon), 12 taong-gulang para sa Junior High School (3 taon) at 15 taong-gulang para sa High School (3 taon). Para sa kolehiyo, nagsisimula ang pag-aaral sa 18 taong-gulang at maaaring piliin ang regular na kolehiyo (4 taon) o Junior College (2 taon). Bukod pa rito, may iba't-ibang vocational schools na maaaring pasukan.


Itinuturing na “compulsory education” ang Elementary at Junior High School, kaya kinakailangang pumasok sa paaralan ang bata pagsapit ng itinakdang edad. Bagama’t hindi nasasakop sa mandatory education at hindi obligadong pumasok ang mga dayuhang mag-aaral, maaaring pumasok sa Elementary / Junior High School sa loob ng bansa kung gugustuhin.

Nag-uumpisa ang school year tuwing Abril bawat taon at natatapos sa katapusan ng Marso sa sunod na taon. Sa karamihan sa mga paaralan, ang school year ay hinahati sa tatlong semester, na nag-uumpisa sa 1st Semester (Abril hanggang Agosto), kasunod ng 2nd Semester (Septiyembre hanggang Disyembre) at natatapos sa 3rd Semester (Enero haggang Marso). May mga paaralan din na kung saan ang 1st Semester ay nag-uumpisa sa Abril at natatapos sa Septiyembre at Oktubre hanggang Marso para sa 2nd Semester. Ang pagtuturo ay isinasagawa sa wikang Hapon.

Karamihan sa mga kabataan ay pumapasok sa Kindergarten o sa isang nursery o childcare facility bago pumasok sa Elementary School.

Sistema ng edukasyon sa Japan

Paglalarawan sa sistema ng edukasyon sa Japan



Reperensiya: Ministry of Education, Culture, Sports, Science & Technology – Gabay sa pagpasok sa paaralan Abril 2005

Reperensiya: “Impormasyon tungkol sa pamumuhay sa iba’t-ibang wika”,

Council of Local Authorities for International Relations (CLAIR)

URL: <http://www.clair.or.jp/tagengorev/ja/j/index.html>

*Sang-ayon sa pagpapatupad sa compulsory education sa Elementary hanggang Junior High School, itinatag ang “gimu-kyouiku-gakkou”(Compulsory Education School) na isang panibagong uri ng paaaralan mula noong Abril 1, 2016.

1 Kindergarten

Bago pumasok sa Elementary School, ang mga kabataang nasa 3 taong-gulang hanggang 5 taong-gulang ay maaaring pumasok sa Kindergarten. (tungkol sa edad depende sa Kindergarten) Bagama't hindi ito kabilang sa compulsory education, karamihan sa mga kabataan sa Japan ay pumapasok sa kindergarten at iba pa. Ang standard nursery hours ay itinakda sa 4 oras sa isang araw. Bagama't ang pasukan ay nag-uumpisa sa Abril bawat taon, isinasagawa ang aplikasyon hanggang sa itinakdang buwan sa nakaraan school year.

Depende sa Kindergarten ay may iba't-ibang singil, paraan sa pagpasok at edad sa pagpasok. Para sa pampublikong Kindergarten, maaaring sumangguni sa tanggapan ng Board of Education sa loob ng munisipalidad. Para sa mga pribadong Kindergarten sa loob ng prepektura, kailangang sumangguni nang direkta sa bawat Kindergarten.

Maaaring hanapin sa website na nasa ibaba ang impormasyon ukol sa mga pribadong Kindergarten sa loob ng prepektura.

URL <https://www.pref.saitama.lg.jp/a0204/shiritsuitiran/youchienichiran.html>
(Homepage para sa tanggapan ng Academic Affairs Division, Saitama Prefecture)
May impormasyon ukol sa "Nintei Kodomo-en" sa Kabanata 5.4 (Nurseries).

Isang adhikain ng prepektura ukol sa edukasyon ay ang matutunan ng mga bata hanggang sa pagtuntong sa elementary ang ibinubuo bilang "Mga Alituntunin para sa pagpapalaki ng bata". Ang "Tatlong katangian para sa pag-unlad ng bata " na may kinalaman sa "pamumuhay", "pakikipagsalamuha" at " pagkakaroon ng interes". Maliban sa bersyon ng Nihongo, ang leaflet na ito na para sa pamilya ay nakasalin sa iba pang mga wika (English, Chinese, Spanish, Portuguese, Tagalog, Korean, North Korean, Vietnamese, Indonesian). Ang lahat ng ito ay naitala sa website at maaaring gamitin kung kinakailangan.

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/f2214/mebae02/mebae-panfuri-fu.html>

2 Elementary School / Junior High School

Kung nais pumasok sa pampublikong Elementary / Junior High School, kailangang dalhin ang Residence Certificate (Juminhyo) ng bata sa tanggapan ng Board of Education ng munisipalidad (sa Ward Office, para sa siyudad ng Saitama), ipahayag ang pagnanais na makapasok sa paaralan at gawin ang nararapat na mga pamamaraan. Pagpapasiyahan ng Board of Education kung saang paaralan maaaring pumasok ang batang mag-aaral at ipapaalam ito sa mga magulang / tagapag-alaga.

(1) Elementary School (Shougakkou)

Ang mga kabataang nasa 6 taong-gulang sa Abril 1 ng kasalukuyang taon ay nasasakop sa pagpasok sa Elementary School. Ang aplikasyon para sa pagpasok sa 1 baitang ng Elementary School sa Abril ng kasalukuyang taon ay ginagawa sa bandang Septiyembre ng nakaraang taon. Kapag natanggap ang aplikasyon, makakatanggap ng "Notisya para sa

pagpasok sa paaralan” sa pamamagitan ng koreo.

May sistema din ng suporta na itinatag para sa mga kabataang may kapansanan, tulad ng “special support class” at “commuting class”.

(2) Junior High School

Ang mga kabataang nasa 12 taong-gulang sa Abril 1 ng kasalukuyang taon ay nasasakop sa pagpasok sa Junior High School. Bawat taon tuwing Enero, ipinapadala sa koreo ang “Notis para sa pagpasok sa Junior High School” sa mga mag-aaral na magtatapos sa Elementary School.

Halos lahat ng Junior High School ay may kanya-kanyang uniporme para sa mga mag-aaral. Sumangguni sa bawat paaralan upang alamin kung saan maaaring bumili ng uniporme.

May sistema din ng suporta na itinatag para sa mga kabataang may kapansanan, tulad ng “special support class” at “commuting class”.

(3) Pagpasok sa kalagitnaan ng school year / paglipat ng paaralan

Kapag ang isang dayuhang mag-aaral mula sa Elementary / Junior High School ng ibang bansa ay pumasok sa Elementary / Junior High School sa loob ng prepektura, kailangang magparehistro muna bilang residente sa tanggapan ng Ward Office o munisipyo, ipahayag sa Board of Education (Saitama City Ward Office) ang pagnanais na pumasok sa paaralan sa siyudad at gawin ang nararapat ng mga pamamaraan sa pagpasok sa nabanggit na paaralan.

(4) Paglipat sa ibang paaralan

Sa paglipat ng tirahan sa ibang school district, nagbabago din ang paaralang maaaring pasukan ng bata. Bago gawin ang paglipat, kailangang tanggapin sa paaralang pinapasukan ng bata ang “Certificate of Enrolment”, “Textbook Provision Certificate” at ipaalam sa tanggapan ng Ward Office o munisipyo na pumapasok ang bata sa Elementary / Junior High School sa oras ng paggawa ng mga pamamaraan sa paglabas mula sa lugar o distritong tinitirahan (moving-out procedures). Sa paglipat, ipaalam na pumapasok ang bata sa Elementary / Junior High School sa oras ng pagsumite ng notis ng paglipat (moving-in procedures) sa bagong pook o tirahan at isumite sa paaralang lilipatan ang “Certificate of Enrolment” at “Textbook Provision Certificate”. Kailangan din na ipaalam o gawin ang mga pamamaraan sa paaralan sa kaso ng pag-uwi sa sariling bansa.

(5) Gastos sa pag-aaral

Sa kaso ng pampublikong Elementary School / Junior High School, walang ipapataw na singil (libre) para sa enrolment fee, tuition fee at textbook fee. Subalit, ang gastos para sa school lunch at mga gamit o materyales sa pag-aaral ay kailangang bayaran ng mga magulang / tagapag-alaga. Tungkol sa paraan ng pagbayad, kalimitan ay isinasagawa ito sa pamamagitan ng bank account transfer sa bank account na itinakda ng paaralan, kung saan maaaring tanggapin ng paaralan ang halaga sa pamamagitan ng automatic payment mula sa ginawang account. Ang pamamaraang ito ay isinasagawa sa oras ng enrolment.

(6) PTA – Parent Teachers Association

Ang mga magulang o tagapag-alaga at guro ay nagtutulungan upang madagdagan ang

kanilang pang-unawa sa edukasyon ng mga bata sa paaralan gayunin sa loob ng tahanan at upang suportahan ang paglaki at pag-unlad ng mga bata. Ang paglahok sa PTA ay opsyonal, subalit halos lahat ng mga magulang / tagapag-alaga ay sumasali sa PTA sa oras ng pagpasok ng batang mag-aaral sa mga pampublikong Elementary / Junior High School sa siyudad. Ang singil sa pagsali sa PTA ay magkaiba depende sa paaralan, kaya kailangang sumangguni nang direkta sa paaralang papasukan para sa karagdagang impormasyon.

(7) After-school Children's Club / After-school Childcare

Sanhi ng pagkaabala sa trabaho at iba pang dahilan, kung saan walang natitira sa tahanan sa araw, maaaring ipaubaya ng magulang / tagapag-alaga ang pansamantalang pagkukop o pag-alaga sa batang mag-aaral ng Elementary School pagkatapos ng klase. Dahil magkaiba ang singil at paraan ng paggamit depende sa munisipalidad, kailangang kumunsulta muna sa Child Welfare Division ng bawat Ward Office o tanggapan ng munisipyo.

(8) Pagtuturo sa mga batang hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon

Sa kaso ng mga paaralan na kung saan may mga mag-aaral ang hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, may mga gurong sumusuporta sa pagtuturo ng wikang Hapon para sa nabanggit na mga mag-aaral. Bukod pa rito, sa loob ng prepektura maaaring makita sa website ang kapaki pakinabang na mga impormasyon tungkol sa buhay sa paaralan at sa araw-araw na pamumuhay.

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/f2214/kikokugaikokujinsapoutojigyou240120.html>

(9) "Gabay sa pagpasok sa paaralan" para sa mga dayuhang may anak

Bilang pagsuporta sa mga dayuhang magulang, ipinagkakaloob ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science & Technology ang "Gabay sa pagpasok sa paaralan", na nagpapaliwanag sa mga pamamaraan na kinakailangang gawin upang makapasok sa paaralan sa Japan, na nakasalin sa iba't-ibang wika. Maaari din na tingnan ang impormasyon sa website ng Ministry of Education, Culture, Sports, Science & Technology.

English:

http://www.mext.go.jp/component/a_menu/education/micro_detail/_icsFiles/afieldfile/2016/06/24/1358299_01.pdf

Chinese

http://www.mext.go.jp/component/a_menu/education/micro_detail/_icsFiles/afieldfile/2015/06/01/1358299_05_1.pdf

Korean

http://www.mext.go.jp/component/a_menu/education/micro_detail/_icsFiles/afieldfile/2015/06/01/1358299_02_1.pdf

Portuguese

http://www.mext.go.jp/component/a_menu/education/micro_detail/_icsFiles/afieldfile/2015/06/19/1358299_06_1.pdf

Spanish

http://www.mext.go.jp/component/a_menu/education/micro_detail/_icsFiles/afieldfile/2015/06/

01/1358299_07.pdf

Vietnamese

http://www.mext.go.jp/component/a_menu/education/micro_detail/_icsFiles/afieldfile/2015/06/01/1358299_03.pdf

Tagalog

http://www.mext.go.jp/component/a_menu/education/micro_detail/_icsFiles/afieldfile/2015/06/19/1358299_04_1.pdf

3 High School

Ang pag-aaral sa High School ay hindi nasasakop sa compulsory education. Ang High Schools sa Japan ay may pambansang High School, Prefectural High School, pribado at pampublikong High School. Maliban sa normal na curriculum ng English, Mathematics, Japanese, Science, at Social studies ang ibang High Schools ay nagtuturo din ng specialized fields o kurso na itinakda tulad ng komersiyo, industriya, pagsasaka at iba pa. May mga High Schools din na nagsimulang magdagdag ng integrated studies sa kanilang kurikulum para mas makapag-plano ang mga mag-aaral sa nais nilang tahaking pag-aaral o iba pang plano. May iba't-ibang sistema din ng pag-aaral na maaaring pagpilian tulad ng full-time mula sa umaga, part-time, o correspondence type na pag-aaral.

*Ang part-time at correspondence-type na pag-aaral ay kalimitang pinipili ng mga mag-aaral na nagtatrabaho. Ang mga klase para sa part-time na pag-aaral ay sa gabi ginagawa. Para sa correspondence-type, maaaring pumasok ng 3 beses sa isang buwan at maliban sa itinakdang araw ng pagpasok ay maaaring gawin ang pag-aaral sa sariling tahanan at isumite ang mga assignments pagkatapos. Bukod pa rito, may part-time High School din na bukas sa araw at gabi.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa part-time / correspondence high school, tingnan ang section nito sa website ng Saitama Prefecture Board of Education.

URL: <http://www.pref.saitama.lg.jp/f2208/tei-tuu-sienninn.html>

(1) Pagsusuri para sa pagpasok sa paaralan

Sa pagtatapos (o pagtantiyang makatapos) ng pag-aaral sa isang Junior High School sa Japan o paaralang katumbas ng Junior High School, maaaring kumuha ng entrance exam upang makapasok sa High School sa loob ng bansa. Bukod pa rito, kapag nakapagtapos ng 9 taong pag-aaral sa isang paaraalan sa ibang bansa, maaaring kumuha ng entrance exam pagkatapos gawin ang mga pamamaraan sa pagtanggap ng certification para sa kuwalipikasyon ng aplikante.

Ang entrance exam at klase ay gagawin sa wikang Hapon. Ang entrance exam para sa pampublikong High School ay gagawin nang sabay-sabay sa itinakdang araw. Sumangguni nang direkta sa mismong paaralan upang kumpirmahin ang araw ng pagsusuri at mga application requirements sa pagpasok sa pambansa at pribadong High Schools. Para sa impormasyon ukol sa pagpasok sa pampublikong High School, maaaring magtanong sa tanggapan ng Junior High School na kasalukuyang pinapasukan.

Mga katanungan at kasagutan ukol sa entrance examinations sa pagpasok sa Prefectural High School (website ng Saitama Prefecture High School Education & Guidance Division)

Nihongo: <https://www.pref.saitama.lg.jp/f2208/r5nyuushiqa.htm>

English: <https://www.pref.saitama.lg.jp/f2208/r5englishfaq.html>

(2) **Gastusin sa pag-aaral**

Kailangang bayaran ang tuition fee at entrance fee sa pagpasok sa paaralan. Kailangan din na bayaran ang singil para sa gagamiting textbooks at learning materials. Sa mga pampublikong High Schools, maaaring tumanggap ng High School Educational Support Benefit o scholarships base sa kita o income. Depende sa kita ay maaari din na bigyan ng exemption sa pagbayad ng entrance o enrolment fee.

Ang gastos sa pag-aaral sa pribadong High School ay magkaiba depende sa paaralan. Subalit, maaaring tumanggap ng High School Educational Support Benefit o scholarships base sa kita. Sang-ayon sa kita at iba pa, maaaring tumanggap ng suporta upang mabawasan ang gastusin sa pagpasok at iba pa kung papasok sa pribadong High School sa loob ng prepektura.

Bukod pa rito, maaaring hilingin ang kontribusyon para sa gastusin sa school trips, excursions at iba pang mga aktibidad pati PTA membership fees. Ang ganitong uri ng babayaran ay magkaiba depende sa paaralan, kaya kailangang sumangguni nang direkta sa tanggapan ng bawat paaralan.

(3) **Paglipat ng paaralan**

Kapag lumipat ng tirahan pagkatapos pumasok sa Prefectural High School at nais manatili sa dating paaralan na pinasukan, hindi na kailangang lumipat pa sa ibang paaralan.

Subalit, kung nais pumasok sa High School na malapit sa bagong tirahan, kailangang gawin ang pagsusuri para sa palipat sa nabanggit na paaralan. Sa kasong ito, kailangang kumunsulta muna sa tanggapan ng pinapasukang High School.

(4) **Special selection para sa mga dayuhan**

Isinasagawa ang special selection para sa mga dayuhang nasa bansa sa maikling panahon pa lamang. Dahil ang pamamaraan ng pagsusuri o examination para sa pagpasok ay iba sa karaniwang proseso, kailangang kumunsulta muna sa paaralan na kung saan isinasagawa ang nabanggit na special selection.

Para sa entrance examination sa taong 2023 (para sa pasukan sa Abril 2023), isasagawa ang special selection para sa mga dayuhan sa 12 na High Schools (Iwatsuki High School, Soka Minami High School, Nanryo High School, Fukaya Dai-chi High School, Wako Kokusai High School, Warabi High School, Kawaguchi Higashi High School, Kawagoe Nishi High School, Kurihashi Hokusai High School, Tsumanuma High School, Niiza Yanase High School, Misato Kita High School).

Sa Hulyo 2023 ay iaanunsyo namin ang listahan ng mga mataas na paaralan na magsasagawa ng espesyal na pagpili para sa mga dayuhan para sa 2024 entrance exam (admission sa Abril 2024).



Para sa mga katanungan / konsultasyon sa Special selection para sa mga dayuhan

Pangalan	Telepono	Oras ng pagtanggap
Tungkol sa special selection para sa mga dayuhan sa Prefectural High School: High School Education Management Division, Prefectural School Department, Saitama Prefecture Education Bureau	048-830-6766	8) 8:30 – 17:15, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Tungkol sa paglipat sa Prefectural High School / setipikasyon para sa kuwalipikasyon ng aplikante: Prefectural School Human Resources Division, Prefectural School Department, Saitama Prefecture Education Bureau	048-830-6735	
Tungkol sa matrikula / entrance fee para sa Prefectural High School: Finance Division, Education General Affairs Department, Saitama Prefecture Education Bureau	048-830-6652 https://www.pref.saitama.lg.jp/f2204/j-s/index.html	
Tungkol sa suporta sa pagbabawas sa matrikula sa pribadong High School: Academic Affairs Division, Saitama Prefecture General Affairs Department	048-830-2725 http://www.pref.saitama.lg.jp/a0204/fubofutan2.html	

4 Special Support School

Ito ay isang paaralang tumatanggap sa mga mag-aaral na may kapansanan na nangangailangan ng espesyal na suporta sa pagtuturo. May Elementary, Junior High School at High School na katumbas sa regular na Elementary, Junior High School at High School ng karaniwang paaralan (may Kindergarten at vocational departments din sa ilang Special Support Schools). Kung nais pumasok sa Elementary o Junior High School, kailangang dalhin ang Residence Card ng bata sa tanggapan ng Board of Education ng munisipalidad na kilabibilangan ng sariling tirahan at isagawa ang konsultasyon. Kung nais pumasok sa Kindergarten o High School, kailangang sumangguni sa tanggapan ng Special Support Education Division, Prefectural School Department, Saitama Prefecture Education Bureau.

Sa Special Support School, isinasagawa ang pagtuturo sang-ayon sa iba't-ibang uri ng kapansanan, tulad ng kapansanan sa paningin, pandinig, pisikal at mental (pangkaisipan) na kapansanan o mga kabataang mahina ang pangangatawan o kalusugan.

(1) Kindergarten Department

Itinatag sa prepektura ng Saitama ang tatlong Special Support Schools na may Kindergarten, na kinabibilangan ng Hanawa Hokiichi School (para sa may kapansanan sa paningin), Omiya School at Sakado School para sa may kapansanan sa pandinig. Nasasakop ang mga kabataang nasa 3 hanggang 5 taong-gulang na wala pa sa school age para pumasok sa Elementary School at kinakailangang kumunsulta muna para makapasok sa mga paaralang nabanggit. Upang maitaguyod ang maagang edukasyon para sa mga kabataan, isinasagawa ang konsultasyon sa edukasyon mula sa mga 0 taong gulang sa lahat ng nabanggit na mga

paaralan. Ang pagpapatupad sa maagang espesyal na edukasyon ay nagbibigay-daan sa pagpapabuti sa kalagayan ng mga batang may kapansanan sa paningin at pandinig, kaya hinihikayat ang paggawa ng konsultasyon sa lalong madaling panahon.

(2) Elementary School Department

Ang mga kabataang nasa 6 taong-gulang sa Abril 1, na may kapansanan sa paningin, pandinig, pisikal at mental (pangkaisipan) na kapansanan, mahina ang pangangatawan o kalusugan na nangangailangan ng suporta para sa specialized education, ay nasasakop sa pagpasok sa Elementary School Department sa ilalim ng Special Support School.

Kung nais ipasok ang bata sa nabanggit na paaralan, sumangguni sa tanggapan ng Board of Education ng sariling munisipalidad bago matapos ang summer season (sa nakaraang taon).

(3) Junior High School Department

Ang mga kabataang nasa 12 taong-gulang sa Abril 1, na may kapansanan sa paningin, pandinig, pisikal at mental (pangkaisipan) na kapansanan, mahina ang pangangatawan o kalusugan na nangangailangan ng suporta para sa specialized education, ay nasasakop sa pagpasok sa Junior High School Department sa ilalim ng Special Support School.

Kung nais ilipat ang bata sa nabanggit na paaralan, sumangguni sa tanggapan ng Board of Education ng sariling munisipalidad.

(4) High School Department

May regular at specialized courses na ipinagkakaloob sa High School Department na nasa ilalim ng Special Support School, kaya kailangang sumangguni muna sa tanggapan ng Special Support Education Division ng Prefectural School Department sa prepektura ng Saitama. Sa pagpasok sa paaralan, kailangang dumaan muna sa isang pagpipili o selection process. Bilang kuwalipikasyon, kailangang nagtapos sa isang junior high school o paaralan ng mga may espesyal na pangangailangan na junior high school sa Japan o katumbas nito upang makakuha ng entrance exam.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan	Telepono	Oras ng pagtanggap
Special Support Education Division, Prefectural School Department, Saitama Prefecture Education Bureau	048-830-6880	8:30 – 17:15, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)

5 Kolehiyo / Vocational School

Sa loob ng Saitama Prefecture, may mga pambansa o pampublikong kolehiyo at maraming pribadong kolehiyo. May Junior College din at Vocational Schools.

Dahil magkaiba ang mga pamamaraan at kuwalipikasyon sa pagpasok sa kolehiyo at

vocational school, kailangang sumangguni muna nang direkta sa tanggapan ng kolehiyo o vocational school na nais pasukan.

Ipinagkakaloob din ang impormasyon ukol sa mga kolehiyo, vocational school, scholarships at iba pa sa website ng JASSO (Japan Student Services Organization).

Website ng JASSO (Japan Student Services Organization)

Impormasyon ukol sa pag-aaral sa Japan:

<https://www.studyinjapan.go.jp/ja/planning/search-school/> (Nihongo)

<https://www.studyinjapan.go.jp/en/planning/search-school/> (English)

6 Scholarships

May sistema ng pagbigay ng scholarships para sa mga mag-aaral na magpapatuloy ng pag-aaral sa High School, Special Training School (Vocational School), kolehiyo, Junior College, Graduate School at iba pa. Ang sumusunod ay listahan ng mga scholarship system sa loob ng Saitama Prefecture.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan ng scholarship	Contact information para sa mga katanungan	Oras ng pagtanggap
Saitama Prefectural High School Scholarship	Financial Affairs Division, Saitama Education Bureau 048-830-6652 http://www.pref.saitama.lg.jp/f2204/j-s/index2.html	8:30 – 17:15, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Part-time & Correspondence Education, Student Incentive Scholarship	High School Education Management Division, Prefectural School Department, Saitama Prefecture Education Bureau 048-830-6765	
Single / Widowed Parent Welfare Scholarship Fund	Birth Decline Policy Division, Saitama Prefecture Welfare Department 048-830-3337 http://www.pref.saitama.lg.jp/a0607/boshifushikafukashitsuke.html	
Saitama Prefecture Nursing Scholarship, Educational Loan System	Medical Employment Division, Department of Public Health and Medical Services, Saitama Prefectural Government 048-830-3543 http://www.pref.saitama.lg.jp/a0709/ikueishougakukinn/index.html	

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Saitama-ken Ishi Ikusei Shogakukin (Saitama Prefectural Scholarship for Aspiring Doctors)	Medical Employment Division, Department of Public Health and Medical Services Saitama Prefectural Government 048-601-4600 http://www.pref.saitama.lg.jp/a0709/ishiikusei-s-hougakukin/	
Dr. Seiroku Honda Scholarship	Forestation Division, Saitama Prefecture Agriculture & Forestry Department 048-830-4310 https://www.pref.saitama.lg.jp/a0905/hondashogakukinboshu2.html	

Bukod pa rito, may mga scholarships din sa mga munisipalidad at pribadong organisasyon. Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng munisipalidad, paaralan at bawat organisasyon.

7 Pag-aaral ng wikang Hapon

Maaaring mag-aral ng wikang Hapon sa pamamagitan ng libreng Japanese Class na isinasagawa ng mga boluntaryong tagapagturo o sa isang Japanese Language School (may bayad).



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan	Telepono	Oras ng pagtanggap
Japanese Class na isinasagawa ng boluntaryong tagapagturo: Saitama International Association	048-833-3296 URL: https://www.sia1.jp/foreign/japanese/	9:00 – 16:00, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Japanese Language School: Association for the Promotion of Japanese Language Education	03-6380-6557 URL: https://www.nisshinkyō.org/ → sa website, “hanapin ang paaralan” (sa wikang Nihongo, English, Chinese, Korean)	9:30 – 17:30, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)


8 Pagsusuri sa kaalaman sa wikang Hapon

May pagsusuri na isinasagawa upang sukatin ang kaalaman sa wikang Hapon. Ang resulta ng pagsusuring ito ay makakatulong sa pagkuha ng exam o pagsusuri sa paaralan at sa panahon ng paghahanap ng trabaho. Para sa karagdagang detalye, sumangguni sa bawat tanggapan o organisasyong naaangkop.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan	Telepono	Oras ng pagtanggap
Pagsusuri sa kaalaman sa wikang Hapon http://www.jlpt.jp/	Japan Educational Exchanges & Services (JEES) Japanese Proficiency Test Center 03-6686-2974	9:30 – 17:30, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
J.TEST (Practical test para sa wikang Hapon) https://j-test.jp/	Association for Testing Japanese Proficiency • J.TEST Office 03-5875-1231 j-test@gobun-ken.jp	10:00 – 17:30, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
BJT (Business Japanese Proficiency Test) http://www.kanken.or.jp/bjt/	Japan Kanji Aptitude Testing Foundation 0120-509-315	9:00 – 17:00, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)



Kobaton, mascot ng Saitama

- 1 Buwis sa kita**
- 2 Buwis sa pagtira**
- 3 Iba pang pangunahing buwis**

Maging Hapon o dayuhan, ang lahat na nakatira sa Japan ay obligadong magbayad ng buwis. Ang buwis na binabayaran ay isang mahalagang financial resource upang maitaguyod ang matatag at matiwasay na pamumuhay ng mga mamamayan, na ginagamit ng pamahalaan upang maipatupad ang iba't-ibang proyekto sa iba't-ibang larangan, tulad ng edukasyon, pagpapagamot, engineering, welfare, kultura, kalikasan at iba pang mga industriya.

Ang mga pangunahing buwis ay kinabibilangan ng buwis sa kita o Income Tax (pambansang buwis) at buwis sa pagtira o Residence Tax (Prefectural / Municipal Tax). Upang maiwasan ang tinatawag na “double-taxation”, kung saan ang dayuhan ay napapatawan ng buwis pati sa sariling bansa, nagkaroon ng kasunduan o bilateral tax treaty ang Japan sa ilang mga bansa para ipatupad ang special exemption o konsiderasyon. Kung nais kumpirmahin kung nasasakop sa nanbaggit na kasunduan, sumangguni sa sariling embahada sa tanggapan nito sa Japan.

Kailangang bayaran ang mga buwis sa itinakdang deadline. Kapag lumampas sa nabanggit na deadline, ipapataw ang penalty para sa pagkahuli, na kinakalkula base sa bilang ng araw na lumipas, mula sa araw pagkatapos ng due date hanggang sa araw na makumpirma ang kabayaran. Bukod pa rito, kapag hindi nabayaran ang buwis pagkalipas ng ilang panahon, isasagawa ang mga pamamaraan para sa sapolitang pagkulekta, tulad ng pagkumpiska sa mga ari-arian at iba pa.

Kaya, hinihikayat ang lahat na bayaran ang mga buwis sa loob ng itinakdang araw o deadline.

Para sa impormasyon ukol sa paraan ng pagbayad ng buwis at iba pa (website ng Saitama Prefecture Taxation Division)

<https://www.pref.saitama.lg.jp/a0209/z-kurashiindex/z-3.html>

Pagpapaliwanag ukol sa Prefectural Tax (website ng Saitama Prefecture Taxation Division)

https://www.pref.saitama.lg.jp/a0209/z-kurashiindex/documents/r2_kurasi-to-kenzei_e.pdf

(English)

https://www.pref.saitama.lg.jp/a0209/z-kurashiindex/documents/r2_kurasi-to-kenzei_c.pdf

(Chinese)

1 Buwis sa kita at Special Income Tax for reconstruction

Ang Income Tax ay ipinapataw sa kabuuang kita mula sa Enero 1 hanggang sa Disyembre 31. Isinasagawa ang pagkalkula sa Income Tax at Special Income Tax for reconstruction sang-ayon sumusunod na dalawang paraan. .

- Year-end Adjustment (nen-matsu chousei)
- Final Tax Return

(1) Year-end Adjustment

Tuwing magbabayad ng sahod ang isang employer, ibinabawas nito ang Income Tax at Special Reconstruction Income Tax mula sa halagang ibibigay sa empleyadong pinapasahod para ibayad sa pamahalaan. Ito ay tinatawag na Withholding Tax (gensen choushu).

Sa kaso ng kita mula sa suweldo, binabawas ng employer ang buwis (Withholding Tax) mula sa sahod ng empleyado sa panahon ng pagbigay ng sahod, at sa katapusan ng taon (pagbigay ng pinakahuling sahod ng taon) ay kinakalkula ng employer ang anumang labis o pagkukulang sa binayarang Income Tax at special reconstruction Income Tax mula sa kabuuang sahod ng empleyado para sa isang taon. Ito ay tinatawag na year-end adjustment (nen-matsu chousei).

Kapag ang kita ay mula sa sahod lamang na ginawan ng year-end adjustment, hindi na kailangang gawin ang final tax return sa (2) dahil naisagawa na ang adjustment para sa Income Tax at Special Reconstruction Income Tax. Subalit, sa kaso ng pagbayad ng malaking halaga para sa pagpapagamot, paghiram ng takdang halaga o loan para bumili ng bahay at iba pa, maaaring gawin ang Final Tax Return (kakutei-shinkoku) upang makakuha ng refund para sa binayarang Income Tax at Special Income Tax for reconstruction. Sa kasong ito, kailangang tanggapin sa employer ang withholding slip para sa kita mula sa sahod (Kyuyo-shotoku no genzen choushu hyo).

(2) Final Tax Return

Para sa mga nasasakop (kung obligadong magdeklara) sa sumusunod, kailangang kalkulahin ang kabuuang halaga ng kita sa isang taon mula sa Enero 1 hanggang Disyembre 31 pati ang Income Tax at Special Income Tax for reconstruction na kailangang bayaran para sa nabanggit na kita, at isumite ito sa loob ng itinakdang deadline sa Tax Office Chief. Kapag may Withholding Tax, kailangang kalkulahin ang anumang labis o pagkukulang sa binayarang buwis. Ito ay tinatawag na Final Tax Return (kakutei-shinkoku).

- Kapag lumampas sa itinakdang halaga ang kabuuang halaga ng kita mula sa kalakal, real estate at iba pa
- Kapag tumanggap ng kabuuang sahod sa halagang 20,000,000 yen o higit pa sa isang taon
- Kapag ang kabuuang kita, maliban sa kita mula sa sahod at pagretiro, ay lumampas sa

- 200,000 yen sa kaso ng mga tumatanggap ng sahod mula sa isang lugar lamang
- Kapag tumatanggap ng sahod mula sa dalawang lugar o higit pa at ang kabuuang halaga ng sahod at iba pang uri ng kita bukod sa sahod na hindi ginawan ng year-end adjustment ay lumampas sa 200,000 yen
- Kapag hindi binabawasan ng buwis o Withholding Tax ang kita para sa Income Tax at Special Reconstruction Income Tax sa pagtanggap ng sahod, sa kaso ng mga nagtatrabaho sa embahada at mga nagsisilbi bilang mga katulong o home helpers.
- Kapag tumatanggap ng pensiyon (tulad ng pampublikong pensiyon at iba pa na binabayaran sa ibang bansa) na hindi nasasakop sa pagpataw ng Withholding Tax.
-

(3) Kapag aalis na sa Japan

- ① Kapag ang kita ay mula sa sahod lamang
Kailangang gawin ang pagkalkula o adjustment sa halaga ng Withholding Tax para sa Income Tax at Special Income Tax for reconstruction katulad ng ginagawa sa year-end tax adjustment sa pook ng trabaho.
- ② Kapag may iba pang kita bukod sa kita mula sa sahod (kung obligadong magdeklara)
 - Pagtakda ng tax payment administrator
Kailangang isumite muna ang “Income Tax Payment Administrator Notification” sa Tax Office Chief. Gagawin ng itinakdang tax payment administrator ang final tax return sa loob ng itinakdang deadline.
 - Kapag walang itinakdang tax payment administrator
Kailangang gawin mismo ang final tax return para sa lahat ng kita o income hanggang sa panahong aalis ng bansa (katumbas ng final tax return)

2 Buwis sa pagtira

Ang lahat ng mga residente sa Japan ay kailangang magbayad ng Residence Tax (Prefectural at Municipal Tax). Ipinapataw ang Residence Tax kapag may tirahan o address sa loob ng Japan mula sa Enero 1 at kinakalkula ito base sa halaga ng kita ng residente sa nakaraang taon.

(1) Para sa mga kumikita mula sa sahod

Kinakalkula sa tanggapan ng Alkalde ng munisilalidad na kinabibilangan ng tirahan sa Enero 1, ang halaga ng Residence Tax na kailangang bayaran base sa salary payment report na isinumite ng sariling employer. Pagkatapos gawin ang kalkulasyon, ipinapaalam ng nabanggit na tanggapan sa employer ang halaga ng buwis. Karaniwan ay ipinapaalam ito hanggang sa Mayo 31. Base sa impormasyong ito, ibinabawas ng employer ang halaga ng buwis sa buwanang sahod ng empleyado mula sa Hunyo hanggang sa Mayo ng susunod na taon (12 buwan) para ibayad sa munisipyo.

(2) Para sa mga kumikita maliban sa sahod (kita mula sa kalakal o negosyo o mula sa pagpapaupa ng bahay)

Kinakalkula sa tanggapan ng Alkalde ng munisipalidad na kinabibilangan ng tirahan sa Enero 1,

ang halaga ng Residence Tax na kailangang bayaran base deklarasyong ginawa ng residente. Ang Residence Tax Declaration ay tinatanggap hanggang sa Mayo 15 sa tanggapan ng munisipalidad na kinabibilangan ng tirahan.

Para sa mga gumawa ng Final Tax Return para sa Income Tax, hindi na kailangang gawin ang Residence Tax Declaration. Ang kinalkulang halaga para sa Residence Tax ay ipinapadala mula sa tanggapan ng munispyo sa pamamagitan ng Tax Payment Notice at bayalan sa apat na hulugan para sa buwan ng Hunyo, Agosto, Oktubre at sa Enero ng sunod na taon. Ang due date para sa pagbayad ay maaaring magkaiba depende sa munisipalidad.

(3) Kapag aalis sa Japan (pag-uwi sa sariling bansa o kapag mawawala sa Japan ng isang taon o higit pa)

Kung nais bayaran ang buwis pagkatapos umalis mula sa Japan, kailangang itakda ang isang katiwala o tax payment administrator na maaaring gumawa nito at gawin ang nararapat na pagpapaalam o notification sa tanggapan ng Alkalde ng munipalidad. Kung walang itinakdang tax payment administrator, kailangang bayaran mismo ang kabuuang halaga ng Residence Tax bago umalis ng bansa.

Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa tanggapan ng Residence Tax Division ng munisipyo o Ward Office.

3 Iba pang pangunahing buwis

(1) Consumption Tax, Local Consumption Tax (National / Local Tax)

Ipinapataw ang 10% na Consumption Tax (karaniwang rate ng buwis) sa mga bilingin, renta ng mga bagay, pagtanggap ng mga serbisyo maliban sa ilang bahagi ng mga serbisyong medikal, edukasyon, welfare services at iba pa. Para sa mga bilingin na pagkain at inumin (hindi angkop ang alak/alcohol at pag kumain sa kainan o restoran) ang buwis na ipapataw ay 8% (mas mababang rate ng buwis)

(2) Buwis para sa sasakyan (ayon sa klase ng sasakyan) prefecture tax

Ipinapataw ang buwis base sa pag-aari ng sasakyan sa Abril 1 at ipinapadala ang Tax Payment Notice mula sa Prefectural Automobile Taxation Office sa buwan ng Mayo.

(3) Light Motor Vehicle Tax (ayon sa klase ng sasakyan) Municipal Tax

Ipinapataw ang buwis base sa pag-aari ng sasakyan o motorsiklo na may engine displacement na 660cc o mas mababa sa Abril 1 at ipinapadala ang Tax Payment Notice mula sa Prefectural Automobile Taxation Office sa buwan ng Mayo.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Tungkol sa pambansang buwis (buwis sa kita)

Pangalan ng Tax Office	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap
Kawagoe Tax Office	049-235-9411	452-2 Namiki, Oaza, Kawagoe-shi	8:30 – 17:00, Lunes hanggang
Kumagaya Tax Office	048-521-2905	41 Naka-cho, Kumagaya-shi	Biyernes
Kawaguchi Tax Office	048-252-5141	2-2-17 Aoki, Kawaguchi-shi	(maliban sa piyesta opisyal,

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Nishi-Kawaguchi Tax Office	048-253-4061	4-6-18 Nishi-Kawaguchi, Kawaguchi-shi	katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Urawa Tax Office	048-600-5400	Bldg. No.1, Saitama-Shintoshin Government Office Complex 1-1 Shintoshin, Chuo-ku, Saitama-shi	
Omiya Tax Office	048-641-4945	3-184 Dote-cho,Omiya-ku,Saitama-shi	
Gyoda Tax Office	048-556-2121	17-15 Sakae-cho, Gyoda-shi	
Chichibu Tax Office	0494-22-4433	1-2-41 Hinoda-machi, Chichibu-shi	
Tokorozawa Tax Office	04-2993-9111	1-7 Namiki, Tokorozawa-shi	
Honjo Tax Office	0495-22-2111	2-25-16 Ekinan, Honjo-shi	
Higashi-Matsuyama Tax Office	0493-22-0990	1-8-14 Yakyu-cho, Higashi-Matsuyama-shi	
Kasukabe Tax Office	048-733-2111	2-12-1 Onuma, Kasukabe-shi	
Ageo Tax Office	048-770-1800	577 Oaza Nishimonzen, Ageo-shi	
Koshigaya Tax Office	048-965-8111	5-7-47 Akayama-cho, Koshigaya-shi	
Asaka Tax Office	048-467-2211	1-1-46 Honcho, Asaka-shi	

Tungkol sa buwis ng prepektura

Pangalan ng Prefectural Tax Office	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap
Saitama Prefectural Tax Office	048-822-5131	5-6-5 Kita-Urawa,Urawa-ku, Saitama-shi	8:30 – 17:15, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Kawaguchi Prefectural Tax Office	048-252-3571	2-13-1 Nishi-Aoki, Kawaguchi-shi	
Ageo Prefectural Tax Office	048-772-7111	i 239-1 Minami, Oaza, Ageo-shi	
Asaka Prefectural Tax Office	048-463-1671	1-3-1 Mihara, Asaka-shi	
Kawagoe Prefectural Tax Office	049-242-1801	1-17-17 Arajuku-machi, Kawagoe-shi	
Tokorozawa Prefectural Tax Office	04-2995-2112	1-8-1 Namiki, Tokorozawa-shi	
Hanno Prefectural Tax Office	042-973-5612	353 Namiyanagi, Hanno-shi	
Higashi-Matsuyama Prefectural Tax Office	0493-23-8946	5-1 Rokken-cho, Higashi-Matsuyama-shi	
Chichibu Prefectural Tax Office	0494-23-2110	29-20 Higashi-machi, Chichibu-shi	
Honjo Prefectural Tax Office	0495-22-6153	1-4-6 Asahi-cho, Honjo-shi	
Kumagaya Prefectural Tax Office	048-523-2809	3-9-1 Suehiro, Kumagaya-shi	
Gyoda Prefectural Tax Office	048-556-5067	2-20 Honmaru, Gyoda-shi	
Kasukabe Prefectural Tax Office	048-737-2110	1-76 Onuma, Kasukabe-shi	
Koshigaya Prefectural Tax Office	048-962-2191	4-2-82 Koshigaya, Koshigaya-shi	

Tungkol sa buwis para sa sasakyan

Pangalan ng Automobile Tax Office	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap
Saitama Prefectural Automobile Tax Office	Pagkalkula ng buwis: 048-658-0226 Pagbayad ng buwis: 048-641-2222	3-8-3 Shimo-cho Omiya-ku, Saitama-shi	8:30 – 17:15, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Automobile Tax Call Center	0570-012-229		
Omiya Branch, Saitama Prefectural Automobile Tax Office	048-623-0600	2152 Nakakugi, Nishi-ku, Saitama-shi	


Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Kumagaya Branch, Saitama Prefectural Automobile Tax Office	048-532-8011	701-5 Miizu-gahara, Kumagaya-shi	
Tokorozawa Branch, Saitama Prefectural Automobile Tax Office	04-2998-1321	690-1 Ushinuma, Tokorozawa-shi	
Kasukabe Branch, Saitama Prefectural Automobile Tax Office	048-763-4111	752-5 Mashito, Kasukabe-shi	

Tungkol sa Residence Tax, Light Automobile Tax (Municipal Tax)

Sumangguni sa tanggapan ng munisipyo o Ward Office (tingnan ang listahan sa Kabanata 13).

Kabanata 9 Trabaho / Kondisyon sa pagtrabaho



Kobaton, ang mascot ng Saitama

1 Kuwalipikasyon sa pagtrabaho

2 Pagtrabaho

3 Pag-aalala sanhi ng problema sa pinagtatrabahuhan

1 Kuwalipikasyon sa pagtrabaho

Ang mga dayuhang maaaring magtrabaho sa Japan ay ang mga nabigyan lamang ng permiso o visa na magtrabaho sa bansa. Ang lahat ng visa (maliban sa Permanent Resident, Spouse or Child of a Japanese National, Spouse or Child of a Permanent Resident at Long-Term Resident) ay may kanya-kanyang limitasyon pagdating sa lawak ng trabaho na maaaring gawin. Bilang patakaran, hindi maaaring magtrabaho ang dayuhan kapag ang ipinagkaloob na visa o residence status ay pumapailalim sa Cultural Activities, Temporary Visitor, Overseas Studies, Training, Family Visit, Designated Activities (subalit, magkaiba depende sa nilalaman ng designation).

Kung nais gumawa ng part-time work ang dayuhang may residence status na “Overseas Studies”, “Family Visit” at iba pa, kailangang kumuha muna ng permiso para gumawa ng mga aktibidad sa labas ng ipinagkaloob na visa sa tanggapan ng nakatalagang Regional Immigration Bureau sa inyong lugar at iba pang kaugnay na tanggapan.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan ng institusyon	Telepono	Paraan ng pagpunta	Oras ng pagtanggap	Wika
Tokyo Immigration Bureau	0570—0342 59 (IP、PH S、Overseas) : 03—57 96-7234)	5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo Mula sa JR Shinagawa Station Konan Exit, sumakay ng Toei Bus “Shinagawa Futo Junkan” at bumaba sa “Tokyo Nyukoku Kanrikyoku-mae bus stop.	9:00 – 16:00, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)	Nihongo, English

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Pangalan ng institusyon	Telepono	Paraan ng pagpunta	Oras ng pagtanggap	Wika
Tokyo Immigration Bureau Saitama Branch Office	048-851-9671	1st Floor Saitama 2 nd Legal Affairs Government Office Complex, 5-12-1 Shimo-ochiai, Chuo-ku, Saitama-shi, Saitama Prefecture 10 minutong lakad mula sa Yono-Honmachi Station ng JR Saikyo Line	9:00 – 16:00, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)	Nihongo lamang

2 Pagtrabaho

(1) Public Employment Security Office (Hello Work)

Ipinagkakaloob sa mga tanggapan ng Employment Security Office (Hello Work) ang iba't-ibang serbisyo para sa mga dayuhang residente ng Saitama na may naaangkop na visa para magtrabaho. Isinasagawa dito ang konsultasyon sa trabaho, job placements, pagproseso ng unemployment insurance benefits at pagpapakilala sa mga pampublikong training programs. Kung naghahanap ng trabaho, sumagguni sa pinakamalapit na tanggapan ng Employment Security Office para gawin ang nararapat na aplikasyon.

(2) Employment Insurance System

Ang Employment Insurance System ay nagbibigay ng malawakang suporta upang mapanatiling matatag ang kabuhayan at trabaho ng mga manggagawa. Sa ilalim ng sistemang ito, tinutulungan ang mga manggagawang nawalan ng trabaho upang makatanggap ng unemployment benefits pati pagbigay ng suporta sa paghahanap ng panibagong trabaho (may mga kondisyon na itinakda sa pagtanggap ng benepisyo.)



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Public Employment Security Offices

Pangalan ng tanggapan	Telepono	Foreign Employment Service Corner Bukas maliban sa pista opisyal, bagong taon at pagtatapos ng taon	Address
Urawa Public Employment Security Office	048-832-2461	Biyernes: English, Spanish, Portuguese	5-8-40 Tokiwa, Urawa-ku Saitama-shi
Omiya Public Employment Security Office	048-667-8609	Miyerkules: Chinese Biyernes: English, Portuguese	1-525 Onari-machi, Omiya-ku, Saitama-shi
Kawaguchi Public Employment Security Office	048-251-2901	Lunes, Martes: English, Spanish Miyerkules: Spanish, Portuguese, Chinese Huwebes: English, Portuguese Biyernes: English, Spanish, Portuguese	3-2-7 Aoki, Kawaguchi-shi
Kumagaya Public Employment Security Office	048-522-5656	Martes, Huwebes: English, Spanish, Portuguese	5-6-2 Hakoda, Kumagaya-shi
Kumagaya Public Employment Security Office, Honjo Field Office	0495-22-2448	Lunes, Miyerkules, Biyernes: Portuguese	2-5-1 Chuo, Honjo-shi

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Pangalan ng tanggapan	Telepono	Foreign Employment Service Corner Bukas maliban sa pista opisyal, bagong taon at pagtatapos ng taon	Address
Kawagoe Public Employment Security Office	049-242-0197	Lunes: Spanish, Portuguese Huwebes: English, Spanish, Portuguese	1 F Kawagoe Godo Chosa, 1-19-8 Toyodahon, Kawagoe-shi
Kawagoe Public Employment Security Office, Higashi-Matsuyama Field Office	0493-22-0240		1088-4 Kaminomoto, Higashi-Matsuyama-shi
Tokorozawa Public Employment Security Office	04-2992-8609		1-2F Tokorozawa Godo Chosa, 6-1-3 Namiki, Tokorozawa-shi
Tokorozawa Public Employment Security Office, Hanno Field Office	042-974-2345		1F Hanno Joint Government Bldg. 94-15 Namiyanagi, Hanno-shi
Kasukabe Public Employment Security Office	048-736-7611	Lunes: English, Portuguese Huwebes: Spanish	61-3 Shimo-Omasu-Shinden, Kasukabe-shi
Gyoda Public Employment Security Office	048-556-3151		943 Nagano, Gyoda-shi
Chichibu Public Employment Security Office	0494-22-3215		1002-1 Shimo-Kagemori, Chichibu-shi
Soka Public Employment Security Office	048-931-6111	Miyerkules: English, Portuguese Huwebes: Chinese	4-10-7 Benten, Soka-shi
Asaka Public Employment Security Office	048-463-2233	Biyernes: English	1-1-37 Hon-cho, Asaka-shi
Koshigaya Public Employment Security Office	048-969-8609	Martes: English, Portuguese	1-5-6 Higashi-Koshigaya, Koshigaya-shi

*Bukas ang employment service corner para sa mga dayuhan --

- Urawa, Omiya, Kumagaya, Soka, Koshigaya, Kawaguchi : 10:00-12:00, 13:00-15:30

- Honjo, Kasukabe, Asaka : 10:00-12:00, 13:00-15:15

- Kawagoe : 10:00-12:00, 13:00-15:45

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Iba pang mga tanggapan para sa konsultasyon

Pangalan ng tanggapan	Mga nasasakop	Telepono	Address	Wika	Oras ng pagtanggap (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon)
Saitama Work Center Hello work corner https://hwus.jp/	Kahit ano ang edad o kasarian	048-826-5601	3rd Floor Lamza Tower, 1-10-1 Numakage, Minami-ku, Saitama-shi	Nihongo	Lunes – Biyernes 10:00 - 19:00 Sabado: 10:00 - 17:00 *Magkaiba ang araw, oras depende sa serbisyo. Pakitingnan ang website para sa mga detalye.
Youth Independence Support Center (YISC), Saitama http://www.yisc-saitama.com/	May edad mula 15 taong gulang hanggang 49 taong gulang, mga kabataang walang trabaho at kanilang tagapag-alaga/ guardian o kamag-anak	048-255-8680	3F Kawaguchi Wakamono Yume Work Building , 3-2-2 Kawaguchi, Kawaguchi-shi	Nihongo	Lunes – Sabado 9:00 ~ 17:00
Saitama Prefecture Women's Career Center https://www.pref.saitama.lg.jp/swcc/	Mga babae	048-601-5810	4F Hotel Brillante Musashino, 2-2 Shin-toshin, Chuo-ku, Saitama-shi	Nihongo	Lunes – Sabado 9:30 – 17:30 Sarado tuwing ikatlong Huwebes ng bawat buwan
		(Consultation Hotline) 048-601-1023			Lunes – Biyernes 10:00 – 16:30 (Break: 11:30 – 12:30) Sarado tuwing ikatlong Huwebes ng bawat buwan
Tokyo Employment Service Center for Foreigners https://jsite.mhlw.go.jp/tokyo-foreigner/	Mga dayuhang mag-aaral na nais magtrabaho sa Japan, at mga dayuhang may visa kung saan maaaring magtrabaho sa mga specialized / technical fields (tulad ng “Engineering”, “Specialist in Humanities / International Services”, “Skilled Labor” at iba pa)	0570-011000	1-6-1 Yotsuya Comore Yotsuya Yotsuya Tower 13 th F Nishi-Shinjuku, Shinjuku-ku, Tokyo	Nihongo English, Chinese (Kung kailangan ng tagasalin, ipaalaman ng maaga)	Lunes - Biyernes 9:00 - 17:00

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Pangalan ng tanggapan	Mga nasasakop	Telepono	Address	Wika	Oras ng pagtanggap (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon)
Shinjuku Employment Support and Guidance Center for Foreigners	Mga dayuhang mag-aaral na nais gumawa ng part-time job at mga dayuhang may visa kung saan maaaring magtrabaho nang walang limitasyon o pagbabawal tulad ng Spouse of Japanese National, Permanent Resident at iba pa	03-3204-8609	1F Hello Work Shinjuku (Kabuki-cho Chosa) 2-42-10 Kabukicho, Shinjuku-ku, Tokyo	Nihongo, English, Chinese	Lunes - Biyernes 8:30 - 17:15
Saitama Center for Go- Global Students (GGS) http://www.ggsaitama.jp/	Mga dayuhang nais pumasok sa isang regular o part-time job sa Japan, mga dayuhang mag-aaral na nag-aaral sa Graduate School, kolehiyo, Junior College at iba pa sa loob ng Japan	048-833-2995	3F Urawa Godou Chosa (sa loob ng Saitama International Association) 5-6-5 Kitaurawa, Urawa-ku, Saitama-shi	Nihongo	Lunes - Biyernes 8:30 - 17:15

(3) Mag-ingat sa part-time jobs na maaring kasangkot sa krimen

Mag-ingat sa mga kahina-hinalang alok para sa part-time jobs na parang napakadaling gawin at pagkakitaan, tulad ng mga nagmumula sa kagaya ng SNS o internet, mga alok galing sa mga kakilala na nangangako nang mabilis na kita sa “pag-withdraw lamang ng pera” o di kaya’y “pagtanggap lamang ng package” at iba pang mga paraan ng panloloko sa kapwa.

Ang mga nabanggit ay posibleng pakana ng mga kriminal tulad ng:

- Ilegal na paggamit sa bank account ng ibang tao at paglipat ng laman nito sa ibang bank account na inihanda, at pagpapagawa ng withdrawal sa isang “third party”.
- Ilegal na paggamit ng ID o password ng ibang tao sa panlilinlang ng mga produkto sa Internet at pagtanggap ng mga bagay na nabili.

Kaya, kailangang mag-ingat nang husto para maiwasang masangkot sa mga nabanggit na ilegal na gawain.

- Ang pagsagawa ng paglilipat ng bank account (passbook o cash card) sa iyong pangalan
 - Pagbigay ng mobile phone (na maaaring gamitin sa pagtawag) na nasa sariling pangalan sa ibang tao.
- Ang nabanggit na mga gawain ay itinuturing na krimen sa ilalim ng batas, kaya siguraduhing iwasan ang paggawa nito.

3 Pag-aalala sanhi ng problema sa pook ng trabaho

Upang maiwasan ang anumang problemang maaaring mangyari pagkatapos mag-umpisa sa trabaho, siguruhing ipagawa sa kasulatan ang mga kondisyon sa pagtrabaho sa oras ng paggawa ng kontrata. Sang-ayon sa Labor Standards Law, obligado ang employer na ipagkaloob sa kasulatan ang sumusunod na mga bagay:

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

- ① Impormasyon ukol sa panahon o tagal ng kontrata
- ② Pamantayang ginagamit sa pagbabago o renewal ng fixed-term contract
- ③ Pook ng trabaho at mga tungkuling dapat gawin
- ④ Detalye ukol sa oras ng umpisa at pagtatapos ng trabaho, pagkakaroon ng overtime, oras ng pahinga, bakasyon at iba pa.
- ⑤ Detalye ukol sa sahod, paraan ng pagkalkula at pagbayad, at iba pa
- ⑥ Mga bagay kaugnay sa pagretiro o pag-alis sa trabaho (kalakip ang dahilan sa pagkatanggal)

(1) Labor Standards Inspection Office

Ang Labor Standards Inspection Office ay isang pambansang institusyon na nangangasiwa at nagbibigay ng gabay upang siguruhin na naipapatupad ang tamang standards sa pook ng trabaho tulad ng sahod, oras ng trabaho, kondisyon sa loob ng trabaho, pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sang-ayon sa Industrial Safety & Health Law at iba pa.

Bukod pa rito, ipinagkakaloob din ang Worker's Compensation Benefits kapag ang manggagawa ay napinsala sa oras ng trabaho.

• Worker's Compensation Benefits

Kapag ang manggagawa ay nasugatan, nagkasakit, naimbalido o namatay sanhi ng paggawa ng trabaho o sa pag-commute sa trabaho, ipagkakaloob ang naaangkop na mga benepisyo tulad ng suporta sa pagpapagamot, pagbayad sa panahong hindi nakapasok sa trabaho, benepisyo para pagiging imbalido, benepisyo para sa pamilyang naiwanan ng manggagawang namatay at iba pang suporta sa ilalim ng Workmen's Accident Compensation Insurance Law.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Labor Bureau

Pangalan ng Labor Bureau	Telepono	Consultation counter sa iba't-ibang wika	Address
Foreign Worker's Consultation Corner, Labor Standards Inspection Division, Saitama Labor Bureau	048-600-6204 (Nihongo) 048-816-3596 (English) 048-816-3597 (Chinese) 048-816-3598 (Vietnamese)	Martes ~ Biyernes : English Lunes ~ Huwebes : Chinese Lunes/Martes/Huwebes/Biyernes : Vietnamese Oras : 9:00 ~ 12:00 13:00 ~ 16:30	15F Land Axis Tower, 11-2 Shintoshin, Chuo-ku, Saitama-shi

Labor Standards Inspection Office

Pangalan ng Labor Standards Inspection Office	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap
Saitama Labor Standards Inspection Office	048-600-4801	14F Land Axis Tower 11-2 Shin-toshin, Chuo-ku, Saitama-shi	Lunes hanggang Biyernes 8:30 – 17:15 (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng
Kawaguchi Labor Standards Inspection Office	048-252-3773	2-10-2 Kawaguchi, Kawaguchi-shi	

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Kamagaya Labor Standards Inspection Office	048-533-3611	5-95 Beppu, Kumagaya-shi	taon at umpisa ng bagong taon)
Kawagoe Labor Standards Inspection Office	049-242-0891	2F Kawagoe Godo Chosa 1-19-8 Toyodahon, Kawagoe-shi	
Kasukabe Labor Standards Inspection Office	048-735-5226	3-10-13 Minami, Kasukabe-shi	
Tokorozawa Labor Standards Inspection Office	04-2995-2555	3F Tokorozawa Godo Chosa 6-1-3 Namiki, Tokorozawa-shi	
Gyoda Labor Standards Inspection Office	048-556-4195	2-6-14 Sakura-cho, Gyoda-shi	
Chichibu Labor Standards Inspection Office	0494-22-3725	23-24 Kamimiyaji-machi, Chichibu-shi	

(2) General Employment Consultation Corners

Ang opisina ng Saitama Labor Bureau ay nagtatag ng “General Employment Consultation Corners” sa 9 na lokasyon sa loob ng prepektura, kabilang ang pagtalakay tungkol sa kalagayan sa lugar ng trabaho, pagkakaroon ng pantay na pagkakataon sa trabaho at iba pang konsultasyon ukol sa trabaho. Hinihikayat na kumunsulta sa consultation counters ang mga manggagawang dumaranas ng problema sa lugar ng trabaho, tulad ng pang-aapi, pagkatanggal sa trabaho, pagbawas sa sahod at iba pang mga suliranin.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

General Employment Consultation Corner	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap (Maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Saitama Labor Bureau General Employment Consultation Corner	048-600-6262	16F Land Axis Tower 11-2 Shin-toshin, Chuo-ku, Saitama-shi	Lunes – Biyernes 9:00 – 17:00
Saitama City General Employment Consultation Corner	048-614-9977	14F Land Axis Tower, 11-2 Shin-toshin, Chuo-ku, Saitama-shi (sa loob ng Saitama Labor Standards Inspection Office)	Lunes – Biyernes 9:00 – 16:30
Kawaguchi General Employment Consultation Corner	048-498-6648	2-10-2 Kawaguchi, Kawaguchi-shi (sa loob ng Kawaguchi Labor Standards Inspection Office)	
Kumagaya General Employment Consultation Corner	048-533-3611	5-95 Oaza-Beppu, Kumagaya-shi (sa loob ng Kumagaya Labor Standards Inspection Office)	
Kawagoe General Employment Consultation Corner	049-210-9334	Kawagoe Regional Government Office Complex, 1-19-8 Toyodahon, Kawagoe-shi (sa loob ng Kawagoe Labor Standards Inspection Office)	
Kasukabe General Employment Consultation Corner	048-614-9968	3-10-13 Minami, Kasukabe-shi (sa loob ng Kasukabe Labor Standards Inspection Office)	

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Tokorozawa General Employment Consultation Corner	04-2003-69 67	Tokorozawa Regional Government Office Complex, 6-1-3 Namiki, Tokorozawa-shi (sa loob ng Tokorozawa Labor Standards Inspection Office)	
Gyoda General Employment Consultation Corner	048-556-41 95	2-6-14 Sakura-cho, Gyoda-shi (sa loob ng Gyoda Labor Standards Inspection Office)	
Chichibu General Employment Consultation Corner	0494-22-37 25	23-24 Kamimiyaji-machi, Chichibu-shi (sa loob ng Chichibu Labor Standards Inspection Office)	

(3) Iba pang mga consultation counters



Para sa mga katanungan / konsultasyon


Pangalan	Telepono	Address	Wika	Oras ng konsultasyon (Maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Saitama Prefectural Labor Consultation Center https://www.pref.saitama.lg.jp/a0809/rodo/rodosodan/index.html	048-830-4522	1F Saitama Prefectural Building No. 2, 3-15-1 Takasago, Urawa-ku, Saitama-shi	Wikang Hapon	○Telepono (Lunes – Biyernes) 9:00 – 16:30 ○Pagpunta sa pasilidad (Lunes – Biyernes) 9:00 – 16:00
Saitama Prefectural Labor Relations Commission https://www.pref.saitama.lg.jp/shigoto/rodo/rodo/index.html	048-830-6452 048-830-6465 *Pamamagitan: may mga eksperto na tutulong sa iyo sa pakikipag-usap sa kumpanya	4F Prefectural Office Building No. 3, 3-15-1, Takasago, Urawa-ku, Saitama-shi	Wikang Hapon	Lunes - Biyernes 8:30 – 17:15
General Labor Consultation Center, Saitama Labor and Social Security Lawyers' Association https://www.saitamakai.or.jp/	048-826- 4860	7F Asahi Seimei Urawa Building, 1-1-1 Takasago, Urawa-ku, Saitama-shi	Wikang Hapon	Miyekules (kailangang magpareserba) 10:00 - 16:00 (Pagkunsulta ng personal)

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

<p>Pangkalahatang konsultasyon para sa mga dayuhan (Saitama International Association) https://sia1.jp/foreign/advice/</p>	<p>048-833-3296 *Kapag nasa pampublikong tanggapan (tulad ng munisipyo at iba pa) at nahihirapang makipag-usap dahil hindi nakakaintindi ng wikang Hapon, maaaring makiusap sa kawani na tawagan ang numerong nasa itaas upang maikonekta sa isang Interpreter.</p>	<p>3F Saitama Prefecture Urawa Godo chosa, 5-6-5 Kita-Urawa, Urawa-ku, Saitama-shi (sa loob ng Saitama International Association)</p>	<p>Nihongo English Chinese Spanish Portuguese Korean, North Korean Tagalog Thai Vietnamese Indonesian Nepali Russian Ukraine (kailangang magpareserba)</p>	<p>Lunes – Biyernes 9:00 - 16:00 *Kailangang magpareserba kung kukunsulta ng personal ukol sa sistema ng imigrasyon, sa batas, mga problema sa trabaho o tungkol sa welfare Sa wikang Russian 10:00~16:00</p>
--	---	---	--	--

Kabanata 10

Pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho ng sasakyan



Kobaton, mascot ng Saitama

- 1 Pagpapalit sa lisensiyang gawa sa ibang bansa
- 2 Pagbabago sa lisensiya sa pagmamaneho
- 3 Pagsusuri para sa pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho
- 4 Pamamaraan kapag lampas na sa validity date ang lisensiya sa pagmamaneho
- 5 Mga pamamaraan na dapat gawin sa oras ng pagpalit ng tirahan at iba pa
- 6 Pagbili at pagrehistro ng sasakyan
- 7 Seguro para sa sasakyan

Kailangang magkaroon ng Japanese Driver's License kung nais magmaneho ng sasakyan sa Japan. Kung may hawak na lisensiya mula sa ibang bansa, maaari ito palitan ng Japanese Driver's License. Bago matanggap ito, kailangang gawin muna at ipasa ang gagawing screening process. Subalit, maaaring magmaneho ng sasakyan kung may hawak na lisensiya mula sa isang bansang kasapi ng Geneva Convention o lisensiya ng pagmamaneho (na may kalakip na pagsasalin sa wikang Hapon) mula sa mga bansang itinakda sa ilalim ng pambansang ordinansa ng Japan (Switzerland, Germany, France, Belgium, Monaco, Taiwan). Sa kasong ito, maaaring gawin ang pagmamaneho ng mga sasakyang itinakda sa loob ng lisensiya hanggang isang taon mula sa petsa ng pagdating sa Japan. Bagama't isang taon ang ipinagkakaloob, kailangang tandaan na dapat balido pa o nasa loob ng validity period ang hawak na lisensiyang gawa sa ibang bansa.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan ng institusyon	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap Lunes – Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Saitama Prefectural Police Drivers' Licensing Center	048-543-2001 Telepono / FAX Guidance : 048-541-1234	405-4 Konosu, Konosu-shi Paraan ng pagpunta: Sa bus stop No. 3 sa Konosu Station ng Takasaki Line, sumakay sa bus patungo sa "Menkyo Center" at bumaba sa huling bus stop.	<u>Oras ng konsulta bago magpalit ng lisensiya mula sa ibang bansa ng:</u> 9:30 - 10:00 / 14:00 - 14:30 <u>Oras ng pagtanggap para sa pagpalit sa lisensiya at screening (para lamang sa mga nakatapos ng konsulta bago mag palit ng lisensiya):</u> 13:00 - 13:45

1 Pagpapalit sa lisensiyang gawa sa ibang bansa

Ang balidong lisensiyang ipinagkaloob sa ibang bansa ay maaaring palitan ng Japanese Driver's License kapag ang may ari nito ay tumira sa bansang nabanggit sa kabuuan ng 3 buwan o higit pa mula ng ipagkaloob ang lisensiya. Maaaring gawin ang aplikasyon sa Saitama Prefectural Police Driver's Licensing Center. Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa paggawa ng aplikasyon:

- Pasaporte
- Residence Card o Special Permanent Resident Card at iba pa
- Juminhyo o Residence Certificate, na naglalaman ng lahat ng detalye (maliban sa Individual Number)
- Linsensiyang ipinagkaloob sa ibang bansa
- Pagsasalin sa wikang Hapon ng lisensiyang gawa sa ibang bansa mula sa sariling embahada o sa isang korporasyong itinalaga ng National Public Safety Commission (isang kumpanya) Japan Automobile Federation (JAF), Zipplus (Co., Ltd.)) o sa Japan Automobile Federation (JAF).
- Larawan (3.0cm×2.4 cm), 2 piraso
- Halagang ibabayad para sa application fee

Bukod sa mga nabanggit, maaaring hilingin ang iba pang mga dokumento, kaya bago gawin ang aplikasyon ay kailangang sumangguni muna sa consultation office ng tanggapan nangangasiwa sa pagpapalit ng lisensiyang gawa sa ibang bansa, sa loob ng Saitama Prefectural Police Driver's Licensing Center. (Hindi mabibigyan ng permiso na makapag-apply sa pagpapalit ng lisensya kung ang mga papeles ay hindi naipa-check sa consultation office)

2 Pagbabago sa lisensiya sa pagmamaneho

Ang lisensiya ay may balidong panahon hanggang tatlo o limang taon depende sa edad ng nagmamaneho, driving history at nilalaman ng mga paglabag sa trapiko. Nakasulat ang mga balidong panahon sa loob ng lisensiya.

Kailangang baguhin ang lisensiya sa loob ng itinalagang panahon ng pag-renew (simula sa isang buwan bago sumapit ang iyong kaarawan, o bago mag expire ang iyong lisensya hanggang sa expiration date ng lisensya). Ang impormasyon ukol sa pook, oras ng pagtanggap, halaga ng application fee at iba pang detalye ay nakasulat sa notis na ipapadala sa koreo sa pagsapit ng renewal period ng lisensiyang ginagamit.

Kung sakaling hindi natanggap ang notis na nabanggit sa renewal period ng lisensiya, kailangang sumangguni sa tanggapan ng Licensing Center. Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa pagbabago ng lisensiya:

- Lisensiyang ginagamit sa kasalukuyan
- Dokumentong na nagpapatunay sa iyong katayuan ng paninirahan (Residence Card, Espesyal na Permanenteng Residenteng Sertipiko, isang kopya ng iyong Resident

Record na walang nakatalang indibidwal na numero, o pasaporte.

- Halagang ibabayad para sa application fee

3 Pagsusuri para sa pagkuha ng lisensiya sa pagmamaneho

- (1) Pook ng pagsusuri: Saitama Prefectural Police Department Drivers' Licensing Center
- (2) Oras ng aplikasyon: mula 8:30 hanggang 9:15 ng umaga, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
- (3) Mga kinakailangang dokumento at iba pa (magkaiba, depende sa uri ng lisensiyang ginagawan ng aplikasyon) :
 - Residence Card o Special Permanent Resident Certificate at iba pa
 - Juminhyo o Residence Certificate, na naglalaman ng lahat ng detalye (maliban sa Individual Number)
 - Larawan (3.0cmx2.4 cm), 2 - 3 piraso
 - Halagang ibabayad para sa application fee

*May pagsusuri sa wikang Ingles at Portuguese para sa regular na sasakyan, 2-wheel vehicles, mopeds at temporary learner's license.

4 Pamamaraan kapag lampas na sa validity date ang lisensiya sa pagmamaneho

Kapag nakaligtaang gawin ang pagbabago sa lisensiya bago sumapit ang expiration date nito, kailangang gawin uli ang proseso sa pagkuha ng panibagong lisensiya. Pero, sa pagkuha ng pagsusuri sa takdang panahon pagkatapos mag-expire ng lisensiya, maaaring mabigyan ng exemption at suporta para sa ilang bahagi ng pagsusuri tulad ng theory at practical test.

(Hanggang sa panahong maipagkaloob ang panibagong lisensiya, hindi maaaring magmaneho ng sasakyan.)

Ang mga pamamaraan ay isinasagawa sa Saitama Prefectural Police Drivers' Licensing Center.

(1) Kapag walang balidong dahilan sa hindi paggawa ng renewal sa lisensiya (nakalimutang gawin, kaya hindi naisagawa)

- (a) Kapag wala pang anim na buwan ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang lisensiya: Maaaring mabigyan ng exemption sa theory at practical test para makakuha ng lisensiya, pero hindi maaaring ipagpatuloy ang dating driving history sa bagong lisensiya.
- (b) Kapag humigit sa anim na buwan pero wala pang isang taon ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang hawak na regular, medium, semi-medium at large vehicle license: Maaaring mabigyan ng exemption sa theory at practical test para makakuha ng learner's license. Para sa iba pang uri ng lisensiya (large special vehicle at 2-wheel vehicle na walang learner's license), walang mga hakbang o suporta na ipinagkaloob.

(2) Kapag hindi naisagawa ang renewal dahil sa hindi mapigilang pangyayari (naospital, nasa ibang bansa at iba pa)

- (a) Kapag wala pang anim na buwan ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang lisensiya: Maaaring mabigyan ng exemption sa theory at practical test para makakuha ng lisensiya. Sa kasong ito, maaaring ipagpatuloy ang dating driving history sa bagong lisensiya.
- (b) Kapag humigit sa anim na buwan pero wala pang tatlong taon ang nakalipas mula nang mawalan ng bisa ang lisensiya: Maaring ipagkaloob ang panibagong lisensiya kapag ginawa ang aplikasyon sa loob ng isang buwan pagkaraan ng di maiwasang dahilan o pangyayari. Maaari ding mabigyan ng exemption sa theory at practical test at maipagpatuloy ang dating driving history sa bagong lisensiya.

(3) Mga kinakailangang dokumento at iba pa

- (a) Oras ng pagsusuri
13:00 – 13:45, Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
- (b) Kinakailangang dokumento
 - ① Lisensiyang naimbalido
 - ② Residence Card o Special Permanent Resident Certificate at iba pa
 - ③ Juminhyo o Residence Certificate, na naglalaman ng lahat ng detalye (maliban sa Individual Number)
 - ④ Larawan (3.0cm×2.4 cm), 1 piraso (3 piraso para sa mga kukuha ng aplikasyon ng learner's license)
 - ⑤ Postcard para sa "Renewal Notification" (maaaring mag-apply kahit wala ito)
 - ⑥ Kung may dahilan sa hindi paggawa ng renewal ng lisensiya, kailangang isumite ang dokumentong maaaring magpatunay sa dahilan at panahon ng pangyayari (medical certificate, pasaporte at iba pa)
 - ⑦ Halagang ibabayad para sa application fee

5 Mga pamamaraan na dapat gawin sa oras ng pagpalit ng tirahan at iba pa

Sa pagpalit ng tirahan at pangalan, kailangang gawin ang pagbabago sa address at iba na nakasulat sa loob ng lisensiya. Kailangang gawin sa lalong madaling panahon ang nabanggit na proseso sa pinakamalapit na himpilan ng pulisya (maliban sa Konosu Police Station) o sa pinakamalapit na Drivers' Licensing Center. Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento para sa aplikasyon:

- Lisensiya sa pagmamaneho
- Dokumentong naglalaman ng sariling pangalan, kung saan nakasulat ang kasalukuyang tirahan (Residence Certificate, Tax Notice, notisya para sa singil ng tubig, telepono at iba pa)
- Dokumentong maaaring magpatunay sa iyong katayuan ng paninirahan (Residence Card, Espesyal na Permanenteng Residenteng Sertipiko, isang kopya ng iyong Resident Record na walang nakatalang indibidwal na numero o pasaporte)

※. Kung gusto mong baguhin ang iyong permanenteng tirahan, pangalan, o petsa ng

kapanganakan, mangyaring magsumite ng kopya ng iyong resident card na nagpapakita ng iyong nasyonalidad, katayuan ng paninirahan, at dahil nakalagay na din ang panahon ng pananatili isang kopya ng iyong Resident Record na walang nakatalang indibidwal na numero.

6 Pagbili at pagrehistro ng sasakyan

Sa oras ng pagbili o pagtapon ng sasakyan o kapag binago ang pangalan o tirahan, depende sa uri ng sasakyan ay kailangang iparehistro ang mga bagay na nabanggit sa sumusunod na mga tanggapan.

Uri ng sasakyan	Pook ng rehistrasyon
Regular o karaniwang sasakyan at motorsiklong higit sa 125cc	Kanto District Transport Bureau - Saitama Transport Branch o sa bawat tanggapan ng Vehicle Inspection & Registration Office
Maliliit na sasakyan (660cc at pababa)	Light Motor Vehicle Inspection Organization - Saitama Branch Office o sa iba pang sangay na tanggapan
Motorized bike (125cc at pababa)	Sa tanggapan ng Taxation Division ng bawat munisipalidad

Kinakailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa oras ng pagbili o pagpaparehistro ng regular na sasakyan (sa kaso na kagaya ng sa pagpapabago sa pangalan ng may-ari)

- Transfer Certificate (na may rehistradong seal ng dating may-ari ng sasakyan)
- Stampa (registered seal) ng bago at dating may-ari ng sasakyan o Power of Attorney (kapag ang aplikasyon ay gagawin ng isang kahalili o proxy)
- Seal Registration Certificate ng bago at dating may-ari ng sasakyan (na gawa sa loob ng nakaraang tatlong buwan)
- Vehicle Parking Space Certificate (na gawa sa loob ng 40 araw)
- * Hindi kailangan kung pareho ng address ng bago at dating may-ari ng sasakyan.
- Vehicle Inspection Certificate (kailangang balido ang takda)

*Sa pagpapalit ng license plate number ng inyong sasakyan, dalhin ang sasakyan at mga papeles o dokumentong nakasaad sa itaas.

*Kung ang nakalagay na address, pangalan at iba pa, bilang nagmamay-ari ng sasakyan sa car inspection certificate ay iba sa nakalagay sa seal certificate, kailangang magpakita ng pagpapakilanlan o iba pang dokumento ng pagpapatunay kagaya ng resident card.

*Kung lumipat ng tirahan (bagong addresss) kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento :

- Residence Certificate o Juminhyo (na gawa sa loob ng nakaraang tatlong buwan)
- *Dokumentong maaaring magpatunay sa koneksiyon o kaugnayan ng address na nakasulat sa Vehicle Inspection Certificate hanggang sa kasalukuyang tirahan.
- Vehicle Parking Space verification (na gawa sa loob ng 40 araw)
- Seal o stampa (kahit hindi rehistrado) ng may-ari ng sasakyan o letter of power of attorney (kung magpapa-apply sa isang proxy)

※ Kung ang may-ari at ang gumagamit ay magkaiba, ang bawat isa ay kinakailangan.

- Vehicle Inspection Certificate

*Kailangang dalhin ang sasakyan sa pagpa-palit ng numero ng sasakyan.

* Sumangguni sa sumusunod na mga tanggapan para sa detalye:



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan ng institusyon	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap
Kanto District Transport Bureau - Saitama Transport Branch	050-5540-2026	2154-2, Nakakugi, Nishi-ku, Saitama-shi	8:45 - 11:45 / 13:00 - 16:00 Lunes - Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Kumagaya Automobile Inspection & Registration Office	050-5540-2027	701-4, Miizugahara, Kumagaya-shi	
Tokorozawa Automobile Inspection & Registration Office	050-5540-2029	688-1, Ushinuma, Tokorozawa-shi	
Kasukabe Automobile Inspection & Registration Office	050-5540-2028	723-1, Mashito, Kasukabe-shi	

Website ng Saitama Transport Branch Office:

http://www.tb.mlit.go.jp/kanto/s_saitama/index.html

Kailangang ihanda ang sumusunod na mga dokumento sa pagrehistro ng Light Vehicle:

- Residence Certificate ng bagong may-ari ng sasakyan (na gawa sa loob ng nakaraang tatlong buwan)
- Vehicle Inspection Certificate
- Application request form (kung nag-a-apply sa pamamagitan ng proxy)

※Kung nagpabago ng plate number kailangang ipakita ang licensed plate number certificate.

※Sumangguni sa sumusunod na mga tanggapan para sa detalye:



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan ng institusyon	Telepono	Address	Oras ng pagtanggap
Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office	050-3816-3110	505 -1, Hirakata-ryoryoke, Ageo-shi	8:45 – 11:45 / 13:00 – 16:00 Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)
Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office - Tokorozawa Branch Office	050-3816-3111	360-3, Kita-nagai, Miyoshi-machi	
Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office - Kumagaya Branch Office	050-3816-3112	960-2, Niibori, Aza Kitahara, Kumagaya-shi	

Gabay sa pamumuhay ng mga dayuhan, Saitama Prefecture

Light Motor Vehicle Inspection Organization, Saitama Office - Kasukabe Branch Office	050-3816-3113	115-1, Higashi-Kouchi, Shimoomashi-Shinden, Kasukabe-shi	
--	---------------	--	--

Sumangguni sa tanggapan ng sariling munisipalidad ukol sa pagbili o pagrehistro ng motorized bike (125cc at pababa).

7 Seguro para sa sasakyan

Bilang paghahanda sa hindi inaasahang mga pangyayari, tulad ng mga aksidente sa sasakyan at kabayaran para sa pinsala, bukod sa compulsory insurance na kailangang pasukan, hinihikayat din ang pagkuha ng iba pang insurance plans.

(1) Compulsory Insurance

Ang compulsory liability Insurance (jibaiseki hoken) ay isang uri ng seguro na kailangang pasukan kapag bibili ng sasakyan o sa pagbabago ng inspection certificate ng gamit ng sasakyan. Maaaring gawin ang aplikasyon sa pinagbilihan ng sasakyan, sa ahensiya ng car insurance, sa mga car dealerships, o sa mga talyer ng sasakyan.

(2) Private Insurance


Sa paggamit ng private insurance, magkakaroon ng garantiya o proteksiyon sa pagkapinsala ng iyong sasakyan, sa pag-aaring gamit ng ibang tao o, iba pang pinsala dala ng aksidente, na hindi nasasakop ng compulsory insurance. Maaaring gawin ang aplikasyon sa mga private insurance agencies.



Para sa mga katanungan / konsultasyon

Pangalan ng institusyon	Telepono	Oras ng pagtanggap
General Insurance Association of Japan, General Insurance Counseling and ADR Center	Navi-Dial (may bayad): 0570-022808 IP phone: 03-4332-5241	Oras : 9:15 – 17:00 Lunes hanggang Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, at mga araw ng Dec.30 ~Jan.4) *Ang konsultasyon ay sa Nihongo lamang *Hindi maaaring gawin ang aplikasyon para sa car insurance sa konsultasyong ito. Kung nais mag-apply, kumunsulta sa tanggapan ng mga non-life insurance companies. Link para sa consultation counters ng non-life insurance companies: https://www.sonpo.or.jp/about/efforts/adr/index.html

Kabanata 11
Impormasyon ukol
sa pamumuhay



Kobaton, ang mascot ng Saitama

- 1 Pagtapon ng mga basura
- 2 Community Association / Residents' Association / Children's Club
- 3 Mga nakagawiang pamumuhay sa Japan
- 4 Transportasyon
- 5 Bangko
- 6 Mga gawain kaugnay sa pakikipag-ugnayan / pakikipagtulungan sa iba't-ibang lahi o bansa
- 7 Turismo
- 8 Library
- 9 Museum (art)
- 10 Museum (maliban sa art)

Sa pamamagitan ng data broadcasting ng TV Saitama (digital terrestrial broadcasting sa Channel 3), maaaring panoorin ang mga impormasyong ipinagkakaloob ng Saitama Consultation Center sa anim ng wika (wikang Hapon, Ingles, Intsik, Koreano, Portuguese, Espanyol).

1 Pagtapon ng mga basura

Ang pagkulekta ng mga basura mula sa mga tahanan ay pinangangasiwaan ng bawat munisipalidad. Ang araw ng pagkulekta ay magkaiba at ibinubukod ang mga ito sang-ayon sa uri, tulad ng mga basurang sinusunog at hindi sinusunog, lata at bote, mga bagay na maaaring i-recycle at iba pa. Sa loob ng mga **malalaking basura at mga bagay na mahirap itapon***, may kaso na kung saan kailangang bayaran ang pagkulekta at may mga bagay din na hindi maaaring kulektahin. Depende sa munisipalidad ay magkaiba ang araw ng pagkulekta, paraan ng pag-uuri o pagbubukod, supot ng basura na paglalagyan ng basura, paraan ng pagtapon at tapunan ng mga basura, kaya kailangang sundin ang mga patakarang itinakda sa pagtapon ng mga basura. Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng Sanitation Division sa sariling munisipalidad.

Ang refrigerator, aircon, TV, washing machine ay hindi maaaring itapon kabilang sa mga malalaking basura. Kailangang sumangguni sa manufacturer o retail stores upang ipakulekta (may bayad) ang nabanggit na mga bagay.

*Ang **malalaking basura at mga bagay na mahirap itapon** ay kinabibilangan ng mga kasangkapan o furnitures, beddings, mga kasangkapang de-kuryente, mga gamit sa kusina, kagamitan sa tahanan at iba pa na lumampas sa itinakdang sukat (Halimbawa: aparador, mesa, upuan, futon, alpombra, bisikleta, video cassette recorders, heaters, gas stove, golf equipment at iba pa.) Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng Sanitation Division sa sariling munisipalidad.

2 Community Association / Residents' Association / Children's Club

Sa bawat pook ay may samahan ng mga residente o Neighborhood Association na nangangasiwa sa mga gawain sa lokalidad upang bigyang-daan ang pagtutulungan at matiwasay na samahan sa pagitan ng mga residente. Bagama't boluntaryo ang pagsali, hinihikayat ang lahat na sumali at makiisa upang mapalago at mapabuti ang samahan sa loob ng komunidad. May ipinamamahaging "kairanban" o information bulletin na naglalaman ng impormasyon ukol sa mga pagdiriwang sa lokalidad, mga recreational activities at iba pang mga libangan. Pagkatapos basahin ang mga nilalaman ay ipasa agad ito sa mga kapitbahay.

Sa karamihan sa mga Resident's Association o Neighborhood Association, may nakatalagang Children's Club na kinasasakupan ng mga kabataang nasa Elementary School, kung saan isinasagawa ang iba't-ibang mga gawain tulad ng pagsali sa mga pagdiriwang sa loob ng komunidad, radio calisthenics, mga sports activities, school excursions at iba pa.

Iba't-iba ang membership fee bawat buwan depende sa pinasukang Neighborhood Association. Para sa mga detalye, magtanong sa mga kapitbahay o sa tanggapan ng munisipyong kinabibilangan.

3 Mga nakagawiang pamumuhay sa Japan

(1) Pamumuhay sa loob ng tahanan

Sa pasukan: Bago pumasok sa loob ng isang tahanan sa Japan ay kailangang dumaan sa "genkan", ang bahagi ng pasukan na pinababa ng isang hakbang mula sa sahig ng tahanan upang maiwasang pumasok ang dumi o alikabok sa loob ng silid. Sa pagpasok sa loob ng tahanan, kailangang tanggalin muna ang sapatos at iwanan ito sa genkan. Maaaring isuot ang room slippers kung may nakahanda.

Tatami: Ang "tatami" (planta mats) ay isang flooring material na karaniwang ginagamit sa Japanese-style na tahanan. Kailangang tanggalin ang room slippers kapag papasok sa isang silid na may tatami flooring.

Futon: Ang "futon" ay isang Japanese-style bedding na inilalatag sa ibabaw ng tatami flooring tuwing matutulog sa gabi at nililigpit paggising sa umaga. Dahil mataas ang humidity sa Japan, hangga't maaari ay itabi ang futon sa itaas na lagayan sa pagligpit nito upang mabawasan ang pagkapit ng halumigmig o moisture. Kapag mabuti ang panahon, makakatulong sa kalinisan at pagpapahaba sa serbisyo ng futon at mga kumot kung ilalabas ang mga ito para maarawan.

Furo: Kailangang linisin at banlawang mabuti ang katawan bago pumasok sa "furo" o Japanese bathtub. Pagkatapos magbabad, siguruhing may natitirang tubig para sa ibang gagamit nito bago lumabas. Siguruhing nakasapak nang husto ang stopper sa ilalim ng bathtub para

maiwasan ang pag-agos ng tubig sa labas.

Kubeta: May nakalaang tsinelas na maaaring gamitin lamang sa loob ng kubeta na bukod sa room slippers na ginagamit sa loob ng tahanan. Gamitin ang tsinelas na ito sa pagpasok sa kubeta kung may nakalaan. May dalawang uri ng kubeta sa Japan, ang Japanese-style (squat-type) at western-style (may upuan).

(2) Pagbibigay ng regalo

Nakagawiang magbigay ng regalo sa Japan para sa sumusunod na mga okasyon:

- Kapag lilipat sa bagong tirahan, nakagawiang magbigay ng konting regalo sa mga nakatira sa katabing kuwarto o bahay (tulad ng tuwalya at iba pa).
- Kapag bibisita sa tahanan ng kakilala, karaniwang dinadala ang konting pagkain tulad ng snacks, prutas at iba pa.
- Sa pagbiyahe sa isang lugar para sa bakasyon o business trip, karaniwang bumibili ng pasalubong tulad ng mga snacks sa pook na pinuntahan para ibigay sa mga kasama sa trabaho sa oras ng pag-uwi.

(3) Mga pagdiriwang at seremonya

Seremonya: Nakaugalian sa Japan ang pagbigay ng regalo o pera sa kasal ng isang kaibigan, sa oras ng panganganak, pagpasok sa paaralan at iba pa. Kung magbibigay ng pera, kailangang ilagay ito sa loob ng isang sobre (shugibukuro) na maaaring bilhin sa tindanan. Karaniwan ay inilalagay ang bagong papel na pera (maaaring magpapalit sa bangko) sa loob ng sobrong ibibigay.

Kasal: Ang kasal sa Japan ay karaniwang ginagawa sa mga simbahan, hotel, templo at iba pa. Karamihan sa mga kasal ngayon ay isinasagawa sa kombinasyon ng Japanese at western-style na seremonya. Ang karaniwang suot para sa mga lalaki ay itim na suits, puting shirts at puting kurbata at kimono o formal dress sa mga babae.

Punerarya: Kapag namatay ang isang kaibigan, kailangang dumalo sa paglalamay o funeral service ng taong pumanaw. Ang paglalamay ay karaniwang ginagawa sa gabi bago gawin ang funeral ceremony sa sunod na araw. Sa pagdalo sa lamay o funeral ceremony, kailangang ialay ang "kouden bukuro" na isang sobre na naglalaman ng pera (hind maaaring gamitin ang bagong papel na pera) para sa ala-ala ng taong namatay. Pagktapos nito ay kailangang isulat ang pangalan sa loob ng registration book. Ang karaniwang suot ng mga lalaki ay itim na suits, puting shirts at itim na kurbata at formal dress na kulay itim para sa mga babae. Bagama't hindi maaaring magsuot ng anumang alahas o accessories, maaaring magsuot ng necklace na perlas.

(4) Pagbigay ng tip

Hindi nakaugalian ang pagbigay ng tip sa Japan. Ang service fee ay nakadagdag na sa singil para sa serbisyong tinanggap mula sa mga mamahaling restaurant, hotel, banquet halls at iba pa

4 Transportasyon

(1) Tren

May iba't-ibang paraan sa pagbayad ng pasahe sa pagsakay sa tren. Magkaiba ang pasahe para sa bata at mayor de edad (adults). Bilang patakaran, ang “mayor de edad” ay mula 12 taong-gulang at pataas at ang “bata” naman ay mula 6 hanggang 11 taong-gulang. Ang mag-aaral ng Elementary School na nasa 12 taong-gulang ay nasasakop sa kategoryang “bata”. Libre ang pagsakay hanggang dalawang bata na wala pang 6 taong-gulang na may kasamang bata o mayor de edad. Ang pangatlong bata na wala pang 6 taong-gulang ay kailangang magbayad ng pasahe para sa “bata”. Ang mga sanggol na 0 taong gulang ay libre.

Regular na ticket: Ito ang karaniwang ticket na nabibili sa ticket vending machine sa estasyon ng tren.

Commuter Pass: Ang “teiki-ken” ay isang card na maaaring gamitin nang ilang beses sa loob ng itinakdang ruta. May 1-Month Pass, 3-Month Pass at iba pa na maaaring pagpilian. Nakaimprinta ang pangalan ng gagamit sa loob ng commuter pass. Hindi ito maaaring gamitin ng ibang tao. Kailangang ipakita ang pagpapatunay o dokumento mula sa paaralan kung gagamit ng commuter pass sa pagpasok sa paaralan. Sumangguni sa kawani ng estasyon ng tren upang alamin ang paraan ng pagbili.

Multiple-trip Tickets: Maaaring bumili ng 11 hanggang 14 tickets (kaisu-ken) para sa itinakdang ruta sa halaga ng 10 tickets. Bukod sa bumili nito, maaaring gamitin ng iba ang ganitong uri ng ticket. May itinakdang expiration date sa paggamit ng kaisu-ken. Maaari itong bilhin sa ticket vending machines o ticket window na nasa loob ng mga estasyon ng tren.

Suica at PASMO:

Ang Suica at PASMO ay mga IC card na ginagamit sa tren at bus na maaaring idaan sa touch pad ng automatic ticket gate. Ang Suica ay ibinibenta ng JR East at ang PASMO naman ay ibinibenta ng mga pribadong kompanya ng tren, mga kompanya ng bus at subway trains. Maaaring gamitin ang Suica sa mga private railways, subway at bus at ang PASMO ay maaaring gamitin sa JR (Japan Railways). Maaaring gawin ang pag-charge (paglagay ng pera) sa card upang patuloy na magamit kapag malapit nang maubos ang balanse. Sa unang pagbili ng card, may kinakaltas na deposito sa halagang 500 yen. Maaaring makuha uli ang halagang ito sa oras na isauli ang card.

Ang sumusunod ay ang tatlong uri ng Suica at PASMO:

- **Commuter Pass:** Ito ay isang registered-type card, na kombinasyon ng commuter pass at prepaid card. Ang personal na impormasyon ay nakarehistro at kapag nawala ito ay maaaring gawan uli ng panibago (may bayad). May commuter pass din para sa mga bata.
- **Registered Prepaid Card:** Ang personal na impormasyon ay nakarehistro at kapag

nawala ito ay maaaring gawan uli ng panibago (may bayad). May commuter pass din para sa mga bata.

- Non-Registered Prepaid Card: Walang personal na impormasyon na nakarehistro at kapag nawala ito ay hindi maaaring gawan uli ng panibago.

*May kaso na kung saan ang pasahe ay naiiba sa regular na ticket at iba pa. Para sa mga detalye, sumangguni sa isang kawani ng estasyon ng tren.

(2) Bus

